ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • PEBRERO 2016

Liahona



Nakilala Nila Siya—Paano Mo Rin Ito Magagawa, p. 14

Paghanap, Pagdadala, at Pagtuturo ng Family History, p. 22

Walong Paraan para Makayanan ang Pagtalikod ng Isang Miyembro ng Pamilya sa Simbahan, p. 28

Matapos Mag-asawang Muli: Paano Naging Isa ang Dalawang Pamilya, p. 36

"Nalalaman mo na ba ang kahulugan ng punungkahoy na nakita ng iyong ama?
"At tinugon ko siya, sinasabing: Oo, ito ang pag-ibig ng Diyos, na laganap sa mga puso ng mga anak ng tao; anupa't ito ang pinakakanais-nais sa lahat ng bagay."

1 Nephi 11:21–22

Liahona, Pebrero 2016

4

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ligtas na Paglapag sa Kabila ng Unos**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Ang Kasal ay Inorden ng Diyos**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

14 **Kumapit nang Mahigpit sa Gabay na Bakal**
Ni Elder Daniel L. Johnson
May apat na grupo sa landas patungo sa punungkahoy ng buhay. Saang grupo mo gustong mapabilang?

18 **Ang Mahimalang Aklat ni Mormon**
Ni John A. Sorenson
Lalo mong pahahalagahan ang Aklat ni Mormon kapag naunawaan mo ang mga hamong hinarap ni Mormon sa paglikha nito.

22 **Ang Galak sa Paggawa ng Family History**
Ni Elder Quentin L. Cook
Pinangangalagaan natin ang ating banal na tadhana sa paguuna sa ating pamilya at sa paggawa ng family history.

28 **Kapag Tumalikod ang Isang Anak sa Simbahan**
Ni Robin Zenger Baker
Masakit kapag tumalikod ang isang miyembro ng pamilya sa Simbahan. Makakatulong ang mga ideyang ito.

32 **Pagdaraos ng Isang Mainam na Pangkatang Talakayan**
Ni Dustin West
Maaari ninyong gawing mga konsiyerto ng pag-aaral ang mga talakayan tungkol sa ebanghelyo sa paggamit ng mga alituntuning ito.

36 **Muling Pag-aasawa: Isang Pakikipagsapalaran sa Pagpapasensya at Pagmamahal**
Ni Heidi Eljarbø Morrell Andersen

MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2015**

10 **Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo: Pagpapatawad sa Dati Kong Asawa**
Hindi ibinigay ang pangalan

12 **Mga Pagmumuni: Ang Aral ng Puno ng Santol**
Ni Irene Taniegra

13 **Paglilingkod sa Simbahan: Pinili Nating Maglingkod**
Ni Irmgard Meissner

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Tunay na Kadakilaan**
Ni Pangulong Howard W. Hunter

SA PABALAT
Harap: Paglalarawan ni Joseph Brickey. Panloob na pabalat sa harap: Larawang kuha ni Kevron2001/iStock/Thinkstock. Panloob na pabalat sa likod: Larawang kuha ni Cody Bell.

MGA YOUNG ADULT

50

44 **Ano ang Maituturo sa Atin ng Aklat ni Mormon tungkol sa Kaligayahan?**
Ni Hank R. Smith
May malilinaw na tuntunin na maaari nating sundan para makasumpong ng tunay na kaligayahan.

50 **Bakit Mahalagang Maka-graduate sa Institute**
Ni Matthew Porter Wilcox
Ang apat na bagong cornerstone class ay makakatulong sa mga young adult na palalimin ang kanilang pananampalataya.

65

MGA KABATAAN

52 **Poster: Taasan ang Ambisyon**

53 **Lalago ang Iyong Pananampalataya**
Ni Elder Neil L. Andersen

54 **Ang Aking Recovery Room**
Ni Sara N. Hall
Ang pinakamahirap na taon sa buhay ko ay naging pinakamagandang taon sa buhay ko.

56 **Ang Kinabukasan Mo: Kahanga-hanga ang Disenyo**
Masisimulan mong lumikha ng matagumpay na kinabukasan ngayon!

60 **Tulong sa Pamamagitan ng Espiritu Santo**
Ni Elder Chi Hong (Sam) Wong
Agad minarkahan ng mali ng propesor ang sagot ng bawat estudyante, pero tama ang sagot ko, salamat sa tulong ng Espiritu Santo.

62 **Mga Tanong at mga Sagot**
Iniisip ng ilan sa mga kaibigan ko na pagsasayang ng oras ang pagsisimba. Paano ko maipapakita sa kanila na maaari itong maging malaking pagpapala?

64 **Mga Sagot mula sa mga Lider ng Simbahan: Paano Makasumpong ng Kagalakan**
Ni Elder Dallin H. Oaks

65 **Ang Muntik Ko nang Palagpasing Karanasan Bilang Missionary**
Ni Anne Laleska

Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ilabas ang mga kagamitan ninyo sa pagkakarpintero.

MGA BATA

72

66 **Sagot Mula sa Isang Apostol: Paano ko magagawang espesyal ang araw ng Linggo?**
Ni Pangulong Russell M. Nelson

67 **Musika: Kung Makikinig nang Taos**
Ni Sally DeFord

68 **Mga Batang Naninindigan: Pagbabahagi ng mga Pamantayan**
Ni Hilary Watkins Lemon

70 **Yaman ng Patotoo**
Ni Leonardo Rodrigues
Nalaman ni Sabrina na lumalago ang kanyang yaman ng patotoo kapag ibinabahagi niya ito.

72 **Mga Banal na Kasulatan mula sa Luma at Bagong Daigdig**
Itugma ang mga banal na kasulatan mula sa Aklat ni Mormon sa mga propeta sa buong mundo.

74 **Bayani sa Aklat ni Mormon: Si Enos ay Madasalin**

75 **Kaya Kong Basahin ang Aklat ni Mormon**

76 **Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon: Tinawid ng Pamilya ni Nephi ang Karagatan**

79 **Pahinang Kukulayan: Espesyal ang Ating Pamilya**

PEBRERO 2016 TOMO 19 BLG. 2
LIAHONA 13282 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Joseph W. Sitati
Assistant Editors: James B. Martino, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Craig A. Cardon, Cheryl A. Esplin, Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Megan VerHoef
Writing at Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jill Hacking, Charlotte Larcabal, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst
Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada: February 2016 Vol. 19 No. 2. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.

"Ang Galak sa Paggawa ng Family History," pahina 22: Inanyayahan tayo ni Elder Cook na simulan ang gawain sa family history sa pagdaraos ng isang "Family Tree Gathering." Para sa inyong family home evening, isiping gamitin ang FamilySearch.org para magtala ng impormasyon, mga kuwento, at mga retrato ng inyong pamilya. Nangako si Elder Cook na "kung maglalampas kayo ng tingin sa buhay na ito at sa mortalidad at tutulungan ninyo ang mga taong hindi matulungan ang kanilang sarili, pagpapalain kayo ng higit na pagkakalapit at kagalakan sa inyong pamilya at ng banal na proteksyon na ibinibigay sa mga taong tapat na naglilingkod sa Kanya."

"Yaman ng Patotoo," pahina 70: Nang matanto ni Sabrina na ang kanyang patotoo ay isang yaman, gusto niyang ibahagi ito sa lahat. Isiping tulungan ang inyong pamilya na kilalanin ang sarili nilang "mga yaman ng patotoo" sa pagtalakay kung bakit nila mahal ang ebanghelyo ni Jesucristo, ano ang ipinadarama nito sa kanila, o paano ito naaangkop sa buhay nila araw-araw. Maaari ninyong ipatala sa bawat tao ang kanyang mga sagot sa mga tanong na ito sa pagsulat sa mga ito o sa paggamit ng audio recorder. Isiping papiliin ang bawat isa ng isang taong mababahaginan nila ng kanilang yaman ng patotoo sa linggong ito.

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org**.**

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *14, 18, 43, 44, 60, 70, 72, 74, 75, 76*
Banal na Kasulatan, mga, *10, 14, 18, 72*
Espiritu Santo, *32, 60, 65*
Family history, *22*
Galak, Kagalakan, *22, 44, 64*
Gawaing misyonero, *13, 40, 41, 42, 65, 68, 70*
Gawain sa templo, *13, 22, 28, 44, 54*
Halimbawa, *62, 68, 80*
Institute, *50*
Jesucristo, *4, 10, 12, 14*
Kasal, pag-aasawa, *7, 36*
Pag-aaral ng banal na kasulatan, *10, 14, 54*
Pag-asa, *28, 54*
Paghahanda, *56*
Paghihirap, *4, 10, 12, 28, 54*
Paglilingkod, *13, 66, 68, 80*
Pagmamahal, pag-ibig, *10, 36*
Pagsamba, *62, 66*
Pagsunod, *12, 44, 64, 68*
Pagtuturo, *32*
Pamilya, mag-anak, *7, 22, 36, 41, 44, 66, 79*
Panalangin, *28, 54, 74*
Pananampalataya, *4, 12, 28, 41, 54, 64*
Pasensya, *12, 36*
Patotoo, *40, 43, 70*
Sabbath, *62, 66*
Trabaho, gawain, *44, 56*
Word of Wisdom, *68*

Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

LIGTAS NA PAGLAPAG
SA KABILA NG UNOS

Hindi pa katagalan, kami ng asawa kong si Harriet ay nasa isang airport at minamasdan ang paglapag ng kagila-gilalas na mga eroplano. Mahangin noong araw na iyon, at malakas ang hagupit ng hangin sa paparating na eroplano, kaya bawat isa ay lumilihis at nanginginig habang lumalapag ito.

Habang minamasdan namin ang labanang ito ng kalikasan at ng eroplano, naalala ko ang sarili kong training sa pagpapalipad ng eroplano at ang mga alituntuning natutuhan ko roon—at kalaunan ay itinuro ko sa iba pang mga piloto sa training.

"Huwag ninyong labanan ang mga kontrol kapag may unos," sabi ko noon sa kanila. "Manatiling mahinahon; huwag kayong masindak. Ituon ang inyong mga mata sa gitnang linya ng runway. Kung malihis kayo sa gusto ninyong paglapagan, agad ninyo itong itama nang buong ingat. Magtiwala sa kakayahan ng inyong eroplano. Ituloy lang ninyo ang paglipad hanggang sa malampasan ninyo ang unos."

Nauunawaan ng mga bihasang piloto na hindi nila laging makokontrol ang mga bagay na nangyayari sa paligid nila. Hindi nila basta mapapatigil ang unos. Hindi nila mapaglalaho ang ulan o niyebe. Hindi nila mapapatigil ang ihip ng hangin o mababago ang direksyon nito.

Ngunit nauunawaan din nila na maling matakot sa unos o malalakas na hangin—at lalo na ang maparalisa nito. Ang paraan para ligtas na makalapag kapag mapanganib ang sitwasyon ay manatili sa tamang daanan ng eroplano hangga't maaari.

Habang minamasdan ko ang paglapag ng bawat eroplano at magunita kong muli ang mga alituntuning natutuhan ko bilang piloto, inisip ko kung wala bang matututuhan dito para sa buhay natin araw-araw.

Hindi natin laging makokontrol ang mga bagyong humahadlang sa landas ng ating buhay. Kung minsa'y hindi talaga umaayon sa gusto natin ang mga bagay-bagay. Maaari tayong mayanig at matangay ng malakas na hangin ng kabiguan, pagdududa, takot, kalungkutan, o pagkabalisa.

Sa mga sandaling iyon, madaling matuon sa lahat ng bagay na mali at masentro ang ating isipan sa ating mga problema. Ang tukso ay ang magtuon sa mga pagsubok na kinakaharap natin sa halip na sa Tagapagligtas at sa ating patotoo tungkol sa katotohanan.

Ngunit hindi iyan ang pinakamabisang paraan para harapin ang ating mga hamon sa buhay.

Tulad ng isang bihasang piloto na hindi nakatuon sa bagyo kundi sa gitna ng runway at sa tamang paglalapagan, dapat din tayong manatiling nakatuon sa sentro ng ating pananampalataya—ang ating Tagapagligtas, ang Kanyang ebanghelyo, at ang plano ng ating Ama sa Langit—at sa ating pinakamimithi—ang makabalik nang ligtas sa ating patutunguhan sa langit. Dapat tayong magtiwala sa Diyos at ituon ang ating mga pagsisikap na

manatili sa landas ng pagkadisipulo. Dapat nating ituon ang ating mga mata, puso, at isipan sa pamumuhay sa paraang alam nating nararapat.

Ang pagpapakita ng ating pananampalataya at tiwala sa Ama sa Langit sa masayang pagsunod sa Kanyang mga kautusan ay magdudulot sa atin ng kaligayahan at kaluwalhatian. At kung mananatili tayo sa landas, malalampasan natin ang anumang unos—gaano man ito kalakas—at ligtas tayong makakabalik sa ating tahanan sa langit.

Kung ang kalangitan man sa paligid natin ay maaliwalas o puno ng nagbabantang mga ulap, bilang mga disipulo ni Jesucristo, hanapin muna natin ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang kabutihan, batid na kung gagawin natin ito, lahat ng iba pa nating kailangan ay ipagkakaloob kalaunan (tingnan sa Mateo 6:33).

Napakahalagang aral sa buhay!

Kapag lalo nating iniisip ang ating mga paghihirap, pagpupunyagi, at pangamba, lalo lamang magiging mahirap ang mga bagay-bagay. Ngunit habang lalo tayong nakatuon sa ating huling patutunguhan sa langit at sa mga kagalakang dulot ng pagsunod sa landas ng pagkadisipulo—pagmamahal sa Diyos, paglilingkod sa ating kapwa—malamang na mas matagumpay nating malalampasan ang mga kaguluhan at unos.

Mahal na mga kaibigan, gaano man kalakas ang mga hagupit ng hangin sa ating buhay sa mundo, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay laging magaalok ng pinakamainam na landas tungo sa ligtas na paglapag sa kaharian ng ating Ama sa Langit. ■

TURO MULA SA MENSAHENG ITO

Pinayuhan tayo ni Pangulong Uchtdorf na "magtiwala sa Diyos at ituon ang ating mga pagsisikap na manatili sa landas ng pagkadisipulo." Isiping itanong sa mga tinuturuan ninyo kung paano sila nananatiling nakatuon "sa ating huling patutunguhan sa langit at sa mga kagalakang dulot ng pagsunod sa landas ng pagkadisipulo" kapag nahaharap sila sa mga pagsubok. Maaari ninyo silang anyayahang mag-isip ng mga paraan na makapagtutuon sila sa kanilang patotoo at kay Cristo sa mahihirap na sandali at mapanalanging magpasiya kung paano magagamit ang isa o mahigit pa sa mga ideyang iyon sa kanilang buhay.

IMAHE © ISTOCK/THINKSTOCK

Pundasyon para sa Aking Patotoo

Ni Jennifer Weaver

Noong 16 anyos ako, isang kaibigan ang nagpunta sa bahay namin kasama ang mga missionary. Sa loob ng isang buwan ng unang talakayan, lahat ng tanong ko ay nasagot nang malinaw. Nadama ko na pinatototohanan ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga mensahe tungkol sa Panunumbalik. Hindi ko pa ito nadama noon, at alam ko na lahat ng ito ay totoo.

Gayunman, mas marami akong naranasang pagtanggi at oposisyon kaysa rati. Nadama kong nag-iisa ako, pagod, at nalilito. Kung tama ang ginagawa ko, bakit marami akong nararanasang paghihirap? Hindi ko maunawaan kung paano naging para sa ikabubuti ko ang aking mga pagsubok. Tinuruan ako ng mga missionary na mag-ayuno at manalangin, kahit sa kalagitnaan ng araw ng pasukan sa paaralan. Kapag hindi ko na makayanan ang mga bagay-bagay ibinubuhos ko ang nilalaman ng aking puso at agad kong nadarama ang kapanatagang hatid ng Espiritu.

Ang linggo ng binyag ko ay puno ng mga pagsubok. Binantaan ako ng boss ko na tatanggalin ako sa trabaho kung hindi ko palilipasin ang binyag ko para pumalit sa isang kasamahan sa trabaho, at bandang huli ay naospital ako dahil may mga bato ako sa kidney, at pinalayas ako ng mga magulang ko sa bahay namin. Dahil sa napakaraming bagay na hindi ko makontrol, ang tanging nagawa ko ay bumaling sa Panginoon.

Bawat isa sa mga pagsubok na iyon *ay talagang* lumabas na para sa aking ikabubuti. Tinulungan ako ng mga ito na matutuhan ang mga doktrina ng ebanghelyo, na nagbigay sa akin ng pundasyon para sa aking patotoo.

Ang awtor ay naninirahan sa Idaho, USA.

MGA BATA

Gagabayan Niya Tayo Pauwi

Kapag sinunod natin ang halimbawa ni Jesucristo, para iyong pagsunod sa isang tuwid na landas patungo sa Kanya! Maaari tayong maging ligtas at masaya, tulad ng eroplano na ligtas na lumalapag sa runway. Gabayan ang eroplano sa maze pabalik sa runway!

DETALYE MULA SA *PAGTUKLAS SA DIYOS*, NI JULIE ROGERS; PAGLALARAWAN NI STEVE KROPP

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at hangaring malaman kung ano ang ibabahagi. Paano mapag-iibayo ng pag-unawa sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" ang inyong pananampalataya sa Diyos at pagpapalain ang mga pinangangalagaan ninyo sa pamamagitan ng visiting teaching? Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa reliefsociety.lds.org.

Ang Kasal ay Inorden ng Diyos

Ang mga propeta, apostol, at lider ay patuloy na "taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha."[1]

Sabi ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang pamilyang binuo ng isang lalaki at isang babaeng ikinasal ang pinakaakmang kalagayan upang magtagumpay ang plano ng Diyos. . . .

". . . Hindi natin mababago ni ng sinumang iba pang tao ang banal na orden na ito ng kasal."[2]

Sabi ni Bonnie L. Oscarson, Young Women general president: "Lahat ng tao, anuman ang sitwasyon nilang mag-asawa o ilan man ang anak nila, ay maaaring maging tagapagtanggol ng plano ng Panginoon na inilarawan sa pahayag tungkol sa pamilya. Kung iyon ang plano ng Panginoon, dapat iyon din ang plano natin!"[3]

Pagpapatuloy pa ni Elder Christofferson: "Ang ilan sa inyo ay hindi pinagpalang makapag-asawa sa ilang kadahilanan tulad ng kawalan ng mapupusuan, pagkaakit sa

kaparehong kasarian, mga kapansanan sa katawan o pag-iisip, o dahil lang sa takot na mabigo. . . . O maaaring nakapag-asawa kayo, ngunit nagwakas ang pagsasama. . . . Ang ilan sa inyo na may-asawa ay hindi magkaanak. . . .

"Gayon pa man, . . . lahat ay makakatulong sa pagpapahayag ng banal na plano sa bawat henerasyon."[4]

Isipin Ito

Paano ako patuloy na nagsisikap bilang indibidwal na "lumapit kay Cristo"?

Karagdagang mga Banal na Kasulatan

Genesis 2:18–24;
I Mga Taga Corinto 11:11;
Dokrina at mga Tipan 49:15–17

MGA TALA

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Nob. 2010, 129).
2. D. Todd Christofferson, "Bakit Dapat Magasawa at Bumuo ng Pamilya," *Liahona,* Mayo 2015, 52.
3. Bonnie L. Oscarson, "Mga Tagapagtanggol ng Pagpapahayag ukol sa Mag-anak," *Liahona,* Mayo 2015, 15.
4. D. Todd Christofferson, "Bakit Dapat Magasawa at Bumuo ng Pamilya," 52.
5. Larry M. Gibson, "Fulfilling Our Eternal Destiny," *Ensign,* Peb. 2015, 21–22.
6. David A. Bednar, "Mahalaga ang Kasal sa Kanyang Walang Hanggang Plano," *Liahona,* Hunyo 2006, 54.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mga Kuwento ng Buhay

Naalala ni Brother Larry M. Gibson, dating unang tagapayo sa Young Men general presidency, nang sabihin ni Shirley, na asawa na niya ngayon, na:

"'Mahal kita dahil alam kong mahal mo ang Panginoon nang higit kaysa akin.' . . .

"Tumimo sa puso ko ang sagot na iyon. . . .

". . . [At] gusto kong lagi niyang madama na mahal ko ang Panginoon nang higit sa lahat."[5]

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Ang Panginoong Jesucristo ang sentro sa tipan ng kasal. . . . [Isipin na] nakaposisyon ang Tagapagligtas sa pinakaitaas ng [isang] tatsulok . . . , na ang babae at lalaki ay nasa magkabilang sulok sa ibaba. Isipin ngayon kung ano ang mangyayari sa pagsasama ng lalaki't babae habang pareho silang unti-unting 'lumalapit kay Cristo' at nagsisikap na maging 'ganap sa Kanya' (Moroni 10:32). Dahil sa at sa pamamagitan ng Manunubos, nagkakalapit ang lalaki't babae sa isa't isa."[6]

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2015

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Habang nirerepaso mo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015, magagamit mo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kang pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

TAMPOK NA DOKTRINA

Paggalang sa Araw ng Sabbath

"Ang paggalang sa araw ng Sabbath ay isang klase ng kabutihan na magpapala at magpapatatag sa mga pamilya, mag-uugnay sa atin sa ating Lumikha, at magpapaibayo ng kaligayahan. Makakatulong ang araw ng Sabbath na maihiwalay tayo sa mga bagay na hindi mahalaga, hindi angkop, o imoral. Tinutulutan tayo nitong manirahan sa mundo ngunit hindi maging makamundo. . . . Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay isang kanlungan mula sa mga unos ng buhay na ito. Tanda rin ito ng ating katapatan sa ating Ama sa Langit."

Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Maayos at Organisadong tulad sa Bristol: Maging Karapat-dapat sa Templo—Madali Man o Mahirap ang Panahon," *Liahona,* Nob. 2015, 41–42.

PANGAKO NG PROPETA

Pinasasalamatan Niya ang Inyong Paglilingkod

"Anumang inyong katungkulan . . . , maaaring may mga pagkakataon na tila pakiramdam ninyo ay hindi na kayo napapansin ng Ama sa Langit. Maaari kayong manalangin upang malaman ang Kanyang kalooban, at kung may tapat kayong hangarin na gawin ang *anumang* ipapagawa Niya sa inyo, makatatanggap kayo ng sagot.

"Papahintulutan kayo ng Ama sa Langit na maramdaman na kilala Niya kayo, na ikinalulugod Niya ang inyong paglilingkod, at kayo ay nagiging karapat-dapat sa pagbati ng Panginoon na sadyang nais ninyong marinig: 'Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin; nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon'" [Mateo 25:23].

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Hindi Ka Nag-iisa sa Gawain," *Liahona,* Nob. 2015, 82.

Para sa mga Miyembrong Walang Asawa

Narito ang sinabi ng tatlong tagapagsalita tungkol sa pagiging walang asawa:

- "Ang ngayon ay *bahagi* ng kawalang-hanggan. Hindi lamang ito nagsisimula pagkamatay natin! Ang pananampalataya at pag-asa ay magbubukas ng inyong mga mata sa kaligayahan na nasa harapan mo ngayon." —Pangulong Dieter F. Uchtdorf, "Isang Tag-init Kasama si Tiya Rose," 19.
- "Ang isa pang masaklap na paghihirap ay kapag wala kayong asawa. Dapat tandaan ng mga nasa ganitong sitwasyon na dinanas din ng ating Tagapagligtas ang ganitong pasakit at na, sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, nagbibigay Siya ng lakas na tiisin ito." —Elder Dallin H. Oaks, "Pinalakas ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo," 63.
- "Magtiyaga. Maghintay sa Panginoon. Pinatototohanan ko na alam ng Panginoon ang inyong mga hangarin at mahal Niya kayo dahil sa inyong tapat na debosyon sa Kanya. May plano siya para sa inyo, sa buhay mang ito o sa kabilang-buhay. Pakinggan ang Kanyang Espiritu. . . . Sa buhay na ito o sa kabilang-buhay, ang Kanyang mga pangako ay matutupad." —Elder Robert D. Hales, "Pagtugon sa mga Hamon ng Mundo Ngayon," 46.

MAGAGANDANG KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA

Ano ang mas umaagaw ng ating pansin kaysa sa isang magandang kuwento? Narito ang dalawa sa maraming kuwentong ibinahagi sa kumperensya:

- Ano ang maituturo sa atin ni Chloe at ng kanyang upuan sa kotse tungkol sa pagmamahal at pagsunod sa mga kautusan? —Tingnan sa Carole M. Stephens, "Kung Ako'y Inyong Iniibig, ay Tutuparin Ninyo ang Aking mga Utos," 118.
- Sa anong mga paraan natin maipapaunawa sa ating mga anak ang ebanghelyo, na tulad ng ama ni Pablo? —Tingnan sa Bradley D. Foster, "Kailanma'y Hindi Masyadong Maaga at Hindi Pa Huli ang Lahat," 50.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bumisita sa conference.lds.org.



PAGTUGON SA MGA PAMANTAYAN NG PANGINOON

"Mga kapatid, si Satanas ay tagumpay na nagpapalaganap ng impluwensya ni Korihor sa ating panahon. . . . Ano ang ilan sa kanyang mga pamamaraan? Mapanuksong mga kuwento ng pag-iibigan, mga teleserye, mga babaeng may-asawa na nakikipagugnayan sa mga dating nobyo sa social media, at pornograpiya. . . . Hindi tayo puwedeng makipaglaro sa mga nag-aapoy na sibat ni Satanas nang hindi napapaso. . . .

"Kapag tayo ay nanonood, nagbabasa, o gumagawa ng anumang bagay na mababa sa mga pamantayan ng ating Ama sa Langit, pinahihina tayo nito. Anuman ang ating edad, kung ang ating nakikita, nababasa, napapakinggan, o napipiling gawin ay hindi akma sa mga pamantayan ng Panginoon na nakasaad sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* isara ito, punitin ito, itapon ito, at huwag pansinin."

Linda S. Reeves, pangalawang tagapayo sa Relief Society general presidency, "Karapatdapat sa mga Pagpapalang Ipinangako sa Atin," *Liahona*, Nob. 2015, 10.

PAGPAPATAWAD SA DATI KONG ASAWA

Hindi ibinigay ang pangalan

Ang pag-aaral sa halimbawa ng pag-ibig at pagpapatawad ni Cristo ay nakatulong sa akin na mawala ang sakit na nadama ko kasunod ng aking diborsyo.

Nang matagpuan ko ang aking sarili sa di-inaasahang kalagayan, ang pagharap sa diborsyo na hindi ko gusto, naranasan ko ang sakit at di-pagtanggap na hindi ko pa nadama kailanman. Ako ay mga 45 anyos na noon, mag-isang tinatapos na itaguyod ang mga anak kong tinedyer, nagtatrabaho nang full-time, at nagbabayad ng sangla. Naguguluhan ako, pagod, at nag-aalala, ngunit karaniwa'y puspos ng pinamatinding pasakit na noon ko lang nadama.

Dahil ang ebanghelyo ang pundasyon ko at nais kong mamuhay nang matwid, alam ko na dapat kong patawarin ang dati kong asawa. Alam ko na mahalagang huwag siyang pintasan sa harap ng mga bata, pero paano ko maaalis ang damdamin ng hindi pagtanggap sa akin na siyang dahilan kaya ko gustong humagulgol sa matinding pagdurusa?

Araw-araw sa aking pagdadalamhati, bumaling ako sa mga banal na kasulatan, na naghahangad ng patnubay ng Espiritu. Masigasig akong nagsaliksik araw at gabi. Kinailangan kong malaman kung ano ang magagawa ko mismo sa di-pamilyar na mga sangandaang ito ng buhay ko para masundan ang halimbawa ng Tagapagligtas, at sundin ang Kanyang panawagang sumunod sa Kanya.

Habang pinag-aaralan ko ang mga banal na kasulatan, isinulat ko ang bawat katangian ni Jesucristo na gusto kong taglayin sa sarili kong buhay. Itinala ko ang mga turo mula sa mga kuwento at talinghaga na ibinahagi Niya noong Kanyang mortal na ministeryo. Napansin ko ang mga bagay na nangusap sa puso ko tungkol sa pagpapatawad. Masigasig kong isinulat sa notebook ko ang mga hirap at pagsubok na dinanas ng Panginoon at kung paano Niya nalampasan ang mga ito.

Sa paglipas ng panahon natanto ko na ang pasakit na Kanyang dinanas ay mas malala pa sa dinanas ko, gayunma'y pinatawad Niya ang mga nanakit sa Kanya. Siya ay isang sakdal na halimbawa. Ang notebook na iyon, na puno ng mga aral mula sa buhay ng Panginoon, ang pinaghugutan ko ng lakas. Ito ang naglig-tas sa akin. Sa pagsunod sa Kanyang halimbawa, nagpasiya akong tiisin ang pagsubok hangga't kaya ko.

PAGPAPATAWAD: ANG DIWA NG EBANGHELYO

"Ang diwa ng pagpapatawad at pagpapakita ng pagmamahal at pagkahabag sa mga taong nagkasala sa atin ang pinakadiwa ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kailangan ng bawat isa sa atin ang diwang ito. Kailangan ito ng buong mundo. Itinuro ito ng Panginoon Siya lamang ang nakapagpakita ng halimbawang ito."

Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), "Of You It Is Required to Forgive," *Ensign,* Hunyo 1991, 2.

Naging handa akong sumulong sa kabila ng aking pasakit.

Naging epektibo ito! Ngayon pagkaraan ng ilang taon, pinagpala akong magkaroon ng mabuting ugnayan sa dati kong asawa. Kahit muli siyang nag-asawa, ang relasyon namin bilang mga magulang ng aming mga anak ay matamis at walang halong pasakit. Sa pagsunod sa halimbawa ni Cristo na huwag siyang pintasan, nadaig ko ang negatibong damdaming masaktan at tanggihan. Kaya kong magmahal!

Napakahalaga ng aral na natutuhan ko sa matinding pagsubok na ito. Nagpapasalamat ako sa sakdal na halimbawa ng Tagapagligtas. Siya ang aking bato at aking pundasyon. At hindi ko kailanman nadarama na nag-iisa ako. Nasa akin ang Kanyang pagmamahal, Kanyang Pagbabayad-sala, Kanyang sakdal na halimbawa, at ang pagmamahal at mga pagpapala ng pinakamamahal na Ama sa Langit. ■

PAANO TAYO MATUTULUNGAN NG PAG-AARAL NG BANAL NA KASULATAN SA MGA ORAS NG PAGSUBOK?

"Kayang panatagin ng banal na kasulatan ang balisang kaluluwa, nagdudulot ito ng kapayapaan, pag-asa, at pagbabalik ng tiwala sa kakayahan ng isang tao na daigin ang mga hamon ng buhay. May malakas na kapangyarihan itong panatagin ang mga nasaktang damdamin kapag mayroong pananampalataya sa Tagapagligtas" (Richard G. Scott, "Ang Bisa ng Banal na Kasulatan," *Liahona,* Nob. 2011, 6).

Isiping gawin ang ginawa ng babaing ito para malampasan ang kanyang pagsubok: pag-aralan ang mga banal na kasulatan para hanapin ang mga katangian ng Tagapagligtas at ng iba pang matatapat na tao. Makakatulong ang kanilang mga halimbawa sa inyong mga hamon o tanong. Kung alam ninyo ang mga paksang gusto ninyong pag-aralan—halimbawa, "Magtiis," "Magpatawad" o "Magpasensya"—ang Gabay sa mga Banal na Kasulatan ay makakapagmungkahi ng ilang talata para makapagsimula ka.

ANG ARAL NG PUNO NG SANTOL

Ni Irene Taniegra

Tayo ay katulad ng bunga ng santol sa gitna ng bagyo.

Noong Hunyo 23, 2009, binagyo ang Pilipinas. Noong hapong iyon, sumailalim ang aming lugar sa babala ng matinding bagyo. Sa maghapon at magdamag, narinig namin na may humahampas nang malakas sa aming bubungan. Nang itanong ng anak ko kung ano iyon, sinabi ko sa kanya na iyon ang aming puno ng santol na hinahagupit ng hangin.

Nanghinayang ako na hindi ko pinitas ang matamis na bunga ng santol kahapon, na tulad ng plano ko. Pero sabi kasi ni Inay hindi pa hinog ang bunga at hayaan ko na lang muna.

Alas-5:00 n.u. lumabas ako para tingnan ang puno, na nangangambang makita na nangahulog na ang lahat ng bunga sa lupa. Hindi ko maaninaw ang puno—madilim pa sa labas—pero may nakita akong apat na maliliit na bunga na nakakalat sa likod-bahay namin.

Makalipas ang isang oras muli kong siniyasat ang puno. Natuwa akong makita na marami pang malalaki at manilaw-nilaw na bungang nakakapit sa mga sanga. Habang pinupulot ko ang mga nahulog, napansin ko na dalawa rito ang may kulay-brown na sira sa ilalim. May itim na batik-batik naman ang isa pa, at ang huli ay iba na ang hugis at may mga butlig.

Inasahan ko na mas malalaki at mabibigat na prutas ang nahulog; doble ang laki ng mga ito kumpara sa mga napulot ko. Pero naroon sila: ligtas pa ring nakabitin sa puno.

Habang iniisip ko ang karanasang ito, naisip ko na tayo ay katulad ng dalawang uri ng bunga ng santol—ang mga nahulog at ang mga nanatiling nakakapit. Mahuhulog din tayo kapag natangay tayo ng malalakas na hangin ng pagsubok sa buhay kung hindi tayo mahigpit na nakakapit sa punungkahoy ng buhay, ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo (tingnan sa 1 Nephi 8:10; 11:8–9, 20–23).

Ang mga bungang nahulog mula sa aming puno ng santol ay mahihina at maysakit, at hindi nakayanan ang hangin. Ang mga nanatiling nakabitin sa puno ay nakaligtas dahil malulusog at malalakas ang mga ito. Kung hindi natin pananatilihing malakas at malusog ang ating espiritu—na natututo mula sa mga banal na kasulatan at mga buhay na propeta, sumusunod sa mga kautusan, naglilingkod sa iba—maaari din tayong mahulog kapag nilusob na tayo ng mga puwersa ng kaaway.

Sa sandaling tumigil ang mga murang bunga sa paghugot ng lakas mula sa puno ng santol, tumigil na sa paghinog ito. Gayon din sa sandaling ihiwalay natin ang ating sarili kay Cristo, ang tunay na puno ng ubas, tumitigil ang ating espirituwal na pag-unlad (tingnan sa Juan 15:1; 1 Nephi 15:15).

Kung minsan kailangan din nating sumabay sa ihip ng hangin. Ang mga pagsubok ay bahagi ng buhay na ito, at ang pagpapakumbaba ay tinutulungan tayong tanggapin ang kalooban ng Diyos sa mahihirap na sandali. Ang pagpapakumbaba ay tinutulungan tayong pagsisihan ang ating mga kasalanan, patawarin ang iba, at kalimutan ang pagkakasala.

Kaanib ng pagpapakumbaba ang pagtitiyaga. Kung magpapasensya tayo sa ating mga pagsubok, kung kakapit pa tayo sa ating pananampalataya, maaaring dumating ang mga sagot na hinahanap natin. Sa malao't madali papayapain ng Tagapagligtas ang bagyo. Ang kapayapaan at pagpapalaya ay darating. Kung mananatili tayong masunurin at matapat, walang maaaring makapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos (tingnan sa Mga Taga Roma 8:38–39). ■

Ang awtor ay naninirahan sa San Jose, Philippines.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

PINILI NATING MAGLINGKOD

Ni Irmgard Meissner

Nakikibaka noon ang asawa ko sa sakit na kanser, pero walang pag-aatubili naming tinanggap ang tawag na maglingkod sa Frankfurt Germany Temple.

Noong Disyembre 12, 1994, nakatanggap kami ng tawag sa telepono mula sa Salt Lake City. Sinabi sa amin ng isang magiliw na tinig na gusto kaming makausap ni Pangulong Thomas S. Monson, na naglilingkod noon bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

"Gusto kang tawagin ng pangulo ng Frankfurt Germany Temple na maging tagapayo niya at ang asawa mo bilang assistant sa temple matron," sabi ni Pangulong Monson sa asawa kong si Gerhard. Pagkatapos ay ipinahayag ni Pangulong Monson ang pagaalala niya sa problema sa kalusugan ng asawa ko.

Si Gerhard ay 11 taon nang nakikibaka sa chronic lymphocytic leukemia. Sa kabila ng pagsubok na iyon, tinawag kami ng Panginoon, at sumagot kami ng oo nang walang pag-aatubili.

Nang magbitiw ako sa trabaho bilang paghahanda na maglingkod, tinanong ako ng boss ko, "Hindi ka ba aalis kung tataasan ko ang sahod mo?"

"Hindi po, kailangan naming umalis," sagot ko, na sinasabi sa kanya na nangako kami sa Panginoon na magmimisyon kami. "Binalak naming maglingkod sa loob ng dalawang taon, pero hindi ko alam kung buhay pa ang asawa ko sa panahong iyon."

Nang muling magpasuri si Gerhard wala pang dalawang linggo kalaunan, sinabi ng doktor sa kanya, "Dito ka lang; malaki ang posibilidad na mamatay ka."

Lumala ang kanyang kalagayan. Nanlumo kami at hindi namin maisip kung paano namin magagampanan ang aming tungkulin, pero puno kami ng pananalig, pag-asa, at katiyakan. Ipinaubaya namin sa Panginoon ang lahat. Kung mayroon Siyang ipagagawa sa amin, gagawa Siya ng paraan para magampanan namin ito.

PAGLALARAWAN NI BEN SOWARDS

Noong Enero 2, 1995, umalis kami para magmisyon. Bigla kong natanto ang tinatalikuran ko: ang nanay ko, mga anak ko, mga apo ko, trabaho ko, bahay ko, at hardin ko. Ngunit kinabukasan ay nasa Frankfurt Temple na kami, kung saan ang madilim na gabi ay naging maaliwalas na panibagong araw para sa amin. Lahat ng problema sa araw-araw na buhay ay naglaho.

Sa banal na lugar na ito natagpuan namin ang pag-ibig, liwanag, pagasa, galak, tiwala, sigla, seguridad, proteksyon, at kapayapaan na nagmumula sa ating Tagapagligtas. Sa aming paglilingkod, nakilala namin ang kahanga-hangang mga tao mula sa maraming bansa. Kahit iba't iba ang kanilang wika, binigkis kami ng wika ng pagmamahal. Ang paglilingkod namin sa templo ay talagang nagpaligaya sa amin.

Ang diwa ng templo at lakas ng Diyos ang nagtaguyod sa mahal kong asawa sa loob ng 26 na buwan. Isang araw matapos kaming ma-release sa aming tungkulin sa templo, nagpunta si Gerhard sa ospital para sa regular niyang pagpapagamot. Sa pagkakataong ito hindi na siya pinauwi ng mga doktor. Ilang buwan pagkaraan bumalik na siya sa kanyang tahanan sa langit.

Kapag ginugunita ko ito, nakikita ko ang mga taon ng paglilingkod na iyon sa templo bilang isang regalo mula sa langit—kasama kong naglingkod ang aking asawa sa bahay ng ating mapagmahal na Ama habang tinutupad ang pangako na magkasama kaming magmimisyon. Buong puso akong nagpapasalamat sa karanasang iyon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Bavaria, Germany.

Ni Elder
Daniel L. Johnson
Ng Pitumpu

KUMAPIT NANG MAHIGPIT SA GABAY NA BAKAL

Ang patuloy na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay tumutulong na ituon ang ating mga mata, puso, at isipan sa Tagapagligtas, at kapag iniangkop natin sa ating buhay ang mga turong matatagpuan sa mga banal na kasulatan, tayo ay nagiging higit na katulad Niya.

Sa kanilang paglalakbay sa ilang, nagising si Lehi at ang kanyang pamilya isang umaga at nakita ang "isang bilog na bola na kakaiba ang kayarian" sa lupa. Ito ay may dalawang ikiran, na ang isa ay nakaturo sa "daan kung saan [sila] nararapat magtungo" (1 Nephi 16:10).

Ang Liahona, o bola, ay mayroon ding "isang bagong sulatin" na nagbigay sa kanila ng "pang-unawa hinggil sa mga pamamaraan ng Panginoon." Ang sulating ito ay "binabago sa pana-panahon, alinsunod sa pananampalataya at sigasig na ibinigay [nila] doon" (tingnan sa 1 Nephi 16:28–29).

Hawak na ni Lehi at ng kanyang pamilya ang mga laminang tanso, na naglalaman ng mga sulat at propesiya ng ilang propeta sa Lumang Tipan. Ang mga laminang tanso at ang Liahona ang nagsilbing mga banal na kasulatan nila, at ang mga tao ni Lehi ay inasahang pag-aralan at bigyang-pansin ito sa tuwina. Kung ginawa nila ito, sumulong sila sa kanilang paglalakbay; kung hindi, namalagi sila sa ilang at dumanas ng gutom at uhaw.

Ano ang pinipilit ituro ng Panginoon sa kanila—at sa atin—sa pamamagitan ng Liahona?

Ang isa sa mga pangunahing layunin ng mga banal na kasulatan ay tulungan tayong makilala, maunawaan, at makatulad ng Tagapagligtas (tingnan sa 3 Nephi 27:27). Ang patuloy na pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay tinutulungan tayo na panatilihing nakatuon sa Kanya ang ating mga mata, puso, at isipan. Kapag ipinamuhay natin ang mga turong matatagpuan sa mga banal na kasulatan, nagiging higit tayong katulad Niya. Kapag naging higit tayong katulad Niya, nagiging karapat-dapat tayo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa Juan 5:39).

Panaginip ni Lehi

Sa panaginip, o pangitain ni Lehi, apat na grupo ng mga tao ang ipinakita. Ang unang tatlong grupo ay pumasok sa landas na patungo sa punungkahoy ng buhay. Ang pintuan patungo sa daan ay binyag (tingnan sa 2 Nephi 31:17–18), kaya pinag-uusapan natin ang mga miyembro ng Simbahan sa unang tatlong grupong ito.

Hindi ko tatalakayin ang ikaapat na grupo—yaong mga patungo sa malaki at maluwang na gusali. Gayunman, habang pinag-iisipan natin ang tatlo pang grupo, maaari ninyong suriin ang inyong kalooban para malaman kung saang grupo kayo kabilang at itanong sa inyong sarili kung saang grupo ninyo mas gustong mapabilang.

Grupo 1

"At nakakita ako ng di mabilang na lipumpon ng mga tao, marami sa kanila ay nagpatuloy sa paglalakad, upang kanilang matamo ang landas patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.

"At ito ay nangyari na, na nagtungo sila, at nagsimula sa landas na patungo sa punungkahoy.

"At ito ay nangyari na, na may lumitaw na abu-abo ng kadiliman; oo, maging isang napakalaking abu-abo ng kadiliman, kung kaya nga't sila na mga nagsimula sa landas ay nangaligaw, at sila ay nagpagala-gala at nangawala" (1 Nephi 8:21–23).

Mukhang ang mga miyembro ng grupong ito ay hindi nagbasa o nag-aral ng mga banal na kasulatan, hindi nakinig o nanood ng pangkalahatang kumperensya, hindi nagbasa ng *Liahona,* o dumalo sa mga miting tuwing Linggo, na pawang naghahandog ng salita ng Diyos. Dahil dito, sila ay nangaligaw ng landas.

PAGLALARAWAN NI J. KIRK RICHARDS

PARA MATAMO ANG PANANAMPALATAYA

"Para matamo at mapanatili ang pananampalatayang kailangan natin, mahalagang basahin at pag-aralan at pagnilayan natin ang mga banal na kasulatan."

President Thomas S. Monson, "Maging Huwaran at Liwanag," *Liahona,* Nob. 2015, 87.

Grupo 2

"At ito ay nangyari na, na nakamalas ako ng iba pang nagpapatuloy sa paglalakad, at nagtungo sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at sila ay nagpatuloy sa paglalakad sa abu-abo ng kadiliman, mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal, maging hanggang sa makalapit sila at makakain ng bunga ng punungkahoy. . . .

"At matapos na matikman nila ang bunga sila ay nahiya, dahil sa mga yaong humahamak sa kanila; at nangagsilayo sila patungo sa mga ipinagbabawal na landas at nangawala" (1 Nephi 8:24, 28).

Pansinin na ang grupong ito ay mahigpit na nakahawak at nakakapit sa gabay na bakal. Kumapit sila hanggang sa makarating sila sa punungkahoy ng buhay at kumain ng bunga nito. Ngunit ikinahiya nila ang ebanghelyo ni Jesucristo, tumigil sa pagtutuon ng pansin sa Tagapagligtas, at nagambala ng mga pang-aakit, tukso, at kayamanan ng mundo. Sa gayon sila rin ay nangaligaw.

Ang susi sa pag-unawa sa mga talatang ito ay ang mga katagang "mahigpit na nakakapit sa gabay na bakal." Ihahambing ko ang salitang *mahigpit na nakakapit* sa isang "nakakapamutlang" karanasan. Kung naranasan mo na ang white-water rafting, maaalala mo na kumapit ka nang husto sa balsa hanggang sa mamutla ang mga buko ng daliri mo. Pagkatapos, nang nasa panatag na tubig ka na, ano ang ginawa mo? *Bumitaw ka!*

Sa konteksto ng ebanghelyo, maaari itong mangyari kapag nahilingan kang maghanda ng isang mensahe o naharap ka sa isang krisis, tulad ng kamatayan sa pamilya o paghihiwalay ng isang magkarelasyon. Hahanapin mo ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya na bihira mong pakinggan o sasangguni ka sa mga banal na kasulatan na karaniwan mong nakakaligtaan. Naghahangad ka ng espirituwal na patnubay at suporta dahil sa iyong espirituwal na kahinaan. Pagkatapos, pagkaraan ng krisis, *bumibitaw ka!* Ibabalik mo ang mga banal na kasulatan sa istante, babalik ka sa dating gawi na bihira kang magsimba, at ayaw mo nang manalangin araw-araw—kahit hanggang sa dumating ang susunod na krisis, o nakakapamutlang karanasan. Sa madaling salita, humihingi ka lang ng tulong sa Tagapagligtas kapag kailangang-kailangan mo na sa halip na patuloy mo itong gawin.

Ang mga miyembro ng grupong ito ay nabinyagan na, at marami siguro ang naorden

na sa priesthood, tumanggap ng mga ordenansa sa templo, nagmisyon, at ikinasal sa templo. Ngunit *bumitaw sila!* Tumigil sila sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan *nang tuluy-tuloy,* napunta sa mga ipinagbabawal na landas, at nangaligaw.

Salamat na lang, karamihan sa mga young adult at returned missionary ay nananatiling tapat sa mga katotohanan ng ebanghelyo na kanilang natutuhan at ibinahagi. Nakatuon din ang buhay nila sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at panalangin. Nagpapasalamat kami sa kanila at sa kanilang katapatan. Sila ang kinabukasan ng Simbahan at magiging mga magulang ng mga magtataguyod sa Simbahan.

Grupo 3

"Masdan, nakakita [si Lehi] ng marami pang tao na nagpapatuloy sa paglalakad; at nakarating sila at mahigpit na humawak sa dulo ng gabay na bakal; at nagpatuloy sila sa kanilang paglalakad, patuloy na humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal, hanggang sa makarating sila at napatiluhod at makakain ng bunga ng punungkahoy" (1 Nephi 8:30).

Pansinin ang katagang "patuloy na humahawak nang mahigpit sa gabay na bakal." Ang grupong ito ay nagbabasa ng mga banal na kasulatan *nang tuluy-tuloy.* Nanatili silang nakatuon sa Tagapagligtas nang *tuluy-tuloy.*

Ang mga banal na kasulatan ang pinakamahalagang bagay na mapag-aaralan natin. Dapat itong mauna kaysa sa chemistry, physics, accounting, sayaw, musika, isports, o anumang sekular na pag-aaral o aktibidad.

Simulan ang bawat araw sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Magkasama ang panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan. Hindi mapaghihiwalay ang mga ito. Ang palagiang pagdarasal ay ihahantong kayo sa mga banal na kasulatan, at ang patuloy na pag-aaral ng banal na kasulatan ay ihahantong kayo sa panalangin. Kapwa kayo itinutuon nito sa Tagapagligtas at nagbibigay-daan para makatanggap kayo ng paghahayag at kapayapaan na dumarating lamang sa pamamagitan ng "patuloy na paghawak nang mahigpit sa gabay na bakal." Ang panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan ay ihahantong kayo sa templo. Nanaisin ninyong mapanatiling banal ang araw ng Sabbath dahil dito. Tutulungan kayo nitong iwasan at daigin ang mga tukso ng kaaway.

Ngayon, ibabaling ko ang inyong pansin sa mga katagang "[n]akarating sila at *napatiluhod* at [na]kakain ng bunga ng punungkahoy." Ang susi sa pag-unawa sa mga katagang ito ay matatagpuan sa 1 Nephi kabanata 11:

"At ito ay nangyari na, na matapos kong makita ang punungkahoy, sinabi ko sa Espiritu: Namasdan kong ipinakita mo sa akin ang punungkahoy na pinakamahalaga sa lahat.

"At sinabi niya sa akin: Ano ang ninanais mo?

"At sinabi ko sa kanya: Ang malaman ang kahulugan nito."

At sumagot ang anghel, "Tingnan [mo]!" At nakita ni Nephi sa pangitain ang Birheng Maria, na tinukoy ng anghel bilang "ina ng Anak ng Diyos." Sumunod, nakita ni Nephi na karga ni Maria ang isang bata—"ang Kordero ng Diyos"—sa kanyang mga bisig.

Ngayon pansinin ang talata 24: "At tumingin ako, at namasdan ko ang Anak ng Diyos na nakikisalamuha sa mga anak ng tao; at nakita kong marami ang *nangaluhod* sa kanyang paanan at sinamba siya" (tingnan sa 1 Nephi 11:9–24; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang puno ay sagisag ng pagmamahal ng Diyos, tulad ng ipinamalas sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesucristo (tingnan sa 1 Nephi 11:21–22). Yaong mga nasa Grupo 3 na nakarating sa punungkahoy ay hindi nangaligaw, tulad ng nangyari sa mga nasa Grupo 2. Posible bang makasama ang Anak ng Diyos nang hindi ito nalalaman? Kailangan lang ninyong basahin ang Bagong Tipan para mahanap ang sagot. Naglingkod ang Tagapagligtas sa loob ng tatlong taon, na nagtuturo at nagsasagawa ng mga himala, ngunit iilan lang ang nakakilala kung sino Siya.

Saliksikin ang mga Banal na Kasulatan

Itanong ang mga ito sa inyong sarili:

- Ano ang magagawa ko upang matiyak na patuloy akong nakahawak nang mahigpit sa gabay na bakal para pagdating ko sa punungkahoy ng buhay, makilala ko ang Tagapagligtas at manikluhod ako at sumamba sa Kanya?
- Ano ang magagawa ko para mapanatiling nakatuon ang aking mga mata, puso, at isipan sa Tagapagligtas?
- Ano ang magagawa ko para maging higit na katulad ng Tagapagligtas?

Ang sagot sa tatlong tanong na ito ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan. "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan," sabi ng Tagapagligtas, "sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39). Kung magbabasa kayo ng mga banal na kasulatan sa bawat araw ng inyong buhay, magkakaroon kayo ng lakas na labanan ang mabibigat na paglabag; ang mas mahalaga, makikilala ninyo ang Tagapagligtas. Mapapanatili ninyong nakatuon sa Kanya ang inyong mga mata, puso, at isipan.

Habang nakikilala ninyo si Jesucristo, ipinamumuhay ang Kanyang mga turo, at sinusunod ang Kanyang halimbawa, kayo ay magiging katulad Niya. Habang kayo ay nagiging katulad Niya, magiging karapat-dapat kayong makapiling Siya magpakailanman. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal, "Continually Holding Fast to the Rod of Iron," na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Mayo 12, 2015. Para sa buong teksto sa Ingles, bisitahin ang web.byui.edu/devotionalsandspeeches.

ANG MAHIMALANG AKLAT NI Mormon

Ni John L. Sorenson
Propesor Emeritus ng Anthropology, Brigham Young University

Isinagawa ni Mormon ang mabigat na tungkuling paikliin ang mga talaan ng mga Nephita sa epektibo at mahimalang paraan.

Nang makita ni Mormon na malapit nang malipol ang mga tauhan niyang Nephita, nagsimula siyang "sumulat ng isang maikling buod" ng kanilang mga talaan (Mormon 5:9). Nagsimula ang proyekto sa lugar kung saan huling nagkampo ang mga Nephita bago sila nagkaroon ng huling pagtitipon sa lupain ng Cumorah. Ang kundisyon ng pamumuhay ng mga Nephita ay hindi kaaya-aya; ang mga tao ay mga refugee na walang tiyak na mapagkukunan ng pagkain, damit, at tirahan. Ang pagsusulat ni Mormon ay malamang na lumawig hanggang apat na taon ng paghahanda para sa huling digmaang napagkasunduan nila ng kumander ng mga Lamanita, ngunit kahit paano ang pinaikling kasaysayan ay natapos at ibinaon sa Burol Cumorah bago pa nagsimula ang huling labanan (tingnan sa Mormon 6:6).

IPININTA NI JOSEPH BRICKEY

Malinaw na ang paglikha ng Aklat ni Mormon ay isang malaking hamon, lalo na dahil sa mga kundisyon ng "digmaan" noong panahon ni Mormon na kinailangan niyang magtrabaho at may mga tungkulin pa siyang pamunuan ang kanyang mga hukbo habang naghahanda sila para sa huling digmaan. At mauunawaan naman na ang kinalabasan ay hindi maaaring walang kapintasan.[1]

Mga Limitasyon sa Gawain ni Mormon

Isipin ang ilan sa mga limitasyong nakaharap ni Mormon sa pagsasakatuparan ng kanyang layunin:

1. Ang laki ng kanyang bagong talaan ay kailangang lubhang limitahan. Ang aklat ay kailangang puwedeng mabuhat para madala ito ni Moroni sa isang ligtas na lugar.
2. Ang pisikal na produkto ay kailangang maihandang mabuti para tumagal nang maraming siglo.
3. Sa mga sistema ng pagsulat na maaaring magamit ni Mormon, isa lang ang tama ang ikli para magkasya sa aklat.
4. Ang haba ng salaysay ay kailangang tama lang, batay sa mga tunay na pangyayari sa kasaysayan na nasa mga talaang ibinubuod niya noon, at nakasulat sa paraang angkop para sa kanya.
5. Maikli lamang ang panahon na maaaring gugulin. Mayroon lamang mahigit tatlong taon si Mormon para gawin ang lahat ng pagtitipon at pagsusulat ng mahigit 600 taon ng kasaysayan. Maaaring hindi siya nagkaroon ng oras para mabasa ang lahat ng natipong mga talaang hawak niya, at tiyak na walang oras para pagandahin o itama pa ang mga munting pagkakamali roon.

Sa harap ng mga limitasyong ito, paano pinili ni Mormon ang impormasyong isasama at tatanggalin?

Sa ilang paraan ang kanyang inspiradong pagsasakatuparan sa pagbuo ng Aklat ni Mormon ay nakakagulat at kahanga-hanga tulad ng kalaunang katuparan ni Joseph Smith na isalin ang talaan sa napakaikling panahon.

Pagpili ng Isang Sistema ng Pagsulat

Ang teksto ng Aklat ni Mormon sa ilang punto ay naglalahad ng hirap na dinanas ng kanilang mga

tagasulat sa paglilinaw ng kanilang mga pahayag (tingnan sa Jacob 4:1; Mormon 9:33; Eter 12:23–25, 40). Sabi ni Mormon, "maraming bagay ang, alinsunod sa aming wika, ay hindi namin nagawang isulat" (3 Nephi 5:18). Ang "aming wika" sa diwang ito ay malinaw na tumutukoy sa kanilang sistema ng pagsulat, hindi sa sinasalita nilang wika. Sinabi pa sa atin ni Moroni na "hindi [sana tayo] makakikita ng kahinaan" (Mormon 9:33) kung gumamit sila ng Hebrew script, isang sistemang alpabetiko.

Ang "mga titik" na ginamit sa pagsulat ay tinawag ng mga Nephitang mananalaysay na "binagong wikang Egipto" (Mormon 9:32). Ang sistemang ito ay binubuo ng "karunungan ng mga Judio at ng wika ng mga taga-Egipto" (1 Nephi 1:2). Ang Egyptian glyphs ang paminsan-minsang ginamit sa sinaunang Palestina para isulat ang tunog ng mga salitang Hebreo.[2] Mula sa mga sampol ng mga titik sa "the Anthon Transcript,"[3] na nagsasabing kopya ng mga titik mula sa mga lamina na isinalin ni Joseph Smith, maliwanag na hindi direktang isinunod ang mga ito sa panulat ng mga taga-Egipto sa araw-araw na paggamit noong panahon ni Lehi. Mas mukhang mga simbolo ito ng hieratic Egyptian, na mas luma at katulad na sistema ng simbolong ginagamit nila noon kapag pinsel at tinta ang gamit nila sa halip na umukit sa bato.

Ang hieratic system ay mas maikli kaysa sa alphabetic Hebrew script ngunit mas malabo, dahil karamihan sa mga titik ay kumakatawan sa buo, kumplikadong morpema o mga salita (na tinatawag ngayong mga logogram) sa halip na tunog na binibigkas para bumuo ng mga salita tulad sa alpabeto. Ang kahulugan ng bawat logogram ay kailangang isaulo. Ang kalabuang ito ay maaaring bahagi ng problema ng "pagsasaayos ng aming mga salita" (Eter 12:25) na binanggit ni Moroni.

Maaaring isa sa karagdagang dahilan ng "mga kahinaan" ng paggamit ng hieratic Egyptian ay dahil ginamit lamang ito sa kabit-kabit na pagsulat, ang gamit nito sa pag-ukit ng isang talaan sa mga laminang metal ay maaaring mangahulugan na ang mumunting pagkakamali ng kamay ng umuukit nang walang magamit na epektibong "pambura" para maitama ito ay maaaring mauwi sa maling pagbasa sa mga titik.

Maraming Set ng mga Talaan

Bukod sa malalaking lamina ni Nephi, ang suplementong mga dokumento ay ginamit sa ilang punto sa paglikha ng salaysay ni Mormon. Napansin niya ang ilang beses niyang pagdepende sa "sariling talaan [ni Alma]" (Alma 5:2; kabanata 7, heading; 35:16). Ginamit din niya "ang mga talaan ni Helaman" at "ng kanyang mga anak" (pambungad sa aklat ni Helaman), at mababasa rin natin ang "talaan ni Nephi" (3 Nephi 5:10).

Kung minsan ay dumepende rin si Mormon sa iba pang orihinal na mga sulat, na ang ilan ay hindi niya tinukoy nang malinaw. Kabilang sa ilang posibleng suplementong talaan:

- Ang teksto ng magandang talumpati ni Haring Benjamin (Mosias 2:9–Mosias 5).
- Ang talaan sa mga lamina ni Zenif (Mosias 9–22).
- Ang personal na pangangaral ni Alma sa Zarahemla, Gedeon, at Melek (Alma 5, 7, at 8).
- Ang kuwento tungkol sa karanasan nina Alma at Amulek sa Ammonihas (Alma 9–14).
- Ang detalyadong salaysay ng ministeryo ng mga anak ni Mosias at kanilang mga kasama sa mga Lamanita (Alma 17–27).
- Ang mga diskurso ni Alma sa kanyang mga anak na sina Helaman, Siblon, at Corianton (Alma 36–42).

Isinama rin ni Moroni ang kanyang pagsasalin at buod ng kasaysayan ng mga Jaredita na inilahad ni Eter, na inihanda at idinagdag ni Moroni bilang aklat ni Eter, gayundin ang mga hango na mga turo at liham mula sa kanyang amang si Mormon (Moroni 7–9).[4]

Ang mahahalagang sagradong talaan ay iningatan sa metal para matiyak na magiging permanente ang mga ito; ang mga talang nakasulat sa iba pang materyal ay ipinalagay nilang hindi na mababasa pa sa paglipas ng panahon (tingnan sa Jacob 4:2). Ang paggamit ng mga kopya ng mga banal na kasulatan sa papel para gamitin araw-araw ay ipinahiwatig sa pagsunog sa mga yaong nasa pag-iingat ng mga taong nabinyagan ni Alma sa Ammonihas (tingnan sa Alma 14:8; ihambing sa Mosias 2:8; 29:4; at Alma 63:12). Ang mga laminang metal ay hindi madaling gawin (tingnan sa Mormon 8:5) at ukitan, kaya limitado ang suplay nito.

Gamit ang nakukuha niyang iba't ibang mga materyal, binuo ni Mormon ang kanyang kasaysayan "alinsunod



sa kaalaman at pang-unawang ibinigay ng Diyos" sa kanya (Salita ni Mormon 1:9). Kung minsan ang banal na tulong ay tuwiran at partikular, tulad noong utusan siya ng Panginoon na huwag isama ang mas mahabang paliwanag ng mga turo ni Jesus sa mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 26:6–12), ngunit walang pahiwatig na may karagdagang impormasyon sa kasaysayan na inihayag sa kanya.

"At sa Gayon Nakikita Natin"

Ilang beses sinabi ni Mormon na ang kanyang pinaikling kabuuan ay maliit na bahagi lamang ng mga materyal na pangkasaysayan na matatagpuan sa malalaking lamina ni Nephi (tingnan sa Salita ni Mormon 1:5; 3 Nephi 5:8; 26:6; tingnan din sa Jacob 3:13–14; 4:1). Kung gayon, paano niya pinili ang kanyang mga materyal?

Ang kanyang pangunahing kriterion ay paulit-ulit na binabanggit sa kanyang aklat. Ang layunin ay upang matiyak na mauunawaan ng kanyang mga mambabasa, lalo na ng mga maninirahan sa ipinangakong lupain sa Amerika at lalo na ng mga inapo ni Lehi, ang kahalagahan sa kanila ng pangako at propesiyang ibinigay kay amang Lehi: "Habang inyong sinusunod ang aking mga kautusan kayo ay uunlad sa lupain" (Jarom 1:9). Sa katunayan, sa *negatibong* bersyon ni Amaron tungkol sa bantog na sinabi ni Lehi nagtuon ng pansin si Mormon: "Habang *hindi* kayo sumusunod sa aking mga kautusan kayo ay *hindi* uunlad sa lupain" (Omni 1:6; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ipinakikita ng mga aral ni Mormon ang malaking pagkakaiba ng mabuti at masama. Binigyang-diin ng mga tao sa kanyang talaan ang pagsunod at kabutihan sa isang banda laban sa pagmamatigas sa kabilang banda. Inilarawan niya ang masasamang tao bilang talagang masasama at dapat lang matanggap ang kanilang sinapit; inilarawan niyang kapuri-puri ang mga bayani sa halos lahat ng aspeto. Halos hindi nabanggit ang mga tauhan na hindi makapagpasiya. Ayaw ni Mormon na magkaroon ng alinlangan sa isipan ng kanyang mga mambabasa na ang mabuti at masama ay talagang magkasalungat (pansinin ang mga salita ni Mormon tungkol sa pagkakaibang iyan sa Moroni 7:5–19). Binigyang-kulay ni Mormon ang ilan sa kanyang pag-uulat sa paglalakip ng sarili niyang inspiradong interpretasyon. Ang paraang ito ng pagsulat ay madalas gamitan ng katagang tulad ng "at sa gayon nakikita natin" (halimbawa, sa Alma 42:4, 7, 14; Helaman 3:23–31; 6:34–40).

Inilahad nina Mormon at Moroni ang kanilang "maikling" talaan sa kanilang mga mambabasa sa hinaharap bilang kakaibang uri ng kasaysayan na maaaring bigyan ng kahulugan. Ipinagkaloob nila ito sa lahat ng panahong darating hindi bilang kasaysayan ng isang mananalaysay kundi bilang makapangyarihang moral na mensahe para turuan ang mga magbabasa sa mga aral na natutuhan ng dalawang lalaki sa mahaba at mahirap na paglilingkod sa kanilang mga tao at sa Diyos. Ginamit nila ang pinakamaiinam na sanggunian sa pinakaepektibong paraang alam nila. Ang pagsusumikap at katapatang ipinakikita ng kanilang gawain ay para sa kapakinabangan ng lahat ng tao sa ating panahon.

Napakalaki ng pasasalamat ko sa kanila. ■

MGA TALA

1. Halimbawa, ang kaunting kamalian (katumbas ng makabagong "typos") ay maaaring kabilang sa mga "kamaliang" binanggit ni Moroni sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon na "kamalian ng mga tao." Kabilang dito ang maling ulat tungkol sa pagkabihag ng lunsod ng Nefihas (Alma 51:26; ikumpara sa Alma 59:5) at pagkakamali kung saan ang pangyayari ding iyon ay sinabi sa isang talata na naganap sa ika-26 na taon ng mga hukom (Alma 56:9) at sa isa naman ay sa ika-28 taon (Alma 53:22–23). Ipinapakita ng gayong mga depekto ang pagiging tao ng mananalaysay sa kanyang gawain, gayunpaman hindi ito dapat maging dahilan ng anumang mabigat na problema sa pagbabasa ng kuwento.
2. Tingnan sa John A. Tvedtnes at Stephen D. Ricks, "Jewish and Other Semitic Texts Written in Egyptian Characters," *Journal of Book of Mormon Studies,* tomo 5, blg. 2 (1996), 156–63; at John A. Tvedtnes, "Linguistic Implications of the Tel-Arad Ostraca," *Newsletter and Proceedings of the Society for Early Historic Archaeology,* blg. 127 (1971).
3. Tingnan sa B. H. Roberts, *New Witnesses for God,* 3 tomo (1909), 2:93–104.
4. Para sa iba pa tungkol sa iba't ibang pinagkunan ng talaan, tingnan sa "Isang Maikling Paliwanag tungkol sa Aklat ni Mormon" sa Aklat ni Mormon.

Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

ANG GALAK SA

Paggawa ng Family History

Malinaw sa pangako ni Elijah na bawat isa sa atin ay may obligasyon sa mga henerasyong nauna sa atin at sa susunod na mga henerasyon.

Huwag kalimutan na ang family history—at mga ordenansa sa templo na ginawang posible nito—ay mahalagang bahagi ng gawain ng kaligtasan at ang partisipasyon sa sagradong gawaing ito para sa mga patay ay nagpapala sa mga nabubuhay. Pinalalakas nito ang ating pananampalataya at katapatan sa ebanghelyo, tinutulungan tayong labanan ang tukso, pinaglalapit ang ating pamilya, at pinalalakas ang ating mga ward at stake.

Gusto kong bigyang-diin ang "hanapin, dalhin, at turuan" ng gawain sa family history. Sa *hanapin,* ang ibig naming sabihin ay gamitin ang FamilySearch website o ang *My Family: Stories That Bring Us Together* na buklet[1] para mahanap ang pangalan ng isa o marami pa sa inyong mga ninuno o kanilang mga inapo. Pagkatapos ay *dalhin* ang mga pangalang ito sa templo, o ibahagi ito sa iba para madala nila ito. (Kapag maaari, pumunta sa templo bilang pamilya.) Sa huli, *turuan* ang inyong pamilya at turuan din ang iba na gayon din ang gawin.

Ang plano ng Ating Ama ay tungkol sa mga pamilya, na isinagisag ng isang malaking puno. Para mabuhay at lumaki ang isang puno, kailangan nito kapwa ang mga ugat at sanga. Kailangan din naman tayong maging konektado sa ating mga ugat—sa ating mga magulang, lolo't lola, at iba pang mga ninuno—gayundin sa ating mga sanga—sa ating mga anak, apo, at iba pang mga inapo. Gamit ng ilang madamdaming talata ang analohiya ng isang puno na may mga ugat at sanga na kumakatawan sa pamilya (tingnan sa Isaias 11:1; Jacob 5).

PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE; MGA PAGLALARAWAN NINA WELDEN C. ANDERSEN, ALEXANDER BORGES, AT LES NILSSON

Kasama si Moises, nagpakita si Elijah sa Tagapagligtas at kina Pedro, Santiago, at Juan sa Bundok ng Pagbabagong-anyo sa kalagitnaan ng panahon.

Ang Misyon ni Elijah

Ipinropesiya ng propetang si Malakias, sa huling aklat ng Lumang Tipan, ang panahon na babalik ang propetang si Elijah sa mundo "bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na kaarawan ng Panginoon . . . [at] papagbaliking[-]loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang, at baka [Siya] ay dumating at saktan ang lupa ng sumpa" (Malakias 4:5–6).

Nang magpakita ang anghel na si Moroni sa 17-taong-gulang na si Joseph Smith noong 1823, binanggit niya ang mga talatang ito mula sa Malakias ngunit kakaiba ang pagbanggit niya rito. Sinabi ni Moroni noong gabing iyon ng Setyembre:

"Masdan, ipahahayag ko sa inyo ang Pagkasaserdote, sa pamamagitan ng kamay ni Elijah, ang propeta, bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon.

". . . At kanyang itatanim sa mga puso ng mga anak ang mga pangakong ginawa sa mga ama, at ang mga puso ng mga anak ay babaling sa kanilang mga ama. Kung hindi magkagayon, ang buong mundo ay lubos na mawawasak sa kanyang pagparito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39).

Apat na beses inulit ni anghel Moroni ang mga salita ni Malakias sa batang si Joseph.

Isipin na lamang kung ang alam lang natin tungkol sa dakilang propetang si Elijah ay ang nalaman ni Joseph Smith mula sa Biblia. Mula sa aklat na iyon ng banal na kasulatan alam natin na si Elijah ay nabuhay sa magulong panahon, halos 900 taon bago isinilang si Cristo. Ang masamang tao na sina Ahab at Jezabel ay naghari sa kasamaan sa Israel bilang hari at reyna, na hinihikayat ang mga nasasakupan nila na sambahin ang huwad na diyos na si Baal at pinatay pa ang mga propeta ng Panginoon.

Si Elijah ay isang pambihirang propeta. Tinatanggap ng mga Kristiyano at Judio sa buong mundo ang kasaysayan ni Elijah sa Lumang Tipan.

Itinala sa mga banal na kasulatan kung paano mahimalang naligtas ang buhay ni Elijah at kung paano niya iniligtas ang isang babaeng balo mula sa taggutom at binuhay ang kanyang anak mula sa mga patay (tingnan sa I Mga Hari 17). Inilarawan ni Elias kung paano muling tiniyak sa kanya ng "marahan

DETALYE MULA SA *ANG PAGBABAGONG-ANYO*, NI CARL HEINRICH BLOCH

at banayad na tinig" na siya ay hindi nag-iisa sa kanyang katapatan kay Jehova (tingnan sa I Mga Hari 19:4–14). Sa huli, nagbagong-anyo si Elijah at dinala sa langit nang hindi nakatikim ng kamatayan (tingnan sa II Mga Hari 2:7–12).

Tanging sa pamamagitan ng makabagong paghahayag nabunyag ang buong tungkulin ni Elijah. Siya ang huling propeta na nagtaglay ng kapangyarihan ng Melchizedek Priesthood na magbuklod bago sumapit ang panahon ni Jesucristo. Kasama si Moises, nagpakita siya sa Tagapagligtas at kina Pedro, Santiago, at Juan sa Bundok ng Pagbabagong-anyo sa kalagitnaan ng panahon (tingnan sa Mateo 17:1–4; Marcos 9:2–5). Bilang mahalagang bahagi ng Panunumbalik, nagpakita si Elijah kina Joseph Smith at Oliver Cowdery noong 1836 sa Kirtland Temple. Doon, muli niyang ibinalik ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod, sa pagkakataong ito para sa pagbubuklod ng mga pamilya sa dispensasyong ito bilang katuparan ng propesiya ni Malakias (tingnan sa D at T 110:13–16). Dahil isinugo si Elijah sa dispensasyong ito, ang kabuuan ng kaligtasan ay makakamtan kapwa ng mga buhay at patay.

Ang misyon ni Elijah ay pinagagaan ng kung minsan ay tinatawag na espiritu ni Elijah, na, gaya ng itinuro ni Pangulo Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay "isang pagpapamalas ng Espiritu Santo na nagpapatotoo sa kabanalan ng pamilya."[2] Iyan ang dahilan kaya madalas nating tawagin ang mga paramdam ng Espiritu Santo na nauugnay sa family history at gawain sa templo bilang espiritu ni Elijah.

Sa mga taong pumanaw na, mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan na "tayo kung wala sila ay hindi magagawang ganap; ni sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap" (D at T 128:18). Ano ang ibig sabihin nito? Makikita natin ang kasagutan sa banal na kasulatan:

"At ngayon, aking mga pinakamamahal na kapatid na lalaki at babae, hayaang aking tiyakin sa inyo na ang mga ito ay alituntuning may kinalaman sa mga patay at sa mga buhay na hindi maaaring ipagwalang-bahala nang gayungayon lamang, gaya ng nauukol sa ating kaligtasan. *Sapagkat ang kanilang kaligtasan ay kinakailangan at lubhang mahalaga sa ating kaligtasan,* gaya ng sinabi ni Pablo hinggil sa mga ama—na sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap—ni tayo kung wala ang ating mga patay ay hindi magagawang ganap" (D at T 128:15; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang ibig sabihin ng "Ang kanilang kaligtasan ay kinakailangan at mahalaga sa ating kaligtasan" ay na ang kaligtasan ng buong sangkatauhan ay magkaugnay at konektado sa isa't isa—tulad ng mga ugat at sanga ng isang malaking puno.

Magdaos ng Family Tree Gathering

Ang mga pangako at inaasahan sa pamilya ay dapat manguna sa ating listahan ng mga prayoridad. Poprotektahan nito ang ating banal na tadhana. Para makapagsimula ang mga pamilya sa kanilang gawain sa family history, hinahamon ko sila na magdaos ng tinatawag kong "Family Tree Gathering." Dapat itong gawin nang paulit-ulit. Lahat ay makapagdadala sa mga pagtitipong ito ng mga kasaysayan, kuwento, at retrato ng pamilya, pati na ng mahahalagang ari-arian ng mga lolo't lola at mga magulang. Ang buklet na *My Family* ay maaaring gamitin para magtala ng impormasyon, mga kuwento, at retrato ng pamilya na maaaring i-upload sa FamilyTree kalaunan sa FamilySearch.org.

Gayunman, hindi ito maaaring minsanang pagsisikap lamang. Kailangan dito ang habambuhay na pagsisikap. Para sa mga taong naghahanap ng mas kapaki-pakinabang na mga paraan para masunod ang araw ng Sabbath bilang pamilya, ang pagpapabilis ng sagradong gawaing ito ay magandang simulain.

Ang sentro ng kasaysayan ng pamilya ay ang tahanan. Kailangan nating tulungan ang ating mga kabataan na mahalin ang gawaing ito. Marami sa ating mga kabataan ang nagbaling na ng kanilang puso sa kanilang mga ninuno.

Sabik makaalam ang ating mga kabataan tungkol sa buhay ng mga miyembro ng pamilya—saan sila nagmula at paano sila namuhay. Ang ilan ay natutuwa nang husto sa gawain kaya hindi nila namamalayan ang paglipas ng oras at naiinis pa kapag dapat na silang tumigil.

Gustung-gusto ng mga kabataan ang mga kuwento at retrato, at madali na nila ngayong ma-access ang mga teknolohiya upang pangalagaan ang mga alaala sa Family Tree sa FamilySearch.org. Makakakita sila ng mga miyembro ng pamilya na nangangailangan ng mga ordenansa sa templo sa pamamagitan ng karanasan nila sa bagong-labas na "record-hinting" sa FamilySearch.org.[3]

Ang mga record hint na ito tungkol sa mga miyembro ng pamilya ay ginawang posible ng indexing ng mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo. Ang mga talaang ito—at milyun-milyon ang mga ito—ay tutulong sa inyo na mahanap ang iba pang mga ninuno na maaaring hindi pa konektado sa inyong pamilya at kailangang gawan ng mga ordenansa sa templo. Kabilang sa iba pang mga talaan mula sa iba't ibang panig ng mundo na may hinting technology sa mga website ang Ancestry.com, Findmypast.com, at MyHeritage.com, na maaaring ma-access nang libre ng lahat ng miyembro ng Simbahan.

Bagama't tahanan ang sentro ng kasaysayan ng pamilya, patuloy na naglalaan ang Simbahan ng mga family history center kung saan maaaring sama-samang tuklasin ng mga pamilya ang kanilang mga ninuno at ma-access ang Internet kung wala sila nito sa bahay nila.

Lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Simbahan na edad 12 pataas ay maaaring makakuha ng limited-use temple recommend upang magpabinyag para sa mga patay pagkatapos ng interbyu ng isa o dalawang lider ng simbahan. Kabilang dito ang lahat ng bagong binyag.

Ang pagkakaroon ng nilagdaang recommend na maipapakita ninyo sa alinmang templo ay nagdudulot ng kagalakan. Ang recommend ay may taglay ding sagradong proteksyon. Bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015):

"Walang gawaing higit na nangangalaga sa Simbahang ito maliban sa gawain sa templo at pagsasaliksik ng kasaysayan ng pamilya na sumusuporta dito. Walang gawaing higit na nagpapadalisay sa espiritu. Walang gawaing nagbibigay sa atin ng higit na kapangyarihan. Walang gawaing nangangailangan ng mas mataas na pamantayan ng kabutihan.

"Ang ating mga paggawa sa templo ay nagsisilbing kalasag at pananggalang natin, kapwa ng bawat isa at ng grupo."[4]

Obligasyon natin sa Ating mga Ninuno

Ang family history ay pampamilya, ngunit hindi lahat ng miyembro ng pamilya ay iisa ang sitwasyon. Marami sa ating mga ninuno ang namatay nang hindi nakapag-asawa o nagkaanak. Ang ilan ay nagdiborsyo, at ang ilan ay ilang beses nag-asawa. Marami ang nagkaanak ng may kapansanan o bata pa nang mamatay. Lahat ay may kuwento.

Kailangan ng bawat kaluluwa, buhay o patay, na mananagot sa kanyang mga ginagawa ang pagpapala ng sagradong ordenansa sa templo, at matutulungan natin ang ating mga kapamilya na matanggap ang mga ito. Hindi mahalaga kung kayo ay walang asawa, kung ang inyong asawang lalaki o babae ay di-gaanong aktibo, o kung kayo mismo ay di-gaanong aktibo o hindi miyembro ng Simbahan, makakatulong din kayong magligtas ng mga kaluluwa. Maaaring wala nang mas mahalaga, nakapupuspos, o maluwalhating gawain.

Ang namumuno sa gawaing ito ay ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Pagkamatay Niya, binuksan Niya ang pinto sa bilangguan na bumihag sa mga patay:

"Kanyang binuo ang kanyang lakas at nagtalaga ng mga sugo, na nadaramitan ng kapangyarihan at

PAGLALARAWAN NI ROBERT BARRETT

karapatan, at inatasan silang humayo at dalhin ang liwanag ng ebanghelyo sa kanila na nasa kadiliman, maging sa lahat ng espiritu ng tao; at sa gayon ang ebanghelyo ay naipangaral sa mga patay. . . .

"At ang mga napiling sugo ay humayo upang ipahayag ang kalugud-lugod na araw ng Panginoon at ipahayag ang kalayaan sa mga bihag na nakagapos, maging sa lahat ng magsisisi ng kanilang mga kasalanan at tatanggap ng ebanghelyo" (D at T 138:30–31).

Simple lang ang ating mensahe, ngunit malalim ito. Hindi ito nangangailangan ng mabulaklak o kumplikadong doktrina. Ito ay tungkol sa pagkakaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu at ng pangakong sundin ang ating Tagapagligtas.

Bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo, ipinapangako ko na kung maglalampas kayo ng tingin sa buhay na ito at tutulungan ninyo ang mga taong hindi matulungan ang kanilang sarili, pagpapalain kayo ng higit na pagkakalapit at kagalakan sa inyong pamilya at ng banal na proteksyon na ibinibigay sa mga taong tapat na naglilingkod sa Kanya.

Malinaw sa pangako ni Elijah na bawat isa sa atin ay may obligasyon sa mga henerasyong nauna sa atin at sa susunod na mga henerasyon. Nawa'y makasumpong kayong mga magulang, kabataan, at mga bata ng kagalakan at mapagpala sa lahat ng iba pang aspeto ng inyong buhay habang ginagampanan ninyo ang obligasyong ipinadala ng langit upang makibahagi sa sagradong gawain para sa mga patay. ■

Mula sa mensaheng, "Ang Plano ng Ama ay tungkol sa Pamilya," na ibinigay sa RootsTech 2015 Family History Conference sa Salt Lake City, Utah, noong Pebrero 14, 2015. Bisitahin ang RootsTech.org upang malaman ang iba pa tungkol sa 2016 RootsTech conference.

MGA TALA

1. Para sa impormasyon tungkol sa buklet na *My Family*, magpunta sa familysearch.org/campaign/myfamily.
2. Russell M. Nelson, "A New Harvest Time," *Ensign,* Mayo 1998, 34.
3. Ipinapakita ng Record Hints feature "ang mga resulta ng masusing pagsasaliksik ng [FamilySearch] collection sa paghahanap ng inyong mga ninuno" (familysearch.org/blog/en/give-research-boost-record-hints/).
4. Boyd K. Packer, "Ang Banal na Templo," *Liahona,* Okt. 2010, 35.

Ang namumuno sa gawaing ito ay ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Pagkamatay Niya, binuksan Niya ang pinto sa bilangguang bumihag sa mga patay.

Kapag Tumalikod ang Isang Anak sa Simbahan

Maaari nating tanggapin ang alituntunin na biniyayaan ang ating mga anak ng kalayaan, kahit na ginagamit nila ito sa pagtahak sa mga landasing hindi natin gusto.

Ni Robin Zenger Baker

Ilang linggo na ang lumipas mula nang lumipat ang panganay kong anak na babae sa isang bagong lungsod, at bawat Linggo na hindi siya nakasimba ay nagdulot sa akin ng mga pangamba. Makabalik pa kaya siya sa simbahan? Sinubukan ko ang lahat ng maisip ko para maibalik siya roon: panghihikayat, katwiran, pakiusap, pagsisilbing tagagising niya, panalangin, pag-aayuno, at pati na pagtawag sa kanyang bishop. Dahil 2,000 milya (3,220 km) ang layo namin sa isa't isa, nahirapan akong isama siya sa pagdalo, pero sinubukan ko rin iyon!

Patuloy kong inisip na kung kaya ko lang baguhin nang kaunti ang sitwasyon, muling gagawa ng mabubuting pasiya ang anak ko. Nadama ko na kailangan ko lang ang tamang tao—ang kanyang visiting teacher, kanyang bishop, isang kaibigan o kapamilya—para sabihin o gawin ang mismong bagay na magpapabalik sa kanya. Pero walang umubra. Masyado na akong nag-alala, at damang-dama ko na binigo ko siya bilang magulang.

Ganito rin ang karanasan ng marami. Kapag lumihis ang mga anak sa landas ng ebanghelyo, maaaring mahirapan ang mga magulang na nananatiling tapat na makayanan ito. May isang ina na galit na galit sa mga pasiya ng kanyang anak na babae kaya sinabi niya na parang hirap siyang huminga. Sinabi naman ng isang ama na parang ayaw ng mga anak niya sa kanya at sa kanyang pamumuhay. Nag-alala naman ang isang bata pang ina na baka balang-araw ay magduda ang kanyang mga anak at tumalikod sa Simbahan.

Paano natin makakayanan ang masasakit na damdaming ito kapag pinipili ng mga kapamilya na tumalikod sa Simbahan? May ilang bagay tayong magagawa.

Matuto sa Iba na Nahirapan Din sa Ganitong Sitwasyon

Ang ilan sa mabubuting pamilya sa mga banal na kasulatan ay nagkaroon din ng suwail na mga anak. Sina Saria at Lehi ay may mga anak na lumihis sa mga turo ng kanilang mga magulang (tingnan sa 1 Nephi 2:8–12). Gayon din sina Eva at Adan (tingnan sa Genesis 4:8). Maging ang ating mga magulang sa langit ay nalungkot nang piliin ng ikatlong bahagi ng kanilang mga espiritung anak ang ibang landas (tingnan sa D at T 29:36). Kasama sa plano ng kaligayahan ang kalayaan. At nangangahulugan iyan na kahit ang mga miyembro ng mabubuting pamilya ay maaaring piliing tanggihan ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Makakadama tayo ng kapanatagan mula sa mga kuwento sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga pamilyang nahirapan. Mas nauunawaan natin ang kalayaan at pagdamay, at matutulungan tayo ng pag-unawang iyan na gumaling at magpatuloy sa buhay.

Kilalanin na ang Ating mga Anak ay Anak Din ng Diyos

Nang magsimulang mag-alinlangan ang kanyang anak na tinedyer sa kanyang mga pinaniniwalaan, masyadong nakonsiyensya ang isang ina at nakadama ng kabiguan.

MGA PAGLALARAWAN NI IKER AYESTARAN

Habang iniisip kung paano naiba ang pagpapalaki niya sa kanyang anak, nakatanggap siya ng maawaing impresyon: "*Hindi* lang ikaw ang magulang niya. Mahal ko siya nang higit sa pagmamahal mo sa kanya, at hindi ako nakokonsensya tungkol sa kanya o sa kaninuman sa mga anak kong naliligaw ng landas." Mula sa sandaling iyon, nagawang limutin ng inang ito ang bigat na kanyang dinadala at sa halip ay nagtuon sa kung gaano kagandang anak ng Diyos ang kanyang anak noon.

Magtuon sa Tagumpay

Kung minsa'y nahihirapan ang mga magulang dahil hindi nila lubos na nauunawaan ang turo na "walang ibang tagumpay na makahahalili sa kabiguan sa tahanan."[1] Ang tagumpay at kabiguan ay hindi madaling ilarawan. Tulad ng paliwanag ni Elder John K. Carmack, dating miyembro ng Pitumpu, "Dahil layon ng pahayag na ito na bigyang-inspirasyon ang mga magulang na magmalasakit sa kanilang mga anak, hindi dapat ipakahulugan na ang mga magulang na talagang nag-ukol ng maraming panahon, pagsisikap, at sakripisyo sa pagiging magulang, pero hindi pa rin umaani ng hinahangad na gantimpala, ay nabigo na."[2] Kailangan nating ipagdiwang ang magagandang katangian ng ating mga anak at ang masasayang sandaling pinagsaluhan natin. Dapat nating tanggapin ang alituntunin na ang mga miyembro ng ating pamilya ay biniyayaan ng kalayaan, paano man nila gamitin ito.

Baguhin ang Ating mga Inaasahan

Habang umaasa tayo na susundin ng mga miyembro ng pamilya ang landas na ating pinili, sila ang dapat pumili para sa kanilang sarili upang matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Iminungkahi ni Elder Carmack na sa halip na kalabanin ang katotohanang ito, maaaring kailangan ng mga magulang na "baguhin ang kanilang kasalukuyang mga inaasahan at pamamaraan, at tanggapin ang mga bagay-bagay sa halip na patuloy na masaktan."[3]

Isang ina ang lungkot na lungkot nang matanto niya na ayaw magmisyon ng anak niya. Kalaunan ay natanto niya na kailangan niyang kalimutan na lang ang nasa isip na dapat magmisyon ang kanyang anak na lalaki para sumaya siya. "Sa huli ay natanto ko na hindi ito tungkol sa akin," sabi niya. "Ang buhay ng bawat bata ay buhay *nila*. Ina lang nila ako. Hindi ko sila pag-aari."

Magkaroon ng Ideya

Maraming magulang ang napapanatag at nananatiling maganda ang pananaw sa panalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagdalo sa templo. Ikinuwento ng isang magulang na ang karanasan niya sa panalangin ay nagturo sa kanya na alalahanin kung gaano kahalaga ang kanyang anak sa Ama sa Langit, na nakabawas sa sakit ng kanyang kalooban. Ang panalangin ay nagbibigay ng mga ideya kung ano ang gagawin at sasabihin. Tinutulungan din tayo nitong makadama ng kaaliwan.

May mga kuwento sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga taong nakagawa ng mga maling pasiya at kung paano ito nakayanan ng mga miyembro ng pamilya. "Mabuti na lang hindi puno ng mga kuwento ang mga banal na kasulatan tungkol sa mga perpektong pamilya at kung hindi ay baka masyado tayong panghinaan ng loob para subukan man lang ito!" sabi ng isang magulang. Muling tiniyak sa atin ng kuwento ni Nakababatang Alma na dinirinig ang matwid na mga panalangin ng mga magulang (tingnan sa Mosias 27:14). Itinuturo sa atin ng talinghaga ng alibughang anak ang kagalakang nadarama natin kapag nagbalik ang isang taong naligaw ng landas (Lucas 15:20–24).

Matutulungan din tayo ng pagdalo sa templo na magkaroon ng kapaki-pakinabang na kaalaman sa pagharap sa mga problema ng pamilya. "Naniniwala ako na ang abalang tao . . . ay kayang lutasin . . . ang mga problema nang mas mahusay at mas mabilis sa bahay ng Panginoon kaysa sa ibang lugar," sabi ni Elder John A. Widtsoe (1872–1952) ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Sa mga sandaling talagang hindi inaasahan, sa loob o labas ng templo ay darating . . . bilang paghahayag, ang solusyon [sa] mga problemang nagpapahirap sa [ating buhay]."[4] Kapag dumalo ang mga magulang sa templo, ang kanilang puso't isipan ay mas tutuon sa kapayapaang hangad nila.

Patuloy na Magpakita ng Pagmamahal

Walang duda na minahal nina Lehi at Saria sina Laman at Lemuel gaya ng pagmamahal nila kina Sam, Nephi, Jacob, at Joseph. Bagama't maaaring mas madaling makisama sa mga miyembro ng pamilya na kapareho natin ang paniniwala at pamumuhay, mahalaga pa rin na matutuhan nating mahalin ang ibang mga taong hindi marunong magmahal.

Ibinahagi ng isang babaeng bata pa ay hindi na nagsisimba ang sumusunod na karanasan kung paano siya patuloy na minahal ng kanyang pamilya. Sa kanyang malaking pamilyang LDS, ipinagdiriwang nang husto ang mga pagpunta sa misyon. Nakasabit ang mga retrato ng lahat ng missionary sa pamilya sa dingding ng salas ng kanyang lola. Iyon ay "napakahalaga sa aming pamilya," wika niya. Alam niya na hindi na siya makapagmimisyon, at nadama niya na kahit ano pa ang kabutihang ginawa niya sa mundo, hindi kailanman magkakaroon ng lugar ang kanyang retrato sa dingding ng kanyang lola.

Kapag patuloy nating minahal ang ating mga mahal sa buhay sa ngayon, maaari pa rin tayong umasa na babalik sila sa buhay na nakasentro sa ebanghelyo.

Sa edad na 30 nagdesisyon siyang maglingkod sa United States Peace Corps. Nagpunta siya sa Madagascar at inilaan ang buong lakas niya sa paglilingkod doon. Habang nasa serbisyo siya, nalaman niya na isinama ng lola niya ang kanyang retrato sa dingding. Nang matapos ang serbisyo niya sa Peace Corps, nagyakap ang maglola at napaluha. "Ang serbisyo ay paglilingkod," paliwanag ng kanyang lola. Mayroon man tayong dingding para sa mga missionary sa ating tahanan o wala, marami pa ring paraan para maipakita sa *lahat* ng kapamilya natin na sila ay minamahal at pinahahalagahan.

Patuloy na Umasa

Kapag patuloy nating minahal ang ating mga mahal sa buhay ngayon, maaari pa rin tayong umasa na babalik sila sa buhay na nakasentro sa ebanghelyo. Kadalasa'y bumabalik ang mga kapamilya matapos ang panahon ng pagkaligaw. Tulad ng alibughang anak, natatanto nila na ang dating buhay nila ay may hatid na magagandang mensahe at alituntunin, at muli nilang tatanggapin ang mga pinahahalagahang iyon. Sa katunayan, nangako ang mga propeta na madarama ng mga miyembro ng pamilya na ibinuklod sa mga magulang ang tulak ng mabuting pagpapalaki sa kanila at babalik sila balang-araw.[5] Ang gayong mga pangako ay nagbibigay sa atin ng malaking pag-asa para sa sarili nating mga mahal sa buhay.

Panatilihin ang Walang-Hanggang Pananaw

Kailangan nating tandaan na hindi talaga natin alam kung ano ang mangyayari sa ating mga mahal sa buhay. Ikinuwento ng isang ama ng suwail na mga tinedyer na natutuhan niya na kahit hindi matwid ang pamumuhay ng kanyang mga anak sa ngayon, hindi niya dapat ipalagay na mapapahamak ang mga ito. Iminungkahi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na kung minsan ay naniniwala tayo na naisulat na ang katapusan ng kuwento, samantalang ang totoo, nasa kalagitnaang mga kabanata pa lamang tayo.[6] Ang pagbilang ng Diyos ng panahon ay lubhang kakaiba sa atin, at hindi natin alam kung paano magwawakas ang kuwento ng bawat tao.

Kung alam lang natin na kalaunan ay babalik ang ating mga kapamilya, mababago kaya nito ang mga kilos natin sa kuwento ng ating buhay ngayon? Naniniwala ako na maaari tayong mabuhay nang may higit na kapayapaan, pagmamahal, at pagtanggap. Habang sinisikap nating gawing maganda ang wakas ng ating kuwento, makakatulong ang alalahanin na maaari nating piliing lapitan ang mga mahal natin sa buhay nang may kapayapaan at pagmamahal sa halip na may galit at takot. Isinulat ni Pablo, "Sapagka't hindi tayo binigyan ng Dios ng espiritu ng katakutan; kundi ng kapangyarihan at ng pag-ibig at ng kahusayan" (II Kay Timoteo 1:7). Gaya ng sabi ni Elder Carmack: "Huwag sumuko kailanman. Kung parang hindi ninyo maabot ang inyong anak na babae o lalaki sa ngayon, maaari naman kayong patuloy na magsikap na lamang at patuloy silang mahalin. . . . Huwag patangay sa nakapaparalisang pangongonsiyensya at kawalan ng pag-asa. Humingi ng espirituwal na tulong at kapayapaan. Maging matatag at matapang. Malalampasan ninyo ito."[7]

Hindi pa bumabalik sa simbahan ang anak ko. Pero malinaw ang aming mga mithiin; kapwa namin sinisikap na manatiling malapit sa isa't isa. Madalas kaming magkausap, at alam ko na ang pagpapalaki sa kanya bilang LDS ay nakatulong sa kanya na maging mabait, disiplinado, at maalalahanin. Kahit hindi ko pipiliin para sa kanya na tahakin ang landas na kasalukuyan niyang tinatahak, nagpapasalamat ako sa mga aral na natututuhan namin habang daan. At napanatag ako nang tanggapin ko ang magkaiba naming katayuan sa paglalakbay namin pauwi. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Massachusetts, USA.

MGA TALA

1. David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1964, 5; sinipi mula sa J. E. McCulloch, *Home: The Savior of Civilization* (1924), 42.
2. John K. Carmack, "When Our Children Go Astray," *Ensign,* Peb. 1997, 9.
3. John K. Carmack, "When Our Children Go Astray," 9.
4. John A. Widtsoe, "Temple Worship," *The Utah Genealogical and Historical Magazine,* tomo. 22 (1921), 63–64, sinipi sa David B. Haight, "Temples and Work Therein," *Ensign,* Nob. 1990, 61.
5. Tingnan sa "Hope for Parents of Wayward Children," *Ensign,* Set. 2002, 11.
6. Dieter F. Uchtdorf, "Makita ang Wakas Mula sa Simula," *Liahona,* Mayo 2006, 42–45.
7. John K. Carmack, "When Our Children Go Astray," 10, 13.

PAGDARAOS NG ISANG MAINAM NA

Pangkatang Talakayan

Ni Dustin West
Seminaries and Institutes

Kapag namuno kayo sa isang talakayan tungkol sa ebanghelyo, maaaring makatulong na isipin ang inyong sarili bilang tagakumpas sa isang orkestra. Ang mga tinuturuan ninyo ay hindi ang mga tagapakinig sa konsiyerto. Sila ay nasa orkestra, tinutugtog ang kanilang bahagi upang makalikha ng musika. Ang tagakumpas ang nangangasiwa sa mga tumutugtog, na pinalalabas ang pinakamahusay na magagawa ng bawat isa, at tumutulong na maging sining na nagbibigay-inspirasyon ang kanilang musika.

Ang makabuluhang mga talakayan tungkol sa ebanghelyo ay parang magandang musika. Ang isang magandang talakayan ay nagbubunga ng mas malalim na pang-unawa sa mga doktrina ng ebanghelyo na tinatalakay at nagkakaroon sila ng tunay na hangaring ipamuhay ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

Ang makabuluhang mga talakayan tungkol sa ebanghelyo ay parang pagkumpas sa magandang musika. Ang isa sa mahahalagang tungkulin ng guro ay pamahalaan ang talakayan para magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na madama ang Espiritu at matuklasan ang mga katotohanan sa kanilang sarili.

Narito ang ilang alituntuning higit na magpapaganda sa mga talakayang pinamumunuan ninyo:

Magturo ng mga tao, hindi ng mga aralin. Ang mga tinuturuan ninyo ay magiging mas handang makibahagi sa mga talakayan kapag nadama nila na mas nagmamalasakit kayo sa kanila kaysa matapos lang ang aralin. Nais madama ng mga mag-aaral na naihanda ninyo ang inyong sarili na patatagin at palakasin ang kanilang pananampalataya sa Panginoon, sa halip na magbigay lamang ng impormasyon. Ang mga mag-aaral na nakadarama ng pagmamahal ng kanilang guro at ng iba nilang mga kaklase ay magiging mas handang magbahagi ng mga ideya at karanasan.

Mag-anyaya ng inspirasyon. Ang pagsasama-sama ay pagkakataon para tumanggap kayo at ang mga tinuturuan ninyo ng paghahayag, hindi lang basta pagkakataon para maibahagi ninyo ang inyong nalalaman. Ang isa sa mahahalagang tungkulin ng guro ay pamahalaan ang talakayan para magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na madama ang Espiritu at matuklasan ang mga katotohanan sa kanilang sarili. Kapag dumaloy ang paghahayag, lahat ay sumisigla—kapwa ang guro at ang mga mag-aaral—at magkasama silang nagsasaya (tingnan sa D at T 50:22). Malalaman ninyo na ang inyong mga talakayan ay magpapasigla kapag natututo kayo mula sa Espiritu at nagtuturo kayo sa pamamagitan ng Espiritu.

SA GURO: "MAITUTURO KO BA ANG LAHAT SA ORAS NA IBINIGAY SA AKIN?"

Ang mga materyal ng aralin, mga kabanata ng banal na kasulatan, mga ideyang inyong natamo habang nag-aaral—lahat ay napakaganda, ngunit ang mga oras ng pag-aaral ninyo kadalasan ay hindi mauulit sa nakalaang oras ng pagtuturo. Ang inyong tungkulin ay hindi para ibahagi ang lahat ng natutuhan ninyo kundi pamahalaan ang oras ng klase sa paraang matutuklasan ng mga mag-aaral ang mga katotohanan sa kanilang sarili—tulad ng ginawa ninyo sa inyong sariling paghahanda. Humingi ng tulong sa panalangin, at ituturo sa inyo ng Espiritu Santo kung ano ang pagtutuunan ninyo. Kapag nagtuon kayo sa ilang katotohanan, magkakaroon kayo ng mas makabuluhang talakayan na tumatagos sa kaibuturan ng puso ng mga tinuturuan ninyo.

Anyayahan ang lahat na makibahagi. Ang pakikibahagi ay hindi nangangahulugan na lahat ay kailangang sumagot nang malakas sa isang tanong. Mas gusto ng ilan na makibahagi sa pamamagitan lamang ng pakikinig o pagtatala. Ang iba ay handang magbahagi ng kanilang mga ideya basta't nabigyan sila ng panahong mag-isip at maghanda. Maaari ninyong kontakin nang maaga ang ilan sa mga tinuturuan ninyo at paghandain silang magbahagi ng kanilang mga ideya tungkol sa isang partikular na paksa.

May iba pang mga paraan para matulungan ang mga mag-aaral na makilahok sa talakayan. Halimbawa, maaari ninyong:

- Hilingin sa kanila na pagnilayan kung paano nila sasagutin ang isang tanong bago ninyo sila hingan ng sagot.
- Hilingin sa kanila na isulat ang kanilang mga sagot sa isang pirasong papel. Pagkatapos ay maaari ninyong tawagin ang ilan sa kanila na ibahagi sa iba ang kanilang mga sagot.
- Anyayahan silang sagutin ang mga tanong na may katabi sila sa upuan o sa maliliit na grupo.

Kung minsan maaari kayong magkaroon ng miyembro sa grupo na nangingibabaw sa talakayan. Kung mangyari ito, maaari ninyong sabihing, "Pakinggan naman natin ang hindi pa nakakapagbahagi." Sa ilang pagkakataon maaaring kailangan ninyong kausapin ang taong ito nang sarilinan para pasalamatan siya sa pagbabahagi at ipaliwanag ang kahalagahan ng paghimok sa iba pang miyembro ng klase na magbahagi.

Huwag matakot sa katahimikan. Ang katahimikan ay maaaring ipalagay na paghupa sa inyong talakayan, ngunit para sa mga mag-aaral, ito ay mahalagang panahon para magnilay.

Magbigay ng makabuluhang mga tanong. Magbigay ng mga tanong na humihikayat sa mga mag-aaral na pagisipan nang malalim ang kahulugan ng mga talata sa banal na kasulatan at mga alituntunin ng ebanghelyo. Habang naghahanda kayo ng inyong lesson, isipin ang mga tanong na tutulong sa inyong mga tinuturuan na maunawaan at maipamuhay ang mga katotohanang natututuhan nila. Ang ilang tanong na maganda ang pagkakasabi ay makakagawa ng malaking kaibhan.

Makinig na mabuti. Kadalasan ay lubhang nag-aalala ang mga guro sa susunod nilang sasabihin kaya hindi na nila pinakikinggang mabuti ang mga komento. Kung taos kayong makikinig sa mga tinuturuan ninyo, madarama nila na pinahahalagahan sila at mas malamang silang makibahagi. Ipinahayag ni Pangulong Thomas S. Monson: "[Lahat] ay may kuwento na naghihintay na maibahagi. Ang pakikinig ay isang mahalagang elemento habang tayo ay nagtuturo [at] natututo" ("Mga Halimbawa ng Magagaling na Guro," *Liahona,* Hunyo 2007, 76).

Ang mga mag-aaral na nakadaramang mahal sila ng kanilang guro at iba pang mga kaklase ay magiging mas handang magbahagi ng mga ideya at karanasan.

Magbigay ng karugtong na mga tanong. Kapag nagbahagi ng mga ideya at karanasan ang mga mag-aaral, maaari ninyong madama na marami pa silang maibabahagi. Isiping ibigay ang karugtong na mga tanong na tulad nito: Bakit ito mahalaga sa iyo? Kailan mo nakitang nangyari ito sa buhay mo? Ano ang kahulugan nito sa buhay natin ngayon? Sino pa ang may gustong sabihin tungkol dito? Sino ang may kaugnay na ideya na gusto ninyong ibahagi? Anong iba pang mga talata sa banal na kasulatan ang nagtuturo ng katotohanang ito?

Pasalamatan ang mga sagot. Kapag sumagot ang isang tao, kailangan itong pahalagahan sa anumang paraan. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpapasalamat sa sagot o pagbibigay ng karugtong na tanong.

Panatilihing dalisay ang doktrina. Tandaan na ang pangunahing mithiin ng pagtuturo ng ebanghelyo ay hindi lang basta magkaroon ng magandang talakayan. Bagkus, ito'y para matutuhan ang doktrina upang mabago ang ating puso at magbagong-loob tayo. Sa oras ng talakayan, bahagi ng inyong responsibilidad ang tiyakin na totoong doktrina ang itinuturo.

Kung may gustong magbahagi ng maling doktrina, responsibilidad ninyong ipahayag nang tama ang mga doktrina. Maaari ninyong gamitin ang tamang bahagi ng sagot, maaari kayong magbahagi ng isang talata sa banal na kasulatan o magturo mula sa pangkalahatang kumperensya, o magpatotoo.

Gamit ang mga ideyang ito, maaari kayong magkaroon ng magandang talakayan tungkol sa ebanghelyo. Hindi kayo gagamit ng mga talakayan para lang palipasin ang oras. Maaari kayong mamuno sa mga epektibong talakayan para makatanggap ng personal na paghahayag ang mga mag-aaral, para magkaisa sila, at para mapalalim ang pagunawa nila tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. ■

SA MAG-AARAL: MAHALAGA ANG IYONG PAKIKIBAHAGI

Ang pagkakaroon ng magandang talakayan tungkol sa ebanghelyo ay responsibilidad kapwa ng mag-aaral at ng guro. Narito ang ilang sitwasyon na maaaring pinag-iisipan mo:

May gusto akong sabihin, pero hindi nagtatanong ang guro ko. Dapat ba akong sumingit?

Maaari mong hintayin ang angkop na sandali na tumingin sa iyo ang guro at isenyas mo na handa kang mag-ambag. Kung inspirado kang magbahagi, gawin ang lahat para kumilos ayon sa pahiwatig na iyon.

Hindi ko tiyak kung ang sasabihin ko ay mahalaga, kaya dapat pa ba akong magtaas ng kamay?

Mayroon kang pananaw at mga karanasan na maaaring wala ang iba. Kapag naghanda ka para sa klase, magtatamo ka ng personal na mga ideya na maaaring maging pagpapala sa iba pang mga mag-aaral.

Itinuro ni Elder Richard G. Scott (1928–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol na kapag nagtaas tayo ng kamay sa isang talakayan tungkol sa ebanghelyo, "ipinahihiwatig [natin] sa Espiritu Santo ang [ating] kahandaang matuto." Kaya kung ang sagot mo ay angkop sa paksa at may oras pa, puwede mong ibahagi ito. Ipinaliwanag ni Elder Scott, "Ang pakikibahagi ay nagtutulot sa mga tao na *maranasan* na maakay ng Espiritu" ("To Learn and to Teach More Effectively" [Brigham Young University Education Week devotional, Ago. 21, 2007], 5, speeches.byu.edu).

Natatakot akong magsalita sa harap ng napakaraming tao. Ano ang gagawin ko?

Habang sinisikap mong daigin ang takot na ito, maaari kang magsimula nang paunti-unti. Subukang magboluntaryo na magbasa ng isang talata o isang sipi. Pagkatapos ay humanap ng mga pagkakataong sagutin ang mga tanong o magbahagi ng mga ideya. Habang ipinapakita mo ang kagustuhan mong makibahagi, bibiyaan ka ng lakas ng loob na magsalita at ng mga salitang sasabihin. Kapag "ibinuka [natin] ang [ating] mga bibig," makikita natin na "ang mga ito ay mapupuno" (D at T 33:10).

Kung sa tingin mo ay madaling magkomento, maaari mong itanong sa iyong sarili kung may paraan, sa halip na muling magbahagi ng sarili mong mga ideya, para mahikayat mong magkomento ang isa sa mga kaklase mo.

Muling Pag-aasawa

Isang Pakikipagsapalaran sa Pagpapasensya at Pagmamahal

Ang pinagsamang pamilya ay nangangailangan ng dobleng pagpapasensya. Ngunit maaari din itong makalikha ng dobleng pagmamahal.

Ni Heidi Eljarbø Morrell Andersen

Ang diborsyo ay hindi naging bahagi ng aking bokabularyo hanggang sa mangyari ito sa akin. Matagal akong nakadama ng pagkapahiya sa tuwing tatanungin ako tungkol sa kalagayan naming mag-asawa. "Diborsyado ako." Halos hindi ko ito masabi nang malakas—para bang nagsasalita ako ng masama.

Gayunman, iyon ang kalagayan ko, at nahirapan akong tanggapin iyon. "Makakakita ka rin ng iba," sabi ng mga kaibigan ko. Pero hindi ako interesado at wala akong hangaring mag-asawang muli. Sapat na ang apat na anak ko para maging abala ako.

Hanggang isang araw, hindi inaasahan o hindi bahagi ng mga plano ko sa hinaharap, nakilala ko si Arnfinn, at ikinagulat ko na naging maganda ang pag-uusap namin at masaya akong makasama siya habang tumatagal. Matalino siya,

guwapo, at masayang kasama. Nang hingin niya ang aking kamay, hindi ko alam kung ano ang kinabukasang naghihintay sa amin, pero alam kong siya ang gusto kong makasama sa kinabukasang iyon. Naglaan kami ng panahon para "ayusin ang mga gusot," sabi nga ni Arnfinn, at nakasal kami sa Stockholm Sweden Temple noong taglagas ng 1997.

Ang pag-aasawa nang halos 40 na ang edad ay hindi katulad sa unang pagkakataon. Nakakakilig pa rin ang umibig, at pareho pa rin ang kagalakan sa isang bagong relasyon, pero ngayo'y mayroon kaming dalawang dating asawa, isang suwail na aso, isang maingay na ibon, at siyam na anak, edad 3 hanggang 17. Mabuti na lang, ang sariwa naming pag-iibigan ay sapat na para malampasan namin ang mga araw ng pagsubok na darating.

LARAWANG KUHA NG STOCKHOLM SWEDEN TEMPLE

Ang Susi sa Pagkakaunawaan

"Parang hindi kami laging magkapareho ng opinyon tungkol sa mga bagay-bagay," sabi ni Arnfinn isang araw. Dahil iyan sa apatnapung taon ng mga nakagawian na at paggawa ng mga bagay-bagay sa sarili mong paraan. Edad 19 ako noong una akong mag-asawa, at ang mga karaniwang gawain at tradisyon ay nabuo sa pagdaan ng mga panahon. Nalaman namin ni Arnfinn na ayos lang iyon at mas mainam pa ngang magkaroon ng higit pa sa isang opinyon. Hindi naman ito nangahulugan na tama ang isa at ang isa ay mali. Ang mga opinyon ay hinuhubog ng maraming bagay sa buhay, at ang paggalang at pakikinig ay naging mahahalagang salita sa pag-unawa namin sa isa't isa.

Sinikap din naming magkaunawaan kung paano pagsasamahin ang aming buhay—saan titira, paano pangangasiwaan ang kabuhayan ng pamilya, at aling mga tradisyon sa bakasyon ang ipagpapatuloy. May ilan pang gusot na lulutasin habang daan, ngunit kung gugunitain, ang ilan ay tila hindi na gaanong mahalaga ngayon. Pagkakasundo at pagmamahalan sa tahanan ang naging mithiin namin.

Ang pagkakaroon ng isa pang ina na kasangkot sa aming pamilya ay lalong mahirap para sa akin. Ang dating asawa ni Arnfinn ay isang kahanga-hangang ina at nag-aalala sa kapakanan ng kanyang mga anak. Ang mga bakasyon at katapusan ng linggo ay ipinaplanong kasama siya, at kung minsan pakiramdam ko ay hindi ako makapagdesisyon sa sarili kong buhay.

Ngunit ang pagbabago ay malamang na mas higit na hamon para kay Arnfinn, na lumipat ng bahay kasama ang apat na anak, dalawa sa kanila ay tinedyer—mga batang ang personalidad ay mas magulo kaysa nakasanayan niya at lumaki sa medyo naiibang paraan kaysa gusto niya.

Magkakaibang Landas, Isang Sagot

Pagkatapos isang gabi, gabing-gabi na kaya hindi na gumagana ang utak ko, hinamon niya ako sa isang IQ test. Umupo siya sa isang panig ng hapag-kainan at nagsimulang gumawa ng mga equation at mathematical formula para masagot ang mga tanong. Nasa kabilang panig ako ng mesa at nagdodrowing ng mga larawan para malutas ang inilahad na mga problema. Natapos kami at nagkumpara ng mga sagot sa pagsusulit, para lamang matuklasan

na pareho ang mga sagot namin. Noon ko natanto na ang pagsusulit ay kahalintulad ng pagsasama namin.

Magpapaliwanag ako: May paraan siya sa paggawa ng mga bagay-bagay, at iba naman ang paraan ko. Pero iisa ang mithiin namin, kahit magkaiba kami ng paraan. Ang pag-abot sa mga mithiing iyon ay parang IQ test: samantalang gumagawa siya ng mga equation at nagdodrowing naman ako ng mga larawan, pareho pa rin ang sagot namin.

Alam ko na hinding-hindi ko magagawa ang trabaho niya bilang abugado, at sigurado ako na mahihirapan siya sa ginagawa ko bilang manunulat at water-color artist. Ang solusyon ay katuwaan siya tuwing iba ang paraan niya sa paggawa ng mga bagay-bagay kaysa sa akin sa halip na kayamutan siya. Maaaring maging masayang karanasan sa pagkatuto ang pagkakaiba namin kung hahayaan namin ito. Sinabi ko kay Arnfinn isang araw, "Kung tuturuan mo ako ng ilang bagay at tuturuan kita ng ilan, balang araw ay magkakasundo rin tayo." Kailangan ay pareho kaming madaling turuan, at tuluy-tuloy na proseso ito. Naging mahalagang salita ang paghanga.

Kung si Inay at si Itay ay magkaiba ng ugali, makatitiyak ka na magiging malaki rin ang pagkakaiba ng mga anak. Pinagsikapan naming harapin ang araw-araw na mga problema ng magkaibang kagawian sa pagkain, estilo ng pananamit, oras ng pagtulog, at paggawa ng mga gawaing-bahay, bukod pa sa iba. Sa matagal na panahon tinagurian namin ang mga bata na "anak ko" at "anak mo" at hindi namin naisip palagi na ang biglaang pagsasama nila ay magiging gayon kasaya.

Ipinaalam sa akin ng pinakapanganay na babae na malapit naman na siyang umalis ng bahay at gusto niya akong maging masaya; ang sumunod na dalawang babae ay ni hindi yata gusto ang isa't isa; at ang isa sa mga lalaki ay lumalabas ng kanyang silid tuwing ikalawang katapusan ng linggo at natutulog sa sopa tuwing darating ang kinakapatid niyang mga lalaki. Hindi siya nagreklamo tungkol diyan kahit kailan, at pinasasalamatan ko iyan.

Pagbibigay ng Puwang sa mga Mahal Natin sa Buhay

Palaging may puwang para sa mga mahal ninyo sa buhay. Inayos namin ang silid-tanggapan malapit sa salas para matulugan ng aming mga magulang at pinatulog namin ang mga bata sa mga kuwarto sa itaas. Ang dalawang telebisyon at dalawang banyo ay naging pangangailangan sa halip na karangyaan. Ang ilang araw na pagsasarilinan ng bagong-kasal na mga magulang minsan sa isang taon ay mahalagang puhunan din para sa kinabukasan namin bilang isang pamilya.

Ang mga Sabado at iba pang mga kaganapan ay ipinaplano nang maaga; ang pagkain, laro, at mga aktibidad ay kinailangang umangkop sa karamihan ng mga bata. Ang limang anak ni Arnfinn ay nakatira sa bahay ng kanilang ina sa mga karaniwang araw, at gusto kong respetuhin ang kanyang mga naisin at tiyakin din na naging masaya ang pagbisita ng mga bata sa tatay nila. Ang ibig sabihin noon ay kinailangan kong manahimik tungkol sa maliliit na bagay na nakakayamot at sa halip ay magtuon sa mga bagay na mas mahalaga para maging masaya ang kanilang pagbisita. Nagpasensya ako at nagmahal—at mas

Pag-ihip ng mga bula kasama ang tatlo sa aming mga apo. Lumaki at nagsialis na ng bahay ang aming mga anak, ngunit alam nila na laging bukas ang aming tahanan para sa kanila.

Isa sa mga tradisyon namin ang magpunta sa Stockholm Sweden Temple tuwing tag-init kasama ang mga batang kaya naming isama. Noong nakaraang taon nagbiyahe kami nang 10 oras para maisama namin ang 90-taong-gulang na ina ni Arnfinn at maibuklod siya sa kanyang mga magulang.

marami pang pasensya, bukod pa sa mga biruan.

Ang magugulong umaga ng Linggo ay isang malaking pagsubok. Sinikap naming lumikha ng kapaligirang may magandang klasikong musika habang ginagabayang isa-isa ang mga bata sa paglabas-pasok sa dalawang banyo bago kumuliling para sa isang masarap na almusal. Gayunman, ang pagpapalabas ng pintuan at pagpapasok sa minivan para makarating sa simbahan sa takdang oras ay isang pagsubok sa pagsunod sa diwa ng Sabbath tuwing Linggo. Kapag nakauwi na kami at masayang nakapaghapunan, panatag na kami nang sapat para masayang maglaro nang sama-sama.

Napakaraming karunungan sa mga programa at araling itinuturo sa simbahan. Ang panalangin ng pamilya, family home evening, at pagtalakay sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay nararapat bigyan ng oras at pagsisikap. Pinasaya kami ng ebanghelyo at tinulungan kaming mas maunawaan pa kung gaano kahalaga ang mga pamilya.

Nakagawa kami ng maraming bagong tradisyon pero ipinagpatuloy rin namin ang ilan na nagmula sa dati naming buhay. Tuwing tag-init dinadala namin ang mga batang kaya naming isama sa Stockholm Sweden Temple. Tumutuloy kami sa isang campground sa timog ng templo. Naging isang tradisyon ito na aming kinasisiyahan at ginagawa rin ito ng mga anak naming nag-asawa na sa kanilang mga pamilya.

Kapag nagpupunta ngayon ang aming mga anak para humingi ng payo tungkol sa pakikipagdeyt at pag-aasawa, sinasabi ko sa kanila na hindi mahalaga kung gusto ng isa ng jogging at ang isa naman ay ballet. Ang pinakamahalaga ay pareho silang masigasig sa paglilingkod sa ating Tagapagligtas at determinado silang pagsikapang maisakatuparan ang mithiing maging isang walang-hanggang pamilya.

Dobleng Pagpapasensya, Dobleng Pagpapala

Kapag may nakikilala akong mga mag-asawa na pangalawang beses nang nagpakasal, natutuwa ako sa kanila, at nagagalak na may katuwang sila at matalik na kaibigang makakasama. Ngunit naaalala ko rin na ang unang ilang taon ng pagsasama ng dalawang pamilya ay hindi puro ligaya at saya. Malaking halaga ang kailangan, at kung minsan ay iniisip namin kung bakit kailangang maging gayon ito kahirap.

Ngayon, ang mga anak naming babae na talagang ayaw sa isa't isa noong tinedyer sila ay pareho nang mga ina at masayang nagkukumpara ng mga tala sa mga hapunan ng pamilya at sabay pang nagbabakasyon sa bahay-bakasyunan ng pamilya. Ang nakapanghihikayat na mga sulat ay naipadala na sa mga anak na lalaking nasa misyon, at ang ilan sa aming mga anak na nasa ibang bansa ay binibisita ang isa't isa. Lagi silang masayang magkasama-sama para sa malalaking hapunan tuwing pista opisyal at nagagalak sa balita na may bagong-silang silang pamangkin.

Kami lang ni Arnfinn ang nasa bahay ngayon. Mayroon kaming isang masayahing aso at isang bagong munting ibon. Madalas bumisita at matulog ang mga bata sa kanilang silid tuwing bakasyon nila sa paaralan at nagbubuo ng mga bagong tahanan. Alam nila na laging bukas ang aming tahanan para sa kanila at pakakainin at mamahalin sila kapag bumisita sila.

Ang pagsasama ng dalawang pamilya ay nangangailangan ng dobleng pagmamahal at dobleng pagpapasensya. Madalas kaming magluto at maglaba ng marami, pero sulit ito. Mahal namin ang aming malaking pamilya. Ang mga pagpapala ng pagkakaroon ng dobleng dami ng mga taong mamahalin ay dobleng saya rin.

Lumalaki pa ang aming pamilya. May bagong henerasyon ng magagandang sanggol, at lahat sila ay aming mga apo! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Germany.

BINASA NIYA ANG AKING PATOTOO

Nang sagutin ko ang aking telepono, narinig ko ang tuwang-tuwang boses ng isa sa lokal na mga full-time missionary na nagsabi sa akin na may gaganaping binyag pagkaraan ng ilang araw. Ang mga binyag, mangyari pa, ay lagi nang isang dahilan para matuwa ang mga missionary, ngunit hindi pamilyar sa akin ang pangalan ng babaeng bibinyagan. Subalit iginiit ng elder na dumalo ako sa binyag dahil may sorpresang naghihintay sa akin. Ayaw na niyang sabihin sa akin ang iba.

Sa araw ng binyag, maaga akong dumating sa simbahan para alamin kung ano ang sorpresang iyon. Pero hindi ko kilala ang bata pang sister—si Alice—na bibinyagan, at wala itong pahiwatig na kilala niya ako.

Matapos ang magandang binyag na puspos ng Espiritu, hinawakan ni Alice ang isang Aklat ni Mormon at pinatotohanan ang katotohanan nito at nagpasalamat sa mga turo nito, lalo na sa patotoo nito tungkol sa Tagapagligtas. Sa kanyang patotoo, sinabi niya kung paano nakarating sa kanya ang aklat. Nagtatrabaho siya sa kiosk sa isang lokal na shopping mall. Isang araw dumating ang isang babae at ibinigay nito ang aklat sa boss niya. Hindi interesado ang boss niya at inilagay ito sa isang estante.

Di-nagtagal, nang ililipat na ang kiosk sa ibang lugar, inutusan ng boss si Alice na itapon ang aklat. Pero dahil gusto itong usisain ni Alice, tiningnan niya sandali ang aklat, at itinanong kung puwedeng sa kanya na lang iyon.

Iniuwi ni Alice ang Aklat ni Mormon, binasa niya ito sa loob ng ilang linggo, at nakumbinsi siya sa katotohanan nito. Pero hindi niya alam kung ano ang gagawin. Makalipas ang ilang buwan nakakita siya ng ibang trabaho, kung saan nakatrabaho niya ang isang Banal sa mga Huling Araw. Tinanong niya ito tungkol sa Aklat ni Mormon at sa Simbahan, at inanyayahan siya ng mag-asawa na kausapin ang mga missionary.

Pagkatapos ay sinabi ng sister na ito na gusto niyang basahin ang patotoong nakasulat sa harapan ng kanyang Aklat ni Mormon. Sa akin ang patotoong iyon. Naisulat ko iyon doon bago ko iyon ibinigay sa boss ni Alice sa kiosk.

Galak na napangiti ang mga elder. Ito ang pinakamagandang sorpresang naranasan ko sa buhay ko! Pagkatapos ng binyag, agad akong niyakap ng bagong sister na ito.

Gustung-gusto kong masaksihan ang binyag ni Alice at makinig sa kanyang abang patotoo, na natamo niya sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon at pagdarasal ayon sa payo ni Moroni: "Kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaaalam ang katotohanan nito sa inyo" (Moroni 10:4).

Puno pa rin ako ng malaking pasasalamat na nagkaroon ako ng maliit na bahagi sa pagtulong sa isa sa mga anak ng Diyos na matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo ni Jesucristo. ■

Faith Watson, Utah, USA



Nang ililipat na ng lugar ang kiosk, inutusan ng boss si Alice na itapon ang aklat. Pero dahil gusto itong usisain ni Alice, itinanong niya kung puwedeng sa kanya na lang iyon.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Nag-alala akong masyado tungkol dito at inisip ko kung paano ko matutulungan ang mga anak ko na tustusan ang mga gastusin sa kanilang misyon.

MAGPALAKI NG KARAPAT-DAPAT NA MGA ANAK NG LALAKI

Ilang taon na ang nakararaan, noong single mother ako, na puno ng pag-aasikaso at pagsuporta sa apat na anak ko, isang bukas-palad na kaloob mula sa aking ina at kapatid na lalaki ang nagtulot sa akin na makabalik sa kolehiyo. Habang nagmamaneho ako papasok sa paaralan, iniisip ko ang aking mga inaasam at pinapangarap para sa aking mga anak. Ako ay isang convert sa Simbahan. Ang pinakamimithi ko ay magkaroon sila ng pagkakataong ituro ang ebanghelyo sa iba at mapaligaya silang katulad ko.

Isang umaga, habang nagmamaneho ako papasok sa paaralan, naisip ko ang aking dalawang panganay na anak na lalaki, na 22 buwan ang pagitan ng edad. Kung naglingkod sila, matatapos ng panganay ang kanyang misyon kasabay ng pagsisimula sa misyon ng kanyang kapatid. Nag-alala akong masyado tungkol dito at inisip ko kung paano ko sila matutulungang tustusan ang gastusin sa kanilang misyon. Hindi ko nga tiyak kung makakahanap ako ng pera para maipadala ang panganay, paano pa ang pangalawa.

Nagpatuloy ang pagkaligalig na ito nang apat na araw, habang nananalangin ako para sa sagot. Sa ikalimang araw dumating ang sagot: "Magpalaki ng karapat-dapat na mga anak na lalaki. Madaling makahanap ng pera; pero hindi madaling makahanap ng karapat-dapat na mga anak na lalaki."

Napuspos ng pasasalamat ang puso ko. Napakalayo ng sagot sa mga alalahanin ko tungkol sa pera kaya nagulat ako. Ang trabaho ko ay magpalaki ng karapat-dapat na mga anak. Maari akong magdaos ng family home evening, magsimba, padaluhin ang mga anak ko sa seminary, at tulungan ang mga anak ko sa mga aktibidad ng Young Men. Maaari kong gawing bahagi ng buhay ng aming pamilya ang pagdarasal, pag-aayuno, at pagbabasa ng banal na kasulatan. Alam ko na kung gagawin ko ang aking tungkulin, maaaring magkaroon ng pagkakataon ang mga anak ko na makapagmisyon.

Bukod sa aming pang-araw-araw na gawain, nagkaroon kami ng kahanga-hangang home teacher na minahal ang pamilya namin. Silang mag-asawa ay matapat na bumisita sa amin bawat buwan. Tinuruan niya ng mga lesson ang mga anak ko, binigyan sila ng mga basbas, at dumalo siya sa kanilang mga sports event. Isinama ng mga kaibigan namin ang mga anak ko sa mga stake priesthood meeting at magdamagang kamping. May mga miyembro ng stake na nagbigay sa kanila ng pagkakataong magtrabaho at kumita ng pera, mga kapitbahay na parang isa pang pares ng mga magulang, at mga guro sa paaralan na nagturo sa kanila ng disiplina at tiyaga sa pag-aaral, musika, at sports.

Nang mag-19 anyos ang panganay kong anak, sapat na ang pera para sa kanyang misyon. Ang kinalabasan, sapat na ang pera para makapagmisyon ang lahat ng apat na anak. Naglingkod sila sa Mexico at Brazil at sa South Carolina at Virginia, USA. Sabay pa ngang naglingkod ang dalawang bunso!

Dahil sa karanasang iyon madalas kong maisip ang mga salita ng Panginoon sa Isaias: "Sapagka't ang aking mga pagiisip ay hindi ninyo mga pagiisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon" (Isaias 55:8).

Ang mga dalangin ay sinasagot kapag sinunod natin ang payo na ating natanggap, at kadalasan ay kasunod nito ang mga pagpapala. Alam ko na ang paglilingkod ng aking mga anak sa Panginoon ay nagpabago sa buhay nila at ng mga tinuruan nila. Napagpala ng kanilang paglilingkod ang aming tahanan at patuloy nilang gagawin iyon sa pagdaan ng mga henerasyon. ■

Janness Johnson, California, USA

PAGLALARAWAN NI STAN FELLOWS

DALAWANG BINYAG LANG?

Habang naglilingkod ako bilang president ng Guatemala Guatemala City Mission, nakatanggap kami ng ilang bagong full-time missionary. Nang magpakilala ako sa mga missionary, ikinuwento ko sa kanila ang aking pagbabalik-loob at binyag.

Ikinuwento ko na itinuro sa akin nina Elder David Tree at Wayne Matthews ang ebanghelyo noong siyam na taong gulang ako at nakatira sa Glendive, Montana, USA. Dinala ako ng dalawang missionary at ng isang miyembro ng Glendive Branch sa Williston, North Dakota, USA, isang araw ng taglamig noong 1957 para binyagan sa bautismuhan ng isang meetinghouse doon.

Pagkatapos kong magkuwento at nang interbyuhin ko ang mga bagong missionary, sinabi sa akin ng isa sa kanila, si Elder Benjamin Pixton, na lolo niya si David Tree. Napakagandang sorpresa! Nabinyagan ni Elder Tree ang isang siyam-na-taong-gulang na batang lalaki sa Glendive, Montana, at pagkaraan ng halos 50 taon ay tinawag ang batang iyon bilang mission president ng kanyang apong lalaki.

Nang sunduin ng kanyang mga magulang at lolo't lola si Elder Pixton pagkatapos ng kanyang misyon, nasiyahan akong makitang muli si David Tree. Sa aming pag-uusap, ipinakita ko sa kanya ang Aklat ni Mormon—na may mensahe at pangako na isinulat niya—na ibinigay niya sa akin sa araw ng binyag ko.

Sinabi sa kanya ng ina ni Elder Pixton na walang gaanong ikinuwento ang kanyang ama tungkol sa kanyang misyon. Pakiramdam niya ay hindi siya lubhang nagtagumpay dahil dalawa lang ang nabinyagan niya: isang dalaga at isang siyam-na-taong-gulang na batang lalaki.

Sa pagkilala ng utang-na-loob sinabi ko sa kanya na dahil sa kanyang mga pagsisikap, sumapi ang buong pamilya ko sa Simbahan kalaunan at na kami ng kapatid ko, pati na ang siyam na

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

Dinala ako ng dalawang missionary at ng isang miyembro ng Glendive Branch sa Williston, North Dakota, USA, isang araw ng taglamig noong 1957 para binyagan sa bautismuhan ng isang meetinghouse doon.



anak naming lalaki, ay naglingkod sa full-time mission. Dahil sa kanyang paglilingkod sa misyon, sabi ko, napakaraming taong naturuan ng ebanghelyo at sumapi sa Simbahan.

Maraming mabubuti, karapat-dapat, at dedikadong mayhawak ng priesthood ang nag-alaga sa akin noong bata pa ako at noong nagbibinata na ako, simula kay Elder Tree at sa kanyang kompanyon na si Elder Matthews. Lagi akong magpapasalamat na itinuro nila sa akin ang ebanghelyo ni Jesucristo at dinala ako sa kaharian ng Panginoon, kung saan Niya ako napagpala nang sobra-sobra. ■

Thomas R. Coleman, Kansas, USA

PAGDARASAL NANG MAY TUNAY NA LAYUNIN

Noong 1960 may nakilala akong binata sa isang party na nagsabi sa akin na dumalaw si Jesucristo sa mga lupain ng Amerika pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Humanga ako sa ideya at ginusto kong malaman pa ang iba, kaya nagsimula akong magsaliksik sa mga aklatan at magtanong sa iba't ibang sekta ng relihiyon sa aking bayang sinilangan sa San Miguel, El Salvador.

Halos tatlong taon akong nagsaliksik pero wala akong natagpuan. Nang banggitin ko sa mga pinuno ng relihiyon na narinig ko na ang tungkol kay Cristo sa mga lupain ng Amerika, nalinlang daw ako. Dahil wala akong natagpuang impormasyon, naniwala ako kalaunan na tama sila.

Isang araw, dalawang missionary mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang nagpunta sa bahay at nagsabi na may mahalagang mensahe sila para sa pamilya ko. Agad kong itinanong sa kanila, "Alam ba ninyo kung nagpunta si Jesucristo sa mga lupain ng Amerika?"

Sabi ng isa sa kanila, "Pinatototohanan namin iyan."

Sa sandaling iyon nakadama ako ng malaking katuwaan sa aking puso't isipan at itinanong ko, "Paano mo nalaman iyan?"

May kinuha siyang aklat sa kanyang bag at sinabi niya, "Alam naming naparito si Cristo dahil sa aklat na ito, ang Aklat ni Mormon."

Nabagabag ako sa itinuro sa akin ng mga missionary sa unang talakayan, at nagduda ako sa kuwento ng pangitain ni Propetang Joseph tungkol sa Ama at Anak.

Gayunman, naintriga ako sa Aklat ni Mormon, at patuloy akong tinuruan ng mga missionary. Isang hapon tinanong nila ako, "Nagdasal ka na ba para malaman kung totoo ang itinuturo namin sa iyo?"

Sinabi ko sa kanila na nagawa ko na iyon pero wala pang sagot.

"Dapat kang manalangin nang may tunay na layunin," sabi nila.

Ilang gabi ko nang binabasa ang Aklat ni Mormon. Nabasa ko na at naniwala ako na nagpakita si Jesucristo sa mga Nephita. Pero hindi ko pa rin matanggap ang pangitain ni Joseph Smith. Hirap na hirap ang kalooban ko.

Isang gabi lumuhod akong mag-isa at ibinuhos ang aking damdamin sa Diyos. Sabi ko, kailangan kong malaman kung totoong nagpakita Siya kay Joseph Smith. Kung totoo, nangako ako sa Kanya na magpapabinyag ako sa Simbahan at maglilingkod sa Kanya habambuhay.

Nang bumangon ako nang maaga kinabukasan, dumating ang sagot sa akin sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Napanatag ang aking isipan at napuspos ng kapayapaan ang puso ko. Mula sa sandaling iyon hanggang ngayon, wala na akong kaduda-duda na si Joseph Smith ay tunay na propeta ng Diyos, na ang Aklat ni Mormon ay isa pang tipan ni Jesucristo, at na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Alam ko na si Cristo ay nagpunta sa mga lupain ng Amerika pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Nalulugod ang aking kaluluwa sa kagilagilalas na kaalamang ito na itinuro sa akin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. ■

Carlos Rene Romero, El Salvador

Ano ang Maituturo sa Atin ng Aklat ni Mormon tungkol sa Kaligayahan?

Ni Hank R. Smith
Instructor of Religious Education, Brigham Young University

Itinuro ni Lehi sa anak niyang si Jacob, "Ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan" (2 Nephi 2:25).

Nais nating lahat na lumigaya. Madalas nating panabikan ang katuwaan, kapayapaan, at kasiyahang nakikita natin sa ating mga kapamilya at kaibigan na ang buhay ay tila puspos ng kaligayahan. Lahat ay nakadama na ng kawalan ng kaligayahan sa kanilang buhay sa iba't ibang pagkakataon. Maaari pang itanong ng ilan, "Liligaya kaya ako?"

Sabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Isinama rito ng Panginoon [sa Aklat ni Mormon] ang Kanyang mensahe sa inyo. Alam ito nina Nephi, Mormon at Moroni, at ang bumuo nito ay naglagay rito ng mga mensahe para sa inyo."[1] Dahil hangad ng Diyos na lumigaya ang lahat ng anak Niya sa buhay na ito, naglagay Siya ng walang-hanggang mga alituntunin ng kaligayahan sa Aklat ni Mormon. Bagama't makikita ninyo ang mga alituntuning ito sa buong aklat, dalawang partikular na kabanata—2 Nephi 5 at 4 Nephi 1—ang naglalaman ng malilinaw na gabay na aakay sa atin sa ibayong kaligayahan kung handa tayong ipamuhay ang mga ito.

Itinuturo sa atin ng pitong alituntuning mahahango natin mula sa dalawang kabanata sa Aklat ni Mormon kung ano ang kailangang gawin para tunay na lumigaya.

2 Nephi 5

Hindi nagtagal pagkamatay ni Lehi, binalaan ng Panginoon si Nephi na tatangkain siyang patayin nina Laman at Lemuel. Sinabi ng Panginoon kay Nephi na isama ang mga gustong sumama sa kanya at tumakas patungo sa ilang. Bagama't tiyak na mahirap ang paglalakbay na ito at ang pagtatatag ng isang bagong komunidad, sa 2 Nephi 5:27, ipinaliwanag ni Nephi, "Ito ay nangyari na, na kami ay namuhay nang maligaya." Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng isang huwaran ng kaligayahan na masusundan natin sa ating sariling buhay.

Pagpapanatili ng Masasayang Pakikisalamuha

Sinabi sa atin ni Nephi na ang mga sumama sa kanya sa pagtakas patungong ilang ay ang mga "naniniwala

MGA PAGLALARAWAN NI KAYLEIGH JOLLEY





Ang pakiramdam ng pagsasakatuparan na kadalasa'y kaakibat ng kasipagan ay nagdudulot ng kaligayahan.

sa mga babala at paghahayag ng Diyos" (talata 6). Ang isang mahalagang pinagmumulan ng kaligayahan ay ang mga taong kasalamuha natin. Mahalagang pag-ukulan natin ng oras ang ibang mga taong kapareho natin ang paniniwala at masayang kasama. Bukod pa sa pag-uukol ng oras sa piling ng mga kapamilya, maaari tayong magkaroon ng masasayang pakikisalamuha sa mga kaibigang nagpapalakas ng ating pananampalataya. Ang mga pakikipag-ugnayan at pakikisalamuhang iyon ay may malaking epekto sa ating kaligayahan. Isinulat ni Christine Carter, isang sociologist sa University of California, Berkeley, "Ang dami at kalidad ng pakikitungo ng isang tao sa iba—mga kaibigan, kapamilya, kapitbahay, atbp.—ay napakalaki ng kaugnayan sa kapakanan at personal na kaligayahan nilang dalawa."[2]

Pag-aayon ng mga Kilos sa mga Paniniwala

Sa talata 10, isinulat ni Nephi na sinunod ng kanyang mga tao "ang mga kautusan ng Panginoon." Ang pagsunod sa mga kautusan ay mahalagang bahagi ng maligayang pamumuhay. Hinikayat ni Haring Benjamin ang kanyang mga tao na "isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos" (Mosias 2:41). Mahirap para sa atin ang lumigaya kapag naniniwala tayo sa mga utos ng Diyos pero hindi natin sinusunod ang mga ito. Ang pagsunod ay nagdudulot ng kapayapaan ng isipan at kapayapaan ng budhi. Isinulat daw ng Indian spiritual at political leader na si Mahatma Gandhi na, "Ang kaligayahan ay kapag ang iyong iniisip, sinasabi, at ginagawa ay magkakatugma." Kapag hindi magkatugma ang ating mga paniniwala at kilos, pagsisisi ang susi para muling magkaroon ng pagtutugma sa ating buhay.

Pagsisipag

Sa mga talata 11 at 15 ng 2 Nephi 5, isinulat ni Nephi na ang kanyang mga tao ay nagtanim at umani ng mga pananim, nag-alaga ng mga hayop, nagtayo ng mga gusali, at nagtrabaho sa iba't ibang minahan. Sabi niya, "Ako, si Nephi, ay pinapangyaring maging masisipag ang aking mga tao, at gumawa sa pamamagitan ng kanilang mga kamay" (talata 17). Mula sa mga talatang ito malinaw nating nakikita na ang pagtatrabaho ay mahalaga sa pagtatamo ng kaligayahan. Bawat araw ay naghahatid ng mga pagkakataong magtrabaho sa ating tahanan, sa paligid ng ating tahanan, sa ating komunidad, o sa ating trabaho. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: "Iniwan ng Diyos na hindi tapos ang mundo para magamit ng tao ang kanyang galing. Iniwan Niya ang kuryente sa ulap, ang langis sa lupa. Iniwan Niyang walang tulay ang mga ilog at walang tabas ang kagubatan at hindi nakatayo ang mga lungsod.

Ibinigay ng Diyos sa tao ang hamon na lumikha ng mga bagay-bagay mula sa mga materyal na hindi pa gawa, hindi ang ginhawa ng mga bagay na nalikha na. Iniwan niyang walang kulay ang mga larawan at hindi na-awit ang musika at hindi nalutas ang mga problema, para malaman ng tao ang mga kagalakan at kaluwalhatian ng paglikha."[3] Sa madaling salita, ang galak ng pagiging malikhain at pakiramdam ng pagsasakatuparan na kadalasa'y kaakibat ng kasipagan ay nagdudulot ng kaligayahan.

Pagtutuon sa Templo

Sinabi rin sa atin ni Nephi na siya at ang kanyang mga tao ay nag-ukol ng oras para magtayo ng templo (talata 16) nang itatag nila ang kanilang bagong komunidad. Ang mga pagpapala ng templo at kaligayahan ay hindi mapaghihiwalay. Itinuturo sa atin ng templo ang plano ng kaligtasan at ipinapaalala sa atin kung bakit tayo narito sa lupa. Nalalaman natin na tayo ay mga anak ng isang mapagmahal na Ama sa Langit at ang ating buhay ay may dakilang layunin sa Kanyang plano. Sa templo mas napapalapit tayo sa Kanya; nadarama natin ang Kanyang presensya, Kanyang kapangyarihan, at Kanyang pagsang-ayon. Kahit hindi tayo makapunta nang regular sa templo, ang pagkakaroon ng current temple recommend at ng larawan ng templo sa ating tahanan ay maaaring magpaalala sa atin ng ating mga karanasan sa templo at ng mga katotohanang natutuhan natin doon.

4 Nephi 1

Sa 4 Nephi, ikinuwento sa atin ng propetang-mananalaysay na si Mormon ang nangyari sa mga tao matapos bisitahin ng Tagapagligtas ang mga tao ni Nephi. Sa paglalarawan niya sa mga taong ito, sinabi niya, "Wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos" (4 Nephi 1:16).

Pagbabahagi ng Ating Pinaniniwalaan

Sa talata 3, isinulat ni Mormon na ang mga taong ito ay "nagkaroon ng pagkakapantay-pantay sa lahat ng bagay sa kanila" at "walang mayaman at mahirap." Kapag naghangad tayo ng kaligayahan sa sarili nating buhay ngayon, mahalaga na matutuhan nating ibahagi sa iba ang ating pinaniniwalaan.

Nakita sa maraming pag-aaral na ang oras na ginugol sa paglilingkod at ang perang ginugol sa iba ay may tuwirang epekto sa ating kaligayahan.[4] Hindi kataka-taka, kung gayon, na sinabi ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao, "Nais kong ibahagi ninyo ang inyong kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya, gaya ng pagpapakain sa nagugutom, pagpapanamit sa hubad, pagdalaw sa may karamdaman, at pangangasiwa sa kanilang ikagiginhawa, kapwa espirituwal at temporal, alinsunod sa kanilang mga pangangailangan" (Mosias 4:26). Marami tayong pagkakataong tumulong sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng paglilingkod, mga handog-ayuno, at iba't iba pang pondong pinamamahalaan ng Simbahan.



Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Sa kasaysayan ng mundo, ang karukhaan ay isa na sa pinakamabigat at pinakalaganap na mga hamon sa sangkatatuhan. Ang malinaw na resulta nito ay karaniwang pisikal, ngunit ang espirituwal at emosyonal na kapinsalaang dulot nito ay maaaring lalo pang makapanlupaypay. Sa lahat ng pagkakataon, patuloy na nananawagan sa atin ang dakilang Manunubos na makiisa sa Kanya sa pagpapagaan ng pasaning ito ng mga tao."[5] Habang lalo tayong nagsisikap, nag-uukol ng oras, at humahanap ng paraan para makatulong sa iba, makikita natin na nag-iibayo ang ating sariling kaligayahan.

Pagiging Kabilang sa Isang Pamilya

Sinabi sa atin ni Mormon na ang mga taong ito "ay nag-asawa, at ibinigay sa pag-aasawa" (4 Nephi 1:11). Ang pag-aasawa at pagpapalaki ng mga anak (tingnan sa talata 10) ay magandang pagmulan ng kaligayahan ng mga taong may ganitong mga pagkakataon. Sinabi ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang kaligayahan sa pag-aasawa at pagiging magulang ay maaaring humigit pa nang isang libong beses kaysa anupamang ibang kaligayahan."[6]

Ngunit hindi tayo kailangang mag-asawa o magkaroon ng sarili nating mga anak para magkaroon ng kaugnayan sa mga kapamilya na nagdudulot ng kaligayahan. Ang mga binata't dalaga, kabataan, at mga bata ay maaari ding makibahagi sa mga pagpapalang ito. Para maging maligaya sa buhay-pamilya, kailangan nating subukang handugan ang bawat miyembro ng pamilya ng ating pakikipagkaibigan, pag-unawa, at pagmamahal. Ang mga pamilya ay maaaring maglaan ng emosyonal at pisikal na kaligtasan at ng damdamin na sila ay kabilang, na mahalaga para makadama ng kaligayahan.

Pagiging Tagapamayapa

Apat na beses sa buong 4 Nephi, sinabi sa atin ni Mormon na ang mga taong ito ay "hindi nagkaroon ng alitan" sa kanila (tingnan sa mga talata 2, 13, 15, at 18) "dahil sa pag-ibig ng Diyos na nananahan sa mga puso ng [mga] tao" (talata 15). Ang pagtatalo at kaligayahan ay nasa magkabilang panig—ang isa ay lumalayo sa isa pa. Binalaan ng Tagapagligtas ang mga Nephita tungkol sa mga panganib ng pagtatalo nang sabihin Niya, "Siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo" (3 Nephi 11:29). Kailangan nating tiyakin na sinisikap nating mabuti na huwag gumawa o magsalita ng anumang bagay na naghahatid ng diwa ng pagtatalo sa ating pinagtatrabahuhan, paaralan, at tahanan. Sa halip kailangan nating gawin ang lahat para magkaroon ng pag-ibig ng Diyos sa ating sariling puso.

Madalas magsimula ang alitan sa kawalan ng pasensya. Sa tulong ng Espiritu, maaari nating baguhin ang likas nating pagkatao at maging mas mapagpasensya. Sabi ni Pangulong



Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan: "Ang kawalan ng [pasensya] . . . ay sintomas ng pagkamakasarili. Ugali iyon ng taong sarili lang niya ang iniisip. Nagmumula iyon sa lubhang umiiral na sintomas na tinatawag na pinakamahalaga sa sansinukob, na umaakay sa mga tao na maniwala na ang mundo ay umiikot sa kanila at lahat ng iba pa ay suportang tauhan lang sa malaking teatro ng mortalidad kung saan sila lang ang bida."[7]

May mas magandang paraan. Inanyayahan tayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na "ugaliing sumagot nang mahinahon. Pagpapalain nito ang inyong tahanan, pagpapalain nito ang inyong buhay."[8]

Isang Paanyayang Maghanap ng Kaligayahan

Ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng mga alituntunin ng kaligayahan. Ang napag-usapan natin ay bahagi lamang ng matatagpuan sa dalawang kabanatang ito. Ano ang makikita natin sa nalalabing bahagi ng aklat? Makabubuting simulan ang personal nating pagsasaliksik sa Aklat ni Mormon para sa iba pang mga patnubay tungo sa mas masayang buhay. Nangako si Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) sa mga Banal: "Sa sandaling simulan ninyo ang dibdibang pag-aaral ng Aklat ni Mormon . . . masusumpungan ninyo na mas lalong sasagana ang inyong buhay."[9] Ibinigay sa atin ng Panginoon ang pambihirang kasangkapang ito. Mapag-aaralan nating gamitin ito para mapagpala ang ating sariling buhay at ang buhay ng mga minamahal natin. ■

Simulan ang sarili ninyong pagsasaliksik sa Aklat ni Mormon para sa iba pang mga patnubay tungo sa kaligayahan.

MGA TALA

1. Henry B. Eyring, "Babaguhin ng Aklat ni Mormon ang Inyong Buhay," *Liahona,* Peb. 2004, 15.
2. Christine Carter, "Happiness Is Being Socially Connected," Okt. 31, 2008, greatergood.berkeley.edu.
3. Thomas S. Monson, "In Quest of the Abundant Life," *Ensign,* Mar. 1988, 2.
4. Tingnan, halimbawa, sa Dunn et al., "Spending Money on Others Promotes Happiness," *Science,* tomo 319 (2008), 1687–1688; Netta Weinstein at Richard M. Ryan, "When helping helps: Autonomous motivation for prosocial behavior and its influence on well-being for the helper and recipient," *Journal of Personality and Social Psychology,* tomo 98 (2010), 222–24; at Aknin et al., "Prosocial spending and well-being: Cross-cultural evidence for a psychological universal," *Journal of Personality and Social Psychology,* tomo 104 (2013), 635–52.
5. Elder Jeffrey R. Holland, "Hindi Ba't Tayong Lahat ay mga Pulubi?" *Liahona,* Nob. 2014, 40.
6. James E. Faust, "The Enriching of Marriage," *Ensign,* Nob. 1977, 11.
7. Dieter F. Uchtdorf, "Patuloy na Magtiyaga," *Liahona,* Mayo 2010, 57.
8. Gordon B. Hinckley, "Cornerstones of a Happy Home" (mensaheng ibinigay sa isang satellite broadcast para sa mga mag-asawa, Ene. 29, 1984), 8.
9. Ezra Taft Benson, "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," *Ensign,* Nob. 1986, 7.

Bakit Mahalagang Maka-graduate sa Institute

Maaari mong paghusayin pa ang iyong pag-aaral ng ebanghelyo sa pag-aaral ng apat na bagong cornerstone institute classes.

Ni Matthew Porter Wilcox
Seminaries and Institute

"Ang kailangan namin ngayon ay ang pinakadakilang henerasyon ng mga young adult sa kasaysayan ng Simbahan," sabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol sa mga young adult sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2015. "Kayong mga young adult ay dapat mag-enrol sa institute of religion. Ang mga klase sa . . . institute . . . ay maglalaan ng balanse sa inyong buhay at magdaragdag sa inyong sekular na edukasyon sa pagbibigay sa inyo ng isa pang oportunidad na mag-ukol ng oras sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at mga turo ng mga propeta at apostol."[1]

Para mapalalim ang pag-unawa ng mga young adult sa ebanghelyo, mapalakas ang kanilang patotoo at katapatan kay Jesucristo, at matagpuan ang personal na patnubay para sa kanilang buhay, binigyang-diin ng institute program ang pangangailangan na paghusayin pa ang pag-aaral ng bawat young adult. Ang pagpapahusay na ito ay makikita sa tatlong mahalagang paraan: sa pag-aalok ng apat na bagong cornerstone courses at sa higit na pagpapahalaga na maka-graduate sa institute, at sa pag-anyaya sa lahat ng estudyante na maging mas aktibo sa kanilang espirituwal na pagkatuto sa pagkumpleto ng iniatas na mga babasahin at mga learning assessment.

Ano ang apat na bagong cornerstone classes?

Habang patuloy na mag-aalok ng mga klase sa Lumang Tipan, Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan, ang apat na bagong cornerstone classes ang magsisilbi ngayong sentro ng institute coursework. Kabilang dito ang (1) Si Jesucristo at ang Walang-Hanggang Ebanghelyo, (2) Mga Pundasyon ng Panunumbalik, (3) Ang Walang-Hanggang Pamilya, at (4) Mga Turo at Doktrina ng Aklat ni Mormon. Tulad ng ipinahihiwatig ng pangalan, tinatalakay sa mga cornerstone class na ito ang batayang doktrina, kasaysayan, at mga turo ng ebanghelyo, na matatagpuan sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga buhay na propeta.

"[Ang bagong cornerstone classes na ito] ay maaaring humantong sa







Ang cornerstone classes ay makukuha sa mga 30 wika.

mas detalyadong pag-aaral ng mga banal na kasulatan kaysa sa dating malalawak na survey-type courses," sabi ni Brent L. Top, dean ng religious education sa Brigham Young University. Dagdag pa ni Chad Webb, administrator para sa Seminaries and Institutes of Religion, "Ang mga banal na kasulatan ay magkakaugnay, at habang sabay-sabay silang lumalaki, may mga ideya at pag-unawa at lakas na nagmumula sa pag-aaral ng lahat ng pamantayang aklat."[2]

Sang-ayon ang dalagang ito: "Inisip ko kung gaano talaga ang matututuhan ko tungkol sa Panunumbalik na hindi ko pa alam, pero natagpuan ko ang sarili ko na gumagawa ng mga pag-uugnay na hindi ko pa nagawa kahit kailan. Kabilang sa kurso ang mga paksang tulad ng pag-aasawa ng marami, priesthood sa lahat ng karapat-dapat na lalaki, at Mountain Meadows massacre. Ang mga talakayang ito sa klase ay nagbigay sa akin ng impormasyon na nakabatay sa pananampalataya sa halip na sa pagdududa. Iniugnay rin ng kurso ang Panunumbalik sa kasalukuyang mga pangyayari, kaya natanto ko na bahagi ako talaga ng Panunumbalik. Hindi lang pala sina Propetang Joseph Smith, Pangulong Brigham Young, at iba pang mga pioneer. Ako rin pala!

Bakit ko dapat mithiing maka-graduate sa institute?

Narito ang sabi ng iba pang mga estudyante tungkol sa pag-graduate sa institute:

"Minithi kong maka-graduate sa institute, at bagama't marami akong isinakripisyo, ginantimpalaan ako ng pag-unawa, kaalaman, at mas malakas na patotoo."

"Pagkatapos ng graduation mas tumatag ako at naging handa para sa mga bagong karanasan. Hihikayatin ko ang iba na mag-graduate din."

"Ang graduation ay isang espirituwal na tagumpay na naghihikayat sa aking sumulong para makamit ang minimithi kong walang-hanggang kaligtasan."

Kapag pinaghusay mo rin ang iyong pag-aaral sa pamamagitan ng pagsisikap na maka-graduate, matututo kang unahin ang pag-aaral ng ebanghelyo at paghusayin ang iyong karunungan tungkol sa ebanghelyo. Makikita mo ang mga katotohanang ito na pinagsama-sama upang palakasin ang iyong patotoo. Tutal, ang pag-graduate sa institute ay talagang tungkol sa pagpapatindi ng iyong espirituwalidad. ■

MGA TALA

1. M. Russell Ballard, "Ang Pinakadakilang Henerasyon ng mga Young Adult," *Liahona,* Mayo 2015, 68.
2. Sa Marianne Holman Prescott, "Four New Classes Added to Curriculum for Church Schools," *Church News,* Nob. 11, 2014.

ANO ANG KAILANGAN KONG GAWIN PARA MAKA-GRADUATE?

Inuutusan kang kumilos at unahin at gawing bahagi ng iyong pundasyon sa ebanghelyo ang maka-graduate sa institute. Dahil dito, madaragdagan ang iyong kaalaman at lalalim ang iyong pananalig habang natatamo mo ang kinakailangang 14 credits.* Para makamtan ang credits na ito, kailangan mong:

- Kunin ang bawat isa sa two-credit cornerstone classes na nakalista sa ibaba.
  1. Si Jesucristo at ang Walang-Hanggang Ebanghelyo
  2. Mga Pundasyon ng Panunumbalik
  3. Ang Walang-Hanggang Pamilya
  4. Mga Turo at Doktrina ng Aklat ni
- Magtamo ng anim na credits pa sa pagkuha ng iba pang mga klaseng gusto mo.
- Bukod pa rito, kailangan kang tumanggap ng rekomendasyon ng iyong bishop o branch president.

* Para tumanggap ng credit para sa isang klase, kailangan mong dumalo sa kahit 75 porsiyento lang ng class sessions, kumpletuhin ang iniatas na mga babasahin, at kumpletuhin ang course learning assessment.

PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

TAASAN ANG AMBISYON

"Huwag limitahan ang inyong sarili at huwag pakumbinsi sa ibang tao na limitado ang magagawa ninyo. Maniwala sa inyong sarili at pagkatapos ay mamuhay sa paraang maaabot ninyo ang inyong mga potensyal."

Pangulong Thomas S. Monson ("Pagkakaroon ng Masaganang Buhay," *Liahona*, Ene. 2012, 5)



LALAGO ANG IYONG **PANANAMPALATAYA** *hindi lamang dahil nagkataon ito,* KUNDI DAHIL PINILI O ITO.

Elder Neil L. Andersen
Korum ng Labindalawang Apostol
Pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015

MGA ARALIN SA ARAW NG LINGGO

Paksa sa buwang ito:
Ang Plano ng Kaligtasan

Ni Sara N. Hall

Noong 17 anyos ako nalaman ni Inay na may kanser siya sa suso. Nanlambot sa pagkabigla ang pamilya ko at napaluhod ako sa taimtim na panalangin. Nagsumamo ako nang halos isang oras, sa pagtatanong sa Diyos kung bakit Niya ito tinulutang mangyari at kung pagagalingin Niya si Inay. Nakahinga ako nang maluwag makalipas ang ilang araw nang malaman ng mga miyembro ng aming ward, kamag-anak, kaibigan, at kapitbahay ang balita. Nagpuntahan sila para tulungan kami. Dinalhan nila kami ng pagkain, sinabihan ng magagandang salita at pinakitaan kami ng kabutihan, pag-aalala, at simpatiya. Ang pagmamahal na nadama namin mula sa kanila ay matindi. Pero kahit tumanggap kami ng napakaraming tulong, nakadama ako ng napakatinding kalungkutan. Wala na akong pakialam kung anuman ang mangyari sa akin. Tumigil ako sa paggawa ng mga bagay na gustung-gusto ko. Naging tamad ako at walang-ingat sa mga gawain sa bahay, paaralan, at calling ko sa Simbahan. Itinuring kong mabigat na pasanin ang aking sitwasyon at ang dagdag na responsibilidad na ibinigay sa akin. Nadama ko na magagawa ko ang lahat nang mag-isa at hindi ko kailangan ang tulong ninuman.

BACKGROUND NA LARAWANG KUHA NG HXDBZYXY/ISTOCK/THINKSTOCK

ANG AKING RECOVERY ROOM

Si Inay ang maysakit, pero kailangan ko ring magpagaling.

Talagang tinutukan ako ni Satanas, na sinasabi sa akin na dapat akong mabigatan sa pasanin, na ginusto ng Diyos na malungkot ako, at na hindi ako espesyal. Ang malungkot, sandali kong pinaniwalaan iyon. Wala akong makitang anumang maganda sa paligid. Hindi ko madama na anak ako ng Diyos. Binulag ako ng pagkalito, at hindi ko makita ang maraming pagpapala sa akin. Ni hindi ako makatingin sa salamin. Nakadama ako ng pait at sama-ng-loob.

Mabuti na lang, isang malapit na kaibigan ang nag-ukol ng maraming oras sa pagtulong sa akin, at sinuportahan din ako ng aking mga kapatid. Naging mas tapat ako sa aking mga magulang, na naging mas tapat naman sa akin. Pero nahirapan pa rin ako.

Lagi akong pinapanatag ng nanay ko kapag nalulungkot ako. Kapag nadama ko na parang wala nang pag-asa, nakasisiyang magkaroon ng isang taong makakausap at tutulong sa akin. Umuuwi siya sa pagitan ng mga gamutan at nagpaplantsa ng aming mga damit, naghahanda ng pagkain, at pinapanatag at pinapayuhan kami. Namangha ako kung paano niya natitiis ang gayong mga pagsubok at sa kabila niyon ay isipin pa ang iba.

Nang ibahagi ko sa kanya isang araw ang aking kalungkutan, sinabi niya sa akin na hindi dahil sa umiyak ako at inamin kong kailangan ko ng tulong ay mahina na ako. Inalagaan niya ako samantalang ako ang dapat mag-alaga sa kanya.

Pagkatapos ng isa sa kanyang maraming operasyon, nasa recovery room si Inay. Sa oras na iyon, hindi ko maiwasang isipin na kailangan ko ng sariling recovery room. Wala akong kaalam-alam kung saan sisimulan ang proseso ng pagpapagaling, pero kinailangan kong kumilos.

Kaya sinimulan kong sariwain ang dati kong mga talento at kakayahan at magkaroon din ng mga bago. Nagluto ako at naglaba. Tinagalan ko ang paglalakad para makapag-isip. Kumanta ako ng mga solo. Tinagalan ko ang pagtugtog ng klarinete at piyano at hinusayan ko pa ang pagtugtog. Nagbasa ako ng mas maraming aklat. Nagsimula akong makinig sa mas nagpapasiglang musika. Humingi ako ng payo sa mga lider ng Simbahan at naghanap sa iba pang mahahalagang mapagkukunan nito. Naging mas malapit ako sa Diyos at sa aking Tagapagligtas sa personal na pagdarasal, pag-aayuno, at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Magkagayunman parang panandalian pa rin ang kapayapaan ko. Mahirap noon kapag gusto kong maging mapayapa kung minsan, at sa halip ay nalulungkot ako. Naging mas mahirap pa ang pabagu-bagong damdamin. Parang kasisimula pa lang ng paglalakbay ko tungo sa kapayapaan.

Pagkatapos ay nagpunta ako sa templo upang magpabinyag para sa mga patay kasama ang buong klase namin sa Young Women. Pinag-isipan ko ang aking problema habang nasa templo at habang binubuklat ko ang mga pahina ng aking mga banal na kasulatan. Natagpuan ko ang aking sarili na nagbabasa tungkol sa Tagapagligtas sa Isaias 53:4, "Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan."

Pagkaraan ng ilang minuto, lubos na napawi ang pagkalitong nakabulag at labis na nagbigay-pasakit sa akin. Pinawi ng Panginoon ang kadiliman at kalungkutan sa puso ko at sa halip ay iniwan ang kapayapaan ng Espiritu. Nagkaroon ako ng malinaw na pang-unawa at kaligayahan na hindi ko nadama sa mahabang panahon. Nakita ko kung gaano karami ang pagpapalang natanggap ko at gaano karami ang nagawa ng lahat para sa akin at sa aking pamilya. Nakita ko kung gaano kami naging malapit ng aking pamilya at mga kaibigan sa isa't isa. Nakita ko na ako ay isang tunay na magandang anak ng Diyos.

Doon sa templo natagpuan ko ang aking recovery room.

Nang gunitain ko ang karanasang ito, natanto ko na mas malaki ang aking pakikiramay at habag ngayon sa mga taong di-gaanong mapalad kumpara sa akin. Alam ko kung saan ako magpapagaling. Ang pinakamahirap na taon sa buhay ko ay naging pinakamagandang taon sa buhay ko. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.



MGA PAGLALARAWAN NI ADAM RECORD

ANG KINABUKASAN MO

Kahanga-hanga ang Disenyo

Ang pagpili ngayon na makamit ang iyong mga pangarap para sa hinaharap ay maaaring tila malaking hamon, ngunit masusulit ang mabubuting desisyon mo noong tinedyer ka pa. Ang paraang ito ay sumusunod sa payong ito mula sa isang propeta: "Ang ating araw-araw na pag-uugali at mga pasiya ay dapat umayon sa ating mga mithiin" (Quentin L. Cook, "Pumili nang May Katalinuhan," *Liahona,* Nob. 2014, 49).

Ipinapakita ng apat na kuwentong ito na anuman ang partikular mong mga pansariling mithiin, makakamtan mo ang tagumpay sa hinaharap sa pamamagitan ng tapat na paghahanda ngayon.

Paglalarawan ng mga Superhero: Clint Taylor

Si Clint ay lumaki sa Utah at kasalukuyang nagtatrabaho sa California, USA, sa Nickelodeon Studios bilang storyboard artist.

Ano ang ilang tagumpay na ipinagmamalaki mo?

Naging direktor ako sa Warner Brothers Animation, at nagtrabaho na ako para sa Disney, Warner Bros., DreamWorks Studios, Marvel Comics, at Sony Pictures Entertainment. Nakagawa na ako ng animated shows mula sa *Teenage Mutant Ninja Turtles* at *X-Men* hanggang sa *Dora the Explorer.*

Paano ka humusay sa ginagawa mo?

Noong bata pa ako, kinatuwaan kong magdrowing ng mga larawan ng anumang magustuhan ko. Gumugol ako ng maraming oras sa pagdodrowing ng mga sundalo o superhero o hayop o anumang magustuhan ko sa araw na iyon. Nang lalo akong nagsanay, lalo akong humusay. Nalaman ko na lumago ang talento ko sa pamamagitan ng kasigasigan, pagmamasid, at pagtitiyaga. Nadama ko na nabigyan ako ng Diyos ng napakagandang kaloob, at gusto kong maging napakahusay rito.

Paano ka inihanda ng misyon mo para magtagumpay sa trabaho?

Ang misyon ko sa Korea ay napakahalaga dahil natulungan ako nitong magkaroon ng pananampalataya, disiplina sa sarili, at katapatan sa kahusayan. Natapos ako sa aking misyon nang may higit na tiwala sa sarili. Nakagawa ako ng isang bagay na mahirap at nagtagumpay ako roon. Talagang tinulungan ako nitong maging mas mabuting estudyante sa kolehiyo.

Anong papel ang ginampanan ng pag-aaral mo sa iyong tagumpay?

Pagkatapos ng misyon ko nag-aral ako ng pagpinta at pagdodrowing sa University of Utah College of Fine Arts. Pagkatapos ay nag-aral ako ng isang semestre sa France ng sining at kultura sa Europa, na nagbukas sa aking mata at isipan sa iba pang mga gawang-sining.



CLINT

IOANA

Dahil sa mga karanasang ito, nagkaroon ako ng sarili kong malawak na portfolio ng gawang-sining. Nang makatapos ako sa unibersidad, inanyayahan ako ng isang lalaking naghahanap ng mga artist na gagawa sa Marvel *Spider-Man and His Amazing Friends*.

Pagiging Isang Computer Whiz: Ioana Schifirnet

Si Ioana ay lumaki sa Romania at nagme-major sa information systems sa Brigham Young University.

Ano ang ginawa mo noong kabataan mo na naghanda sa iyo sa gawaing ito?

Walang sandali na bigla lang akong nagising at mahusay na ako sa programming o design, na ginagawa ko sa kasalukuyan. Alam ko na matatapos ko ang ginagawa ko dahil sa napakaraming maliliit na desisyon habang ginagawa ito.

Hindi ako natakot na kumuha ng mahihirap na klase, at gumugol ako ng panahon para saliksikin ang iba't ibang larangan at ang mga taong sangkot doon. Humingi rin ako ng tulong sa mga propesyonal at pinayuhan nila ako. Alam nila ang mabuti at masamang bahagi ng trabaho at mabibigyan nila kayo ng kaunting patnubay.

Anong mga asignatura sa paaralan ang lubos na nakatulong?

Sa aking karanasan, ang mga asignatura sa high school na lubos na nakatulong, at lalo na sa kolehiyo, ay may kinalaman sa teknolohiya. Ang pag-aaral ng isang wikang banyaga (para sa akin, ang Ingles) ay nakatulong din dahil tinuruan ako nitong maging mas maunawain at magalang sa ibang mga tao at kultura. Ang wikang banyaga ay maaaring hindi tuwirang magdulot ng magandang trabaho, ngunit gustong malaman ng mga employer na marami kang alam sa mundo.

Ano ang ilang bagay na kinatatakutan mo?

Noong bata-bata pa ako, natakot ako na baka hindi na ako talaga makakita ng isang bagay na ikasisiya kong gawin. At nang may makita ako, natakot ako na baka wala akong kakayahang magtagumpay roon.

Normal namang masindak kapag sinisikap mong alamin kung ano ang nakasisiya sa iyo, pero huwag mong hayaang makahadlang ito sa iyo.

Paano mo nadaig ang mga kinatatakutan mo?

Ang pinakamagandang bagay na nakatulong sa akin ay ang lumabas at makibahagi sa mga makabuluhang aktibidad, gaya ng paggawa ng mga online tutorial at pagsapi sa mga samahan. Diyan nagmumula ang kalinawan, kaalaman, at tiwala sa sarili. Ang isang grupo ng mga kaibigan o isang samahan na ang mga miyembro ay kapareho mo ang mga interes ay maaaring makatulong nang malaki. Ang mundo ay laging nagbabago at laging may bago kang matututuhan, pero kung may matatag na grupong susuporta sa iyo at may magaganda kang kasanayan, maaaring masaya ang makisabay rito.

Pagkakaroon ng Pagmamahal para sa Ebanghelyo: Jess McSweeney

Si Jess, isang dalaga mula sa England, ay nagkuwento tungkol sa mga pagsisikap niya noong tinedyer siya na manatiling matatag sa ebanghelyo.

Paano mo napalakas ang iyong patotoo?

Noong tinedyer ako pinag-aralan ko ang mga banal na kasulatan dahil pinayuhan ako ng mga lider na gawin iyon. Nang mag-aral ako nang may pananampalataya, na umaasang lalago ang aking patotoo, iyan mismo ang nangyari.

Ngayon, bilang isang dalaga, nalaman ko na ang hangarin kong matuto at lumago sa ebanghelyo ay nagmumula sa paraan na magagamit ko ito para impluwensyahan ang iba. Alam ko na lahat ng natututuhan ko ay makakatulong sa ibang tao at maging sa sarili ko.

Gumawa ka ba ng mga mithiin para makatulong sa iyo?

Noong nasa seminary ako, nagkaroon ako ng mithiing basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw. Gayunman, dahil nakagawian ko nang mag-aral ng mga banal na kasulatan araw-araw, nagbago ang dahilan ko. Nagsimula akong magbasa hindi lamang para makamit ang isang mithiin kundi dahil mahal ko ang mga banal na kasulatan at gusto kong lumakas ang aking patotoo. Hindi nahahawakan ang gantimpalang iyon, pero isang bagay iyon na maaangkin ko magpakailanman.

Paano nakatulong sa buhay mo ang pagmamahal mo sa ebanghelyo?

Ang pagkakaroon ng pagmamahal sa pag-aaral ng ebanghelyo ay hindi lamang tungkol sa pagtatamo ng kaalaman; tungkol

ito sa pag-unawa at pag-angkop ng buhay sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Nang makaugalian kong magtanong at maghanap ng mga sagot mula sa mga banal na kasulatan, nagtamo ako ng patotoo at gayundin ng tiwala na ibahagi sa iba ang mga bagay na natututuhan ko.

Gaano kahalaga ang kasipagan at kasigasigan?

Ang pagtatamo ng kaalaman sa anumang aspeto ng buhay ay nangangailangan ng panahon at pagsisikap. Ngunit para sa akin, ang pag-aaral ng ebanghelyo ni Jesucristo ay isa sa pinakamahahalagang bagay na dapat pagsumikapan. Kailangan mong matuto tungkol kay Cristo para magtamo ng patotoo tungkol sa Kanya.

Pagpapalaki ng mga Batang Musmos: Han Lin

Si Han Lin ay ipinanganak at lumaki sa Taiwan. Nabuklod silang mag-asawa sa Laie Hawaii Temple, at naninirahan ngayon sa Hawaii, USA, kasama ang dalawa nilang anak.

Ano ang pakahulugan mo sa mabuting ama?

Ang isang mabuting ama ay hindi perpektong tao, kundi isang taong sapat na mapagpakumbaba para tumanggap ng payo mula sa iba at laging hangaring pagbutihin pa ang sarili. Ang mabuting ama ay inuuna ang kanyang pamilya at ang kanilang mga pangangailangan. Handa siyang isakripisyo ang kanyang panahon, sariling interes, at lahat ng iba pa upang mapabuti pa ang kanyang pamilya. Sinisikap niyang malaman kung paano tutulungan ang bawat kapamilya na lumago at maging katulad ni Cristo.

Ano ang ginawa mo noong kabataan mo na naghanda sa iyo sa katayuan mo ngayon?

Ginawa ko ang lahat para masunod ang lahat ng kautusan at makagawa ng mabubuting desisyon. Talagang nakatulong din ang pagdalo sa seminary. Mabigat na pangako iyon dahil kinailangan kong gumising nang alas-5:00 ng umaga. Gayunman, palagay ko nakatulong ang pagkakaroon ng mga kaibigan na kapareho ko ang mithiin dahil sinuportahan namin ang isa't isa. Palagay ko lahat ng aktibidad na ginawa namin bilang mga kabataan at bilang isang grupo ng matalik na magkakaibigan sa Simbahan ay talagang nakatulong sa amin.

Anong mga mensahe ng lipunan ang kinailangan mong daigin para maging mabuting ama?

Sinasabi ng mundo sa mga tao na dapat ay mas magpakasaya sila at magbawas ng responsibilidad, pero mahalagang maging masipag para magtagumpay sa anumang ginagawa mo. Kailangan ang lahat ng maibibigay mo para maging mabuting ama; ang paglago hanggang sa maging sakdal ay habambuhay na proseso—lumalago ako kasabay ng aking pamilya.

Ano ang sasabihin mo sa sarili mo bilang tinedyer at sa iba pang mga tinedyer?

Lahat ay kailangan ng mga kaibigan, kaya magkaroon ng mabubuting kaibigan. Kaibiganin ang mga taong "sabik sa paggawa ng mabuting bagay" (D at T 58:27). Matuto mula sa mabubuting kaibigang ito, at maiimpluwensyahan kayo ng kanilang mga halimbawa at nanaisin ninyong maging katulad nila at paghusayin ang inyong sarili.

Gawin ang makakaya ninyo sa lahat ng bagay na gusto ninyong gawin—gawin ninyo ang lahat. Sa gayon ay hindi kayo manghihinayang kapag lumingon kayo. ■

JESS

HAN

Ni Elder Chi Hong (Sam) Wong
Ng Pitumpu

Tulong sa Pamamagitan ng **Espiritu Santo**

Matutulungan kayo ng Espiritu Santo sa paaralan, pamilya, at trabaho gayundin sa mga espirituwal na bagay.

Matutulungan tayo ng Espiritu Santo sa bawat aspeto ng ating buhay. Nalaman ko ito sa praktikal na paraan noong nag-aaral pa ako sa kolehiyo sa Brigham Young University–Hawaii.

Noon, nagtatrabaho ako at puno ang iskedyul ko ng klase. May sanggol din kaming mag-asawa na inaalagaan. Sa lahat ng gawaing ito sa iskedyul ko, wala akong gaanong oras para mag-aral. Ipinagdasal ko araw-araw na patnubayan ako ng Espiritu Santo. Kinailangan ko ng patnubay para matulungan akong gawing makabuluhan ang oras ko. Kinailangan ko ng tulong na maunawaan ang materyal at maalala rin ito kalaunan sa mga pagsusulit.

Tulong ng Langit sa Isang Pagsusulit sa Paaralan

Isang araw sa klase, nagsusulat ang isang propesor ng mga set ng advanced equations sa whiteboard para ilarawan ang isang punto. Ang kumplikadong equations na ito ay walang kinalaman sa klaseng iyon, pero gusto niyang magsalita nang kaunti tungkol dito. Pagkaraan ng ilang minuto binura ng propesor ang pisara.

Ang sumunod kong klase ay computer science, at may pagsusulit kami noong araw na iyon. Nasa pagsusulit ang mismong equations na iyon mula sa pisara sa naunang klase ko! Ang talagang pambihira pa ay hindi pa

PAGLALARAWAN NI RED HANSEN

namin napag-aralan iyon sa computer science class namin. Naalala kong lahat iyon mula sa naunang klaseng iyon, at nasagutan ko ang problema.

Nang markahan ng computer science professor ang mga pagsusulit, tiyak na tiyak niya na walang nakasagot nang tama sa partikular na problemang iyon kaya minalian niya iyon para sa bawat estudyante. Pero nang ibalik na sa akin ang papel ko, ipinakita ko sa kanya na tama ang sagot na isinulat ko sa papel. Kamangha-mangha iyon.

Tinulungan ako ng Espiritu Santo na maging makabuluhan ang lahat ng pagkakataon kong mag-aral sa kolehiyo. Matataas ang nakuha kong marka at nagtamo ng mga scholarship, na nakatulong sa akin sa pagbabayad ng matrikula.

Patnubay sa Buhay

Sa pagtatapos ng aking pag-aaral, nagplano ang marami sa mga kaibigan ko na magpatuloy ng pag-aaral at makatapos ng master's degree. Gustung-gusto kong mag-aral at gawin din iyon, pero malinaw na sinabi sa akin ng Espiritu na tapos na ang misyon ko sa Hawaii. Oras na para umuwi ako sa Hong Kong.

Sinunod naming mag-asawa ang paramdam. Noon ay hindi ko maunawaan kung bakit may pumipigil sa aking magpatuloy sa pag-aaral. Pero kung minsa'y sinusunod natin ang Espiritu nang hindi nalalaman ang lahat ng detalye. Bagama't hindi namin alam na mag-asawa kung ano ang aasahan nang maghanap kami ng trabaho at apartment, pinagpala kami at hindi naglaon ay nagtagumpay.

Habang ginugunita ko ito ngayon, nauunawaan ko kung bakit napakalakas ng paghihikayat sa amin ng Espiritu na umuwi sa Hong Kong. Napakahalaga sa amin ng aking pamilya na maging matatag sa Simbahan sa piling ng mga miyembro doon. Naglingkod ako bilang bishop, bilang tagapayo sa stake presidency, at bilang stake president bago ako tinawag bilang Area Seventy. Matapos magretiro mula sa aking propesyon, nakatapos ako ng master's degree. Lahat ng karanasang iyon ay naghanda sa akin para sa kasalukuyan kong tungkulin.

Pinatototohanan ko sa inyo na ang paghahangad at pagsunod sa patnubay ng Espiritu Santo palagi ang pinakamainam na paraan sa pagpaplano sa buhay at sa inyong pamumuhay. Ibinigay na sa inyo ang kaloob na Espiritu Santo nang kayo ay makumpirmang miyembro ng Simbahan, at kung gagamitin ninyo ang kaloob na iyan, malaking tulong iyan sa lahat ng ginagawa ninyo. ■

DALAWANG PARAAN PARA MANATILING NAKAAYON SA ESPIRITU

Para sa Ama sa Langit, lahat ng bagay ay espirituwal—bawat bahagi ng ating buhay. Alam Niya kung ano ang pinakamainam para sa atin at nais tayong turuan at gabayan sa buhay. Kaya napakahalaga na manatili tayong nakaayon sa espirituwal na patnubay ng Espiritu Santo para matanggap ang patnubay na iyan. Narito ang dalawang paraan na nakatulong sa akin na manatiling nakaayon sa Espiritu Santo:

1. Basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw. Noong bata pa ako, itinuro ng Pangulo ng Simbahan na si Ezra Taft Benson (1899–1994) ang kahalagahan ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon araw-araw. Sinimulan kong gawin iyan, at natatandaan ko na simula noon ay ginawa ko na iyan. Bawat araw naghahanap ako ng tahimik na sandali para magbasa at magnilay-nilay. Habang nagbabasa ako, maraming beses akong tinuturuan ng Espiritu Santo ng isang bagong bagay.

2. Iwasan ang mga makamundong libangan. Kayong mga kabataan ay napakatalino sa napakaraming paraan. Napakatalino ninyo at maaari kayong maging lubhang nakaayon sa Espiritu. Ngunit sinisikap ng mundo na gambalain kayo. Kung handa kayong makinig at babalewalain ninyo ang mga panggagambala, sa gayon ay matatanggap ninyo ang patnubay na kailangan ninyo mula sa Espiritu Santo.

"Iniisip ng ilan sa mga kaibigan ko na pagsasayang ng oras ang pagsisimba. Paano ko maipapakita sa kanila na maaari itong maging malaking pagpapala?"

Baka matulungan ng paghahambing ang mga kaibigan mo. Maipapaliwanag mo na tulad ng kailangan ng iyong katawan ang kumain at uminom at matulog at kailangan ng iyong isipan ang matuto, kailangan ding pakainin ang iyong espiritu. Tinutulungan ka ng pagsisimba na pakainin ang iyong espiritu.

Ginagawa mo ito sa pag-aaral ng ebanghelyo at pakikibahagi ng sakramento, na nagpapanibago ng mga sagradong pangako mo sa Ama sa Langit. Ang pagmumuni-muni at muling pangangako ay tinutulungan kang matanggap ang ipinangakong pagpapala na "sa tuwina ay mapasa[iyo] ang kanyang Espiritu" (D at T 20:77). Ang masamahan ng Kanyang Espiritu ay nagpapalakas sa iyong pananampalataya at tinutulungan kang maging higit na katulad ni Cristo.

Maaari mo ring banggitin sa mga kaibigan mo ang iba pang mga pagpapalang natatanggap mo. Maaari mong ikuwento sa kanila ang kapayapaang nadarama mo sa simbahan, ibahagi ang isang bagay na makakatulong na natutuhan mo sa simbahan, ikuwento ang isang pagkakataon mong makapaglingkod, o patotohanan na ang pagsisimba ay tumutulong na gawing kaluguran ang araw ng Sabbath (tingnan sa Isaias 58:13–14).

Marahil ang pinakamabisang paraan para matulungan ang mga kaibigan mo ay anyayahan silang sumama para makita nila ito mismo. Kapag sumama sila sa iyo sa sacrament meeting at sa iba pang mga miting, madarama nila ang kapangyarihan ng Espiritu Santo, matututuhan nila ang ebanghelyo, at makikita nila ang mga pagpapala nito sa buhay ng mga miyembro.

Hayaang Gabayan Ka ng Espiritu

Maaari kang magpatotoo tungkol sa pagsisimba. Maipapaliwanag mo kung gaano kaganda ang pakiramdam mo at gaano kaespesyal ang mga bagay na natutuhan mo. Kapag nagpapatotoo ka, ipapaalam sa iyo ng Espiritu kung ano ang sasabihin, at malalaman ng mga kaibigan mo na totoo ang sinasabi mo. Kapag mas marami silang alam, maaaring maging mas interesado sila. Maaari mo pa nga silang anyayahan na sumama sa iyong magsimba.

Mikelle M., edad 13, Utah, USA

Yayain Sila sa Simbahan

Mahirap magkaroon ng mga kaibigan na nag-iisip na pagsasayang ng oras ang pagsisimba, bagama't maaari tayong maging masaya para sa kanila kapag tinulungan natin silang malaman kung ano ang inilaan ng ating Ama sa Langit para sa bawat isa sa kanila. Matutulungan natin sila sa paganyaya sa kanilang magsimba para madama nila ang galak ng pagpunta sa isang nakalaang meetinghouse at pagsampalataya na madarama nila ang pagmamahal sa Ama sa Langit at malalaman nila ang mga pagpapalang natatanggap natin sa pagsisimba.

Oscar Y., edad 19, Monagas, Venezuela

Magtuon sa Sakramento

Mahalaga ang magpunta sa simbahan dahil iyon ang lugar kung saan natin mapapanibago ang ating mga tipan sa binyag at lahat ng ating tipan sa pamamagitan

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

ng sakramento. Nangangako ang Panginoon na laging mapapasaatin ang Kanyang Espiritu kung marapat tayong makikibahagi ng sakramento at gagampanan natin ang ating bahagi sa tipan. Ang proteksyon, patnubay, at kapanatagang ibinibigay sa atin ng Espiritu ay mahalaga sa pang-araw-araw nating buhay. Ang kakaibang mga pagpapalang ito ay hindi matatanggap sa iba pang paraan bukod sa pagsisimba at pakikibahagi ng sakramento.
Diana R., edad 16, Oregon, USA

Maging Matapang

Maipauunawa mo ito sa kanila sa simpleng pagkausap sa kanila, pag-anyaya, pagbibigay ng mga banal na kasulatan, o pag-anyaya sa mga missionary sa bahay nila. Huwag mahiya. Maging maligaya dahil baka-sakaling sumapi sila sa Simbahan.
David H., edad 12, New Mexico, USA

Gawin ang Tungkulin Mo

Ang pagsisimba ay hindi pagsasayang ng oras kung aktibo kang makikibahagi at sisikapin mong matutuhan at maunawaan ang sinasabi o itinuturo. Madarama mo ang Espiritu, at kung minsa'y magkakaroon ka ng mga bagong kakilala.
Ethan H., edad 15, Utah, USA

Hayaang Magliwanag ang Iyong Ilaw

Bilang mga miyembro ng Simbahan, nagliliwanag tayo sa mga bagay na natutuhan natin sa ebanghelyo ni Jesucristo. Posibleng ang pagpapakita ng mabuting halimbawa at pagpapakita sa mga kaibigan mo na masaya ka sa mga pagpapalang natanggap mo dahil sa pagsisimba ay makapagturo sa kanila na sulit ang magsimba.
Johanna R., edad 20, Surigao del Sur, Philippines

Panatilihin ang Walang-Hanggang Pananaw

Batid na ang Simbahan ang kaharian ng Diyos sa lupa, nagsisimba tayo tuwing Linggo upang makagawa ng isang hakbang tungo sa pagiging sakdal at tungo sa kahariang selestiyal. Sa pamamagitan ng pagsisimba tuwing Linggo, mas napapalapit tayo sa Ama sa Langit sa pagpapanibago ng ating mga tipan (pakikibahagi ng sakramento), at sinusuri natin ang ating sarili para malaman ang ating espirituwalidad.
Esther M., edad 17, Kasai-Oriental Province, Democratic Republic of the Congo

ISANG ARAW NG KALUGURAN

"Ang mga ward at branch ng Simbahan ay may lingguhang pagtitipon para sa kapahingahan at pagpapanibago, ang oras at lugar para isantabi ang mga alalahanin ng mundo—ang araw ng Sabbath. Ito ay araw para '[malugod kayo] sa Panginoon' [Isaias 58:14], madama ang espirituwal na pagpapagaling na dulot ng sakramento, at tanggapin ang pinanibagong pangako na makakasama natin ang Kanyang Espiritu."

Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Bakit Kailangan ang Simbahan," *Liahona, Nob. 2015, 109.*

SUSUNOD NA TANONG

"Paano ko mabibigyan ng panahon ang mga lingguhang aktibidad ng mga kabataan, family home evening, at pag-aaral ng mga banal na kasulatan nang personal at kasama ang pamilya samantalang malaking oras ang ginugugol ko sa paaralan at sa aralingpambahay?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang retrato na high-resolution bago sumapit ang Marso 1, 2016, sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng e-mail sa liahona@ldschurch.org, o sa pamamagitan ng koreo (tingnan ang address sa pahina 3).

Ang sumusunod na impormasyon at pahintulot ay dapat isama sa inyong e-mail o liham: (1) buong pangalan, (2) kapanganakan, (3) ward o branch, (4) stake o district, (5) nakasulat na pahintulot mo, at, kung wala ka pang 18 anyos, ang nakasulat na pahintulot ng iyong magulang (tinatanggap ang e-mail) na ilathala ang iyong sagot at larawan.

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

PAANO MAKASUMPONG NG KAGALAKAN

Mga kapatid, matanda at bata, nakikiusap ako sa bawat isa sa inyo na **tandaan na ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan** at na ang kasalanan ay humahantong sa kalungkutan. Mga kabataan, huwag maghangad ng kaligayahan sa kaakit-akit ngunit di-mahahalagang bagay ng mundo. Hindi natin matatamo ang walang-kupas na kaligayahan sa paghahangad ng mga maling bagay. Minsa'y may nagsabi, "Hinding-hindi ka masisiyahan sa isang bagay na hindi mo kailangan, dahil ang isang bagay na hindi mo kailangan ay hindi magbibigay sa iyo ng kasiyahan."

Mga bata at matanda, **ilayo ang inyong mga mata at puso sa mapanlinlang na mga mensahe ng media.** Walang kaligayahan sa alak o droga, tanging pagkaalipin. Walang kaligayahan sa karahasan, tanging pasakit at kalungkutan. Walang kaligayahan sa mga seksuwal na relasyon at pisikal na pakikipagniig sa labas ng bigkis ng kasal, tanging kawalang-dangal at mas mabilis na paghantong sa espirituwal na kamatayan.

Walang nagtatagal na kaligayahan sa anumang mayroon tayo. **Ang kaligayahan at kagalakan ay nagmumula sa *pagkatao*** ng isang tao, hindi sa kung ano ang *mayroon* siya o *kung ano siya*. Mga kabataan, **humawak nang mahigpit sa inyong mga pamantayan. Pag-aralan at gamitin** ang nakapagliligtas na polyetong iyon, **ang *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.**

Ang kabutihan ay naghihikayat ng kabutihan. Ang mga epekto ng mabubuting halimbawa ay iimpluwensya sa darating na mga henerasyon. Ang pagiging mabuting magulang ay lumilikha ng mga kabataang nagiging mabubuting magulang. Tulad ng marami sa atin na napalakas ng mararangal na halimbawa ng ating mga ninunong pioneer sa maraming lupain, mapagpapala rin ng mabubuting pasiya at sakripisyo ng ating panahon ang ating pamilya at mga kaibigan at bansa sa lahat ng panahong darating.

Pinatototohanan ko sa inyo na walang-kupas ang kaligayahan at sukdulang kagalakan ng mga taong sumasampalataya sa Diyos at sumusunod sa Kanyang mga utos. Hinihimok ko ang bawat isa sa inyo na **hangarin ang kagalakang nagmumula sa pagsunod sa mga utos ng Diyos at pagpapakita ng mabuting impluwensya** para sa kapakanan ng mga mahal natin sa buhay. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1991.

PAANO MO ITO NAIPAMUHAY?

Noong nakaraang taon sa paaralan ipinasiya kong subukang gumawa ng higit pa sa ilan sa mga kaibigan ko. Ngunit natanto ko na ngayon na talagang nagsimula akong maging makamundo at humiwalay sa aking pamilya at tunay na mga kaibigan. Nagdulot ito ng marami sama-ng-loob, na dapat sana ay naiwasan ko. Ngayong taon higit akong nagtuon sa simbahan. Nakasumpong ako ng tunay na kaligayahan at kagalakan dahil nagsikap akong magkaroon ng mga katangiang mapagkawanggawa at katulad ni Cristo. Alam ko na ang pagpapalang ito ay matatamo ng sinuman kung masigasig nila itong hahangarin.

Ephream James O., edad 17, Australia

Ang Muntik Ko nang Palagpasing **KARANASAN BILANG MISSIONARY**

Ni Anne Laleska

Gusto kong ibahagi ang ebanghelyo, pero sino kaya sa mga kaibigan ko ang interesado?

Para sa isang mithiin sa Pansariling Pag-unlad, sinimulan kong ipagdasal na magkaroon ng karanasan bilang missionary. Pinagisipan ko kung sino sa mga kaibigan ko ang lubos na handang sumapi sa Simbahan.

Lumipas ang mga buwan, at akala ko hindi ko na mararanasan iyon—hanggang sa makilala ko si Brenda. Unang taon niya sa aming paaralan.

Sa paglipas ng taon, naging malapit kaming magkaeskuwela, pero hindi ko naisip na yayain siyang magsimba hanggang sa anyayahan ng isa sa mga kaibigan namin si Brenda sa simbahan niya. Naisip ko, "Hindi ako makapaniwala! Dapat ay naisip ko iyon.

Nang sumunod na linggo sinabi ni Brenda na nasiyahan siyang sumamang magsimba sa kaibigan namin at gusto niyang pumunta ulit. Naisip ko, "Nasayang ang pagkakataon ko." Hindi naman iyon paligsahan, pero gusto kong ibahagi ang ebanghelyo sa mga anak ng Ama sa Langit.

Noong panahong iyon na binabago ang meetinghouse namin at nakaiskedyul na muling ilaan pagkaraan ng ilang buwan. Namigay ang bishop ng mga imbitasyon para sa open house at paglalaan. Inanyayahan ko ang mga kaibigan kong malapit ang tirahan sa meetinghouse. Si Brenda lang ang sumama. Tuwang-tuwa ako.

Ilang araw bago ang open house, sinabi ni Brenda na baka hindi siya makasama dahil ayaw ng nanay niya. Nalungkot ako, pero naunawaan ko at sinabi ko sa kanya na may iba pang mga pagkakataong matuto tungkol sa Simbahan.

Gayunman, nagulat akong makita si Brenda roon. Kinausap niya ang nanay niya, na pinayagan din siya sa huli. Ipinakilala ko siya sa mga missionary. Pinasok namin ang bawat silid sa meetinghouse at nakinig kami sa maikling paglalarawan ng bawat organisasyon ng Simbahan. Sa huli, nagpunta kami sa cultural hall at kumuha ng mga polyeto tungkol sa Panunumbalik, family history, walang-hanggang kasal, at iba pang mga paksa ng ebanghelyo. Sabi ni Brenda, "Naniniwala ako rito!"

Pagsapit ng Linggo nagsimba siya. Pagsapit ng Lunes dumalo siya sa isang proyekto sa paglilingkod ng Mormon Helping Hands.

Ang binhing natanim sa puso ni Brenda ay lumago sa paglipas ng bawat araw. Sinimulan niyang baguhin ang kanyang mga ugali para makasunod sa mga kautusan at nagpabinyag.

Ngayon, pagkaraan ng ilang taon, ikinukuwento pa rin niya sa akin kung gaano siya kasayang matagpuan ang tunay na ebanghelyo at gaano kalaki ang pasasalamat niya sa tulong kong matagpuan niya ito.

Sa maraming pagkakataon mahirap makipag-usap sa mga tao tungkol sa ebanghelyo, pero kung tayo ay magdarasal, mag-aaral ng mga banal na kasulatan, makikinig sa Espiritu Santo, at handang makipag-usap sa isang tao, tutulungan tayo ng Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Sergipe, Brazil.

PAGLALARAWAN NI MICHAEL MULLAN



Ni Pangulong Russell M. Nelson
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Paano ko magagawang espesyal ang araw ng LINGGO?

Ibinigay sa atin ng Diyos ang espesyal na araw na ito para magpahinga mula sa trabaho at mas mapalapit sa Kanya.

Magiging mas masaya tayo kung tayo ay magsisimba at makikibahagi sa sakramento sa araw ng Linggo.

Ang Linggo ay isang dakilang araw para mag-ukol ng oras sa piling ng inyong pamilya.

Gawing kaluguran ang araw ng Linggo sa paglilingkod sa iba, lalo na sa mga maysakit o nalulumbay.

Nagpapakita kayo ng pagmamahal sa Panginoon sa mga bagay na pinipili ninyong gawin sa Kanyang araw.

Mula sa "Ang Sabbath ay Nakalulugod," Liahona, *Mayo 2015, 129–32.*

PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

Kung Makikinig Nang Taos

(Pinasimple)

Mahina ♩ = 88–104

Mga titik at himig ni Sally DeFord

G C D G Em D

1. Kung na - ging ba - ta lang a - ko no - ong si Je - sus ay na - ri - ri - to, Gus-to
ri - ri - nig kong si - na - sa - bi ng bu-hay na pro - pe - ta Ang
king da - ma ang Es - pi - ri - tung nag-tu - tu - ro ng ta - ma, A -

G C D G Em Am B

ko sa - na na S'ya ay sun - dan at sa - bi - hin N'ya'y ding - gin, Ngu-nit
sa - sa - bi - hin ni Cris - to kung na - ri - ri - to S'ya, Tu - ro
ko'y i - na - a - lo, na nag - pa - pa - to - to - o kay Cris - to. A -

Em B7 G Cm G Em

sa ba-nal na ka - su - la - ta'y na - pa-pa - ya - pa,
ng pro-pe - ta kung pa - a - no ma - pa-pa - ya - pa, Kung ma - ki-ki-nig nang
ko'y ki - na - ka - u - sap N'ya't na - pus - pos ka - lul' - wa,

Am D7 1, 2. G Am D G Am7 D

ta - os S'ya'y a - king ma - ri - ri - nig.

2. Na
3. A

3. G Am D C Cm G

king ma - ri - ri - nig.

© 2007 ni Sally DeFord. Isinaayos © 2016 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental, di-pangkalakal na gamit sa tahanan at sa simbahan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

Pagbabahagi ng mga Pamantayan

Ni Hilary Watkins Lemon

Hi! Ako si Isaac.

Nakatira ako sa Geneva, Switzerland. Paglaki ko, gusto kong maging isang paleontologist o beterinaryo. Mahilig akong tumakbo at makipaglaro sa aso kong si Happy.

Kami lang ng kapatid kong lalaki at babae ang mga miyembro ng Simbahan sa aming paaralan. Marami kaming mababait na kaibigan, pero ang ilan sa kanila ay iba sa amin ang mga pamantayan. Nagpasiya na ako na laging panindigan ang aking pinaniniwalaan, kahit hindi ito ang popular na gawin.

"HINDI" SA TSAA

Ang iced tea ay napakapopular sa Switzerland. Sa birthday party ko, humingi ng isang basong iced tea ang isa sa mga kaibigan ko. Sabi ko wala kaming iced tea. Tinanong niya ako kung bakit. Ipinaliwanag ko nang maayos na hindi umiinom ng tsaa ang pamilya ko.

MGA LARAWANG KUHA NI FRANK HELMRICH

PAGLILINGKOD SA AKING KAPATID

Ang kapatid kong si Mayla ay may cerebral palsy. Gumagamit siya ng wheelchair at kung minsan ay kailangang tulungan sa pag-upo o pagpunta sa paligid ng bahay. Gusto ko siyang tulungan. Paglabas ng paaralan iniha-hatid namin siya ng kapatid kong si Samuel sa labas ng paaralan para maiuwi siya ni itay.

ISANG MATAPANG NA MISSIONARY

Hindi takot magsalita ang kapatid ko tungkol sa pinaniniwalaan niya. Nag-paplano na si Mayla sa binyag niya at gusto niyang anyayahan ang kanyang mga kaibigan!

MABUBUTING SALITA

Hinihiling ko sa mga kaibigan ko na huwag magsalita ng masama kapag naroon ako, pero ginagawa pa rin iyon ng ilan. Hinamon ako ng Isang batang lalaki na sambitin ang isang masamang salita. Sabi ko, "Hindi, hindi ko ito sasambitin." Nagulat siya, pero ayaw na niya akong makasama ulit.

ISANG MABAIT NA KAIBIGAN

Ang kapatid kong si Samuel ay isang mabuting halimbawa. Minsan pumasok sa paaralan ang bagong lipat na si Max. Nagsasalita siya ng Korean at English, pero hindi French. Ipinadama ni Samuel kay Max na tanggap siya at tinu-lungan siyang matuto ng French. Ngayo'y magkasama na silang maglaro paglabas ng paaralan, at min-san ay sumama si Max sa amin sa isang aktibidad ng Simbahan.

MGA TIP NI ISAAC SA PANININDIGAN

Sundin ang mga magulang mo at ang Tagapagligtas.

Pumunta sa mga aktibidad sa simbahan.

Magsimba tuwing Linggo at makibahagi sa sakramento.

Igalang ang iba. ■

Yaman ng Patotoo

Ni Leonardo Rodrigues
Batay sa tunay na buhay

"At ngayon nalalaman ko sa aking sarili . . . sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu" (Alma 5:46).

Minasdan ni Sabrina ang pagpasok ni Inay sa pintuan ng mga kapitbahay nila. "Salamat sa aklat na ito," sabi ng ama. May hawak itong Aklat ni Mormon.

"Inay, bakit po ninyo ikinukuwento ang Simbahan sa lahat ng tao?" tanong ni Sabrina kalaunan nang magkasama nilang hugasan ang mga pinggan.

"Kasi ang patotoo ko tungkol sa Simbahan ay parang isang yaman," sabi ni Inay. "Nagpapasaya ito sa akin. At nais kong ibahagi ito sa iba para maging masaya rin sila!"

Niretratuhan ni Sabrina ang makinang na kuwintas ni Inay sa kahon ng kanyang mga alahas. "Ano po ang ibig ninyong sabihin na parang isang yaman?"

"Kasi napakahalaga ng isang patotoo," sabi ni Inay. "Isang kaloob ito ng Ama sa Langit na tumutulong sa atin na malaman ang totoo."

"Paano po ninyo ito natamo?" pag-alam ni Sabrina.

Iniabot ni Inay kay Sabrina ang kumikislap sa linis na pinggan para punasan. "Natamo ko ito nang paunti-unti. Kapag nagdarasal ako o nagbabasa ng mga banal na kasulatan, napapayapa ako at nagaalab ang kalooban ko. Para akong nagdaragdag ko sa aking yaman ng patotoo."

Marahang tumango si Sabrina. Maaari ba *siyang* magtamo ng yaman ng patotoo?

Anong uri ng yaman ang lumalago kapag ibinahagi ninyo ito?

MGA PAGLALARAWAN NI ANDREW BOSLEY

"Panahon na at ngayon na ang araw para pag-aralan . . . sa ating sarili na ang ebanghelyo ay totoo."

Elder Craig C. Christensen ng Panguluhan ng Pitumpu, "Alam Ko ang mga Bagay na Ito sa Aking Sarili," *Liahona,* Nob. 2014, 52.

Pagsapit ng Linggo, nagkuwento ang Primary teacher ni Sabrina tungkol kay Jesucristo. Nakinig na mabuti si Sabrina. Sabi ni Sister Lopez pinalapit ni Jesus ang lahat ng maliliit na bata sa Kanya. Binasbasan Niya sila at tinuruan. Nang mag-isip si Sabrina tungkol kay Jesus, nag-alab ang puso niya.

Nagmamadaling hinanap ni Sabrina si Inay pagkatapos ng Primary. "Inay, alam po ba ninyo?" Ikinuwento niya kay Inay ang maalab na pakiramdam.

"Magaling," sabi ni Inay. "Naramdaman iyan kapag inantig ng Espiritu Santo ang puso natin at ipinaalam sa atin na ang ebanghelyo ay totoo."

Ngumiti si Sabrina kay Inay. "Ganyan nga po ang nangyari! Sumaya ang kalooban ko." Napakatahimik ng Espiritu Santo kaya alam ni Sabrina na hindi niya Ito mapapansin kung hindi siya mapitagan.

Niyakap siya ni Inay nang mahigpit. "Ngayo'y nagkakaroon ka na ng sarili mong yaman ng patotoo." Niyakap din ni Sabrina si Inay. Gusto niyang ibahagi ang kanyang yaman sa lahat—gaya ni Inay! Pero paano niya magagawa iyon?

Nang gabing iyon nakakita si Sabrina ng isang pass-along card na may larawan ni Jesus sa harap. Itinago niya ito sa backpack niya.

Kinabukasan sa oras ng rises, naalala ni Sabrina ang card. Inilabas niya ito at hinanap ang kaibigan niyang si Carla. "Heto, Carla, para sa iyo ito," sabi ni Sabrina.

Hinapit ni Carla sa kanyang dibdib ang card. "Salamat! Mahilig ako sa mga larawan ni Jesus."

Itinuro ni Sabrina kay Carla ang website sa likod ng card. "Marami ka pang malalaman tungkol sa Simbahan ni Jesus dito."

"Anong simbahan iyan?" tanong ni Carla.

"Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," sabi ni Sabrina. "Nagpapasaya sa akin ang pagsisimba at pag-aaral tungkol kay Jesus."

Ibinulsa ni Carla ang card. "Ipapakita ko sa nanay ko ang card na ito."

Pagkaraan ng ilang linggo, pinuntahan ni Carla si Sabrina bago nagsimula ang klase. "May sasabihin ako sa iyo!" sabi nito. Nakangiti ito nang husto.

Nasabik si Sabrina. Ano kaya iyon? Ngumiti si Carla. "Nagsimba ang pamilya ko sa inyo! At gaya ng sabi mo—masaya ako roon."

"Alam ko na madarama mo ang Espiritu Santo!" sabi ni Sabrina.

"At palagay ko ay malapit na kaming mabinyagan!"

Napatalon si Sabrina at niyakap niya si Carla. Ngayo'y sabay na nilang maibabahagi ang kanilang yaman ng patotoo! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Amazonas, Brazil.

Mga Banal na Kasulatan mula sa Luma at Bagong Daigdig

Nang maglakbay si Nephi at ang kanyang pamilya mula sa Jerusalem (ang "Lumang Daigdig") hanggang sa lupang pangako (ang "Bagong Daigdig"), dinala nila ang mga banal na kasulatan. Ang tawag dito ay mga laminang tanso. Sa Lumang Daigdig, ang mga banal na kasulatang ito ay naging bahagi ng Biblia.

Sa lupang pangako, isinulat ni Nephi ang itinuro ng kanyang ama, ang nangyari sa kanyang pamilya, ang natutuhan niya mula sa Ama sa Langit, at ang natutuhan niya mula sa mga laminang tanso. Ang mga bagay na isinulat ni Nephi ay naging bahagi ng Aklat ni Mormon. ■

BAGONG DAIGDIG

MGA PAGLALARAWAN NI MARK JARMAN

MGA PROPETA SA IBA'T IBANG LUPAIN

Basahin ang mga talatang ito at itugma sa mga propeta sa mapa.

1. Exodo 19:20
2. II Mga Hari 20:14
3. 1 Nephi 2:1–2
4. 1 Nephi 18:22
5. Mosias 18:7
6. Mga Salita ni Mormon 1:9
7. Mormon 8:1, 4

Mga sagot: 1. Moises; 2. Isaias; 3. Lehi; 4. Nephi; 5. Alma; 6. Mormon; 7. Moroni

Si Enos ay MADASALIN

Ipinagdasal ni Enos ang ipinag-aalala niya. Ipinagdasal din niya ang iba. Ipinagdasal pa niya ang kanyang mga kaaway! Paano mo matutularan si Enos sa buwang ito?

Habang nasa bakasyon ang aming pamilya, nahiwalay kami kay Itay at sa aking batang kapatid. Padilim na noon. Hindi alam ng iba naming mga kapamilya ang gagawin. Sinabi ko sa kanila na dapat kaming magdasal. Nagdasal kami, at saka nagsimulang maglakad papunta sa iba pang mga tindahan. Naghanap kami sa kalye at nakita namin si Itay at ang aking batang kapatid! Masaya ako. Alam ko na mahal kami ng Diyos at tinulungan kaming makita si Itay.

Oliver P., edad 8, São Paulo, Brazil



"Si Enos Habang Nagdarasal" ni Amanda F., edad 11, Arizona, USA

PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Gupitin, itupi, at itabi ang challenge card na ito!

Maaari Akong Maging Madasalin!

- ☐ Isaulo ang Enos 1:4.
- ☐ Isulat sa journal mo ang isang pagkakataon na sinagot ng Ama sa Langit ang iyong mga dalangin.
- ☐ Panoorin ang chapter 11 ng animated Book of Mormon stories sa scripturestories.lds.org.
- ☐ Hinahamon ko ang sarili ko na . . .

_____

Mga Talata sa Buwang Ito

Matapos mong basahin ang isang talata sa banal na kasulatan, kulayan ang magkakatugmang lugar na may numero sa barko!

1 1 Nephi 17:7–10, 17–18
2 1 Nephi 18:4–12, 20–23
3 1 Nephi 19:1–6, 18
4 2 Nephi 2:25–28
5 2 Nephi 5:5–8, 12–16
6 Jacob 5:3, 58–62
7 Jacob 7:1–2, 13–20
8 Enos 1:4–8, 15–17



Paglalayag Patungo sa Lupang Pangako

Gumawa ng barko si Nephi para makapaglayag ang kanyang pamilya patungo sa lupang pangako. Basahin ang kanilang paglalakbay sa mga pahina 76–78. Sa lupang pangako, ang mabubuting tao ay tinawag na mga Nephita. Ang masasamang tao ay tinawag ng mga Lamanita. Sa mga kabanatang ito, matututo tayo mula sa kapatid ni Nephi na si Jacob at sa anak ni Jacob na si Enos. Hanapin ang isa pang hamon sa pagbabasa sa susunod na isyu! ■

DETALYE MULA SA *GINAGAWA NINA NEPHI AT LEHI ANG BARKO*, NI JERRY THOMPSON; PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Tinawid ng Pamilya ni Nephi ang Karagatan



Naglakbay ang pamilya ni Nephi sa ilang nang walong taon. Sa wakas dumating sila sa isang magandang lugar. Malapit iyon sa dagat, at maraming prutas at pulot na makakain doon. Napakasaya nila!

Ngunit hindi pa tapos ang kanilang paglalakbay. Inutusan ng Ama sa Langit si Nephi na gumawa ng barko. Ipinakita Niya kay Nephi kung ano dapat ang hitsura nito. Ipinangako Niya na dadalhin sila ng barko sa isang napakagandang bagong lupain.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Una ay gumawa si Nephi ng mga gagamitin. Pagkatapos ay nagsimula na siyang gumawa. Nagreklamo ang mga kapatid ni Nephi na sina Laman at Lemuel. Hindi sila naniwala na makakagawa siya ng barko.

Alam ni Nephi na mapagkakatiwalaan ng kanilang pamilya ang Ama sa Langit.



Nang matapos ang barko, nagsimulang maglayag sa karagatan ang pamilya ni Nephi. Isang araw nagalit sina Laman at Lemuel kay Nephi at itinali nila ito. Dumating ang isang malakas na bagyo at tinangay pabalik ang barko. Nagsisi ang magkakapatid, at ligtas na ginabayan ni Nephi ang barko sa paglalayag nito.



Sa huli ay narating ng pamilya ni Nephi ang mga pampang ng isang bagong lupain. Masaya si Nephi at ang kanyang pamilya dahil alam nila na inakay sila roon ng Ama sa Langit.

Laging tinutupad ng Ama sa Langit ang Kanyang mga pangako! ■



Espesyal ang Ating Pamilya



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Ni Pangulong Howard W. Hunter (1907–95)
Ikalabing-apat na Pangulo ng Simbahan

TUNAY NA KADAKILAAN

Hindi natin kailangang maghanap sa malayo para makita ang hindi napapansin at nalimutang mga bayani sa pang-araw-araw na buhay.

Dahil lagi tayong nakalantad sa pakahulugan ng mundo sa tagumpay at kadakilaan, maliwanag na maaaring madalas tayong magkumpara sa pagitan ng kung ano tayo at ano ang iba, o mukhang ano sa tingin natin, at gayundin kung ano ang mayroon tayo at mayroon ang iba. . . . Madalas ay pinapayagan natin ang di-makatwiran at di-wastong mga pagkukumpara na sirain ang ating kaligayahan kapag ito ang dahilan kaya tayo hindi masaya o may kakulangan o hindi tagumpay. Kung minsan, dahil sa damdaming ito, nagkakamali tayo, at nagtutuon tayo sa ating mga kabiguan habang binabalewala natin ang mga aspeto ng ating buhay na maaaring may mga elemento ng tunay na kadakilaan. . . .

. . . Tiyak na kasama rito ang mga bagay na kailangang gawin para maging mabuting ama o mabuting ina, pero, sa pangkalahatan, ito rin ang libu-libong maliliit na gawa at paglilingkod at sakripisyo na bumubuo sa pagbibigay o pagkawala ng buhay ng isang tao para sa iba at para sa Panginoon. Kabilang dito ang pagtatamo ng kaalaman tungkol sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang ebanghelyo. Kabilang dito ang paghikayat sa iba na manampalataya at mapabilang sa Kanyang kaharian. Ang mga bagay na ito ay hindi karaniwang pinapansin o pinupuri ng mundo. . . .

Tiyak na hindi natin kailangang maghanap sa malayo para makita ang hindi napapansin at nalimutang mga bayani sa pang-araw-araw na buhay. Ang tinutukoy ko ay ang mga kakilala ninyo at kakilala ko na tahimik at palaging ginagawa ang mga bagay na kailangan nilang gawin. Ang tinutukoy ko ay ang mga tao na laging nariyan at laging handa. Tinutukoy ko ang pambihirang kagitingan ng ina na nagbabantay at nag-aalaga—oras-oras, gabi't araw—sa isang anak na maysakit, o ng lumpong nahihirapan at nagdurusa nang walang reklamo. Pati na ang mga tao na laging nagboboluntaryong magbigay ng dugo. . . . Iniisip ko ang mga taong maaaring walang anak ngunit gayunpaman ay naging "ina" sa mga bata sa mundo. Tinutukoy ko ang mga tao na laging nariyan para magmahal at mangalaga.

Tinutukoy ko rin ang mga guro at narses at magsasaka at iba pa na gumagawa ng mabuting gawain sa mundo, na tinuturuan at pinakakain at dinadamitan ang iba, ngunit bukod dito ay ginagawa ang gawain ng Panginoon—ang mga tao na nagpapasigla at nagmamahal. Tinutukoy ko ang mga tao na tapat at mabait at masipag sa kanilang pang-araw-araw na tungkulin, ngunit mga lingkod din ng Panginoon at mga pastol ng Kanyang mga tupa. . . .

Sa mga taong gumagawa ng karaniwang gawain sa mundo ngunit iniisip ang kahalagahan ng kanilang mga nagawa; sa masisipag sa Simbahang ito, na nagsusulong sa gawain ng Panginoon sa napakaraming tahimik ngunit mahalagang paraan; sa mga asin ng lupa at lakas ng mundo at suporta ng bawat bansa—sa inyo namin ipinapahayag ang aming paghanga. Kung magtitiis kayo hanggang wakas, at matatag ang inyong patotoo kay Jesus, makakamtan ninyo ang tunay na kadakilaan at mabubuhay kayo sa piling ng ating Ama sa Langit. ■

Mula sa "True Greatness," Ensign, *Mayo 1982, 19–20.*

MGA KABATIRAN

Ano ang tingin natin sa ating asawa?

"Walang nagpapakasal sa atin sa *perpekto*; nagpapakasal tayo sa may *potensyal.* Ang tamang pag-aasawa ay hindi lamang tungkol sa kung ano ang gusto ko; tungkol din ito sa kung ano ang gusto at kailangan—ng mapapangasawa ko—na marating ko."

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pagtugon sa mga Hamon ng Mundo Ngayon," *Liahona,* Nob. 2015, 46.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

Ano ang Maituturo sa Atin ng Aklat ni Mormon tungkol sa

Kaligayahan?

Nais nating lahat na lumigaya. Ipinapakita sa atin ng pitong alituntuning ito mula sa Aklat ni Mormon kung paano natin ito magagawa.

p. 44

PARA SA MGA KABATAAN

p. 56



ANG KINABUKASAN MO

Kahanga-hanga ang Disenyo

Mga kuwento sa tunay na buhay na nagpapakita kung paano mo magagawang kahanga-hanga ang kinabukasan mo na tulad ng nais mong mangyari sa pamamagitan ng pagsisikap na magawa ito ngayon.

PARA SA MGA BATA

Yaman ng Patotoo

p. 70

Sabi ng nanay ni Sabrina parang yaman daw ang kanyang patotoo. Mahanap din kaya ni Sabrina ang yamang ito?

TAGALOG
4 021328 28932

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW